California

Espesyal na Eleksiyon sa Buong Estado

Martes, Ika-7 ng Oktubre, 2003

Sertipiko ng Katumpakan

Ako, si Kevin Shelley, Sekretaryo ng Estado ng Estado ng California, ay nagpapatunay na ang mga panukalang-batas na kabilang dito ay ihaharap sa mga manghahalal ng Estado ng California sa Espesyal na Eleksiyon sa Buong Estado na gaganapin sa buong Estado sa ika-7 ng Oktubre, 2003, at ang pamplet na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas.

Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-31 araw ng Agosto, 2003.

Kevin Shelley
Sekretaryo ng Estado

Opisyal na Patnubay na Impormasyon sa Botante

SEKRETARYO NG ESTADO

Mahal naming Botante:

Sa ika-7 ng Oktubre, gagawa ng kasaysayan ang California. Sa kauna-unahang pagkakataon, ang ating estado ay magsasagawa ng isang eleksiyon ukol sa pagbawi ng katungkulan ng gobernador.

Minamasdan tayo ngayon ng mundo kung paano haharapin ang hamon ng eleksiyong ito. Sa paggawa natin nitong mahalagang desisyon, dapat nating tiyakin na ito ay nagpapakita ng kagustuhan ng pinakamaraming posibleng bilang ng mga botante.

Ipinangako kong tiyakin na ang lahat ng boto ay mabibilang. Pero una at pinakamahalaga, kailangang tiyakin ng bawat isa sa atin na boboto ang pinakaraming bilang ng mga taong karapat-dapat bumoto.

Iyan ang dahilan kung bakit umaasa akong titiyakin ninyo na bumoto. Umaasa din ako na mag-uukol kayo ng sandali upang bisitahin ang isang natatanging webiste, www.MyVoteCounts.ca.gov, upang malaman kung paano kayo makakatulong na ipagbigay-alam sa ibang mga botante ng California ang tungkol sa nalalapit na desisyon.

Nasa inyong mga kamay ang Opisyal na Patnubay na Impormasyon sa Botante. Ang Patnubay ay naglalaman ng sumusunod na mahalagang impormasyon tungkol sa eleksiyon ukol sa pagbawi ng katungkulan:

- Listahan ng mga kandidato na tumatakbo upang palitan ang gobernador kung magtagumpay ang pagbawi ng katungkulan;
- Mga pahayag mula sa mga kandidato na boluntaryong tumanggap ng mga limitasyon sa paggasta sa kampanya; at
- Ang teksto ng dalawang panukalang-batas, Panukala 53 (“Mga Pondong Nakalaan sa Pang-estado at Lokal na Impraistraktura”) at 54 (“Pag-uuri batay sa Lahi, Etnisidad, Kulay, o Bansang Pinagmulan).

Ang materyal na ito ay nakalagay rin sa Internet sa www.ss.ca.gov. Mangyaring pag-aralan itong mabuti.

At mangyaring tandaan, ang Espesyal na Eleksiyon sa Buong Estado sa ika-7 ng Oktubre, 2003, ay maaaring maging isa sa pinakamahalagang balotang iboboto ninyo. Huwag kalilimutang bumoto, at gawin ang inyong magagawa upang ipagunita sa inyong mga kaibigan at pamilya na iparinig ang kanilang mga tinig sa makasaysayang araw na ito.

MGA NILALAMAN

Impormasyon Tungkol sa Espesyal na Eleksiyon sa Buong Estado 4
- Dahilan ng mga Tagapagtaguyod sa Pagbawi ng Katungkulan at Sagot ng Gobernador 5
- Pangangatwiran ng mga Tagapagtaguyod ng Pagbawi ng Katungkulan 6
- Pangangatwiran ng Gobernador Ukol sa Pagbawi ng Katungkulan 7
- Mga Kandidato upang Pumalit kay Gray Davis bilang Gobernador kung Bawian o Alisan siya ng Katungkulan 8
- Mga Pahayag ng Kandidato 10

Kabuuran ng Panukalang-Batas sa Balota 33

Pambatasang susog sa konstitusyon

PANUKALA **53** Mga pondong nakalaan sa Pang-estado at lokal na impraistraktura. Pambatasang susog sa konstitusyon. 34

Inisyatibong susog sa konstitusyon

PANUKALA **54** Pag-uuri batay sa lahi, Etnisidad, kulay, o bansang pinagmulan. Inisyatibong susog sa konstitusyon. 40

Teksto ng Iminumungkahing Batas 44

Mga Pahina sa Impormasyon
- Ang Inyong Boto ay Makakagawa ng Pagkakaiba! 32
- Kailangang Mahanap Ang Inyong Lugar Na Botohan? 46
- Batas sa mga Karapatan ng Botante 47

myVote counts

Impormasyon Tungkol sa Espesyal na Eleksiyon sa Buong Estado

Sa Espesyal na Eleksiyon sa Buong Estado sa ika-7 ng Oktubre, 2003, magkakaroon ng tatlong katanungan sa balota. Ang una ay isang dalawang-bahaging katanungan tungkol sa pag-aalis o pagbawi ng katungkulan ng gobernador. Ang ikalawa at ikatlong katanungan ay mga panukalang-batas sa balota (Panukala 53 at 54).

Ang katanungan tungkol sa pagbawi ng katungkulan ay may dalawang bahagi. Maaari kang bumoto sa parehong bahagi o sa isa lamang. Sa alinman, ang iyong boto ay ibibilang. Ang unang bahagi ay magtatanong, "Si Gray Davis ba ay dapat alisin (tanggalin) sa katungkulan bilang Gobernador ng California?"

Ang ikalawang bahagi ay maglilista ng mga pangalan ng mga kandidatong tumatakbo upang palitan ang gobernador kung siya ay maalis sa katungkulan. Kung pinili mong bumoto para sa isang kandidatong pamalit, maaari ka lamang bumoto para sa isa sa maraming kandidato.

Kung mas maraming botante ang nagmarka ng "oo" kaysa "hindi" sa unang bahagi ng katanungan tungkol sa pagbawi ng katungkulan, ang gobernador ay aalisin sa katungkulan. Kung mas maraming botante ang nagmarka ng "hindi" kaysa "oo", ang gobernador ay mananatili sa katungkulan.

Kung alisan o bawian ng katungkulan ang gobernador, ang kandidatong tumanggap ng pinakamaraming boto ay ihahalal na bagong gobernador. Ang taong iyon ay puwedeng panumpain bilang gobernador sa sandaling masertipikahan ang mga resulta ng eleksiyon.

Kasama sa pamplet na ito ang "pahayag ng mga dahilan" na isinumite ng mga tagapagtaguyod ng pagbawi ng katungkulan, ang sagot ng gobernador sa pahayag na iyon, at ang mga pangangatwirang panig o laban sa pagbawi ng katungkulan. Ito ay naglalaman din ng impormasyon tungkol sa parehong panukala para sa estado.

Dahilan ng mga Tagapagtaguyod sa Pagbawi ng Katungkulan at Sagot ng Gobernador

Ang petisyon sa pagbawi ng katungkulan na pinalaganap sa buong estado ay kabilang ang mga pangangatwirang panig at laban sa posibleng pagbawi. Para sa inyong kaalaman, ipinagkakaloob namin sa ibaba ang isang kopya ng mga pangangatwirang ito.

Pahayag ng mga Dahilan ng mga Tagapagtaguyod

SA KAGALANG-GALANG NA **GRAY DAVIS:** Alinsunod sa Seksiyon 11020, Kodigo sa Eleksiyon ng California, ang mga nakapirmang nakarehistrong kuwalipikadong botante ng Estado ng California, ay nagpapaunawa na kami ay mga tagapagtaguyod ng isang petisyon ng pagbawi ng katungkulan at hangad namin ang pagbawi at pagtanggal ng iyong katungkulan bilang Gobernador ng Estado ng California at upang humingi ng paghalal ng isang kapalit sa katungkulang iyan. Ang mga dahilan ng pagbawi ng katungkulan ay ang mga sumusunod: **Lubhang masamang pamamahala ng mga Pananalapi ng California sa pamamagitan ng sobrang paggasta ng pera ng mga nagbabayad ng buwis, pagbabanta sa pampublikong kaligtasan sa pamamagitan ng pagbawas ng mga pondo sa mga lokal na pamahalaan, kabiguang managot sa sobrang halaga ng ganap na kabiguan sa enerhiya, at kabiguan sa pangkalahatan na harapin ang malalaking problema ng estado hanggang humantong ang mga ito sa yugto ng krisis. Ang California ay hindi dapat makilala na isang estadong may mahihinang paaralan, nagsisikip na trapiko, di-makatwirang singil sa utilidad, at malalaking utang... lahat ay dahil sa lubhang masamang pamamahala.**

Sagot ng Gobernador sa Pahayag

KAPAG PINIRMAHAN MO ANG PETISYONG ITO, MAAARI ITONG HUMANTONG SA ISANG ESPESYAL NA ELEKSIYON SA TAG-INIT NA ITO, GAGASTUSAN NATING MGA NAGBABAYAD NG BUWIS NG KARAGDAGANG $20-$40 NA MILYON.

Noong nakaraang Nobyembre, halos 8,000,000 taga-California ang bumoto. Inihalal nila si Gobernador Davis sa isa pang takdang-panahon ng panunungkulan.

Ilang araw pa lamang pagkaraan ng inagurasyon ng Gobernador noong Enero, gayunman, ilang makakanang pulitiko ang nagtatangka nang baligtarin ang desisyon ng mga botante. Siya ay hindi matalo ng mga ito sa parehas na labanan, kaya ngayon sinusubukan ng mga ito ang ibang paraan upang tanggalin siya sa opisina.

Ang pagsisikap na ito ay pinamumunuan ng isang dating Tagapangulo ng Partidong Republikano ng Estado, na tumanggap ng pagpuna ng kanyang sariling partido.

Hindi natin dapat sayangin ang kakaunting dolyar ng mga nagbabayad ng buwis sa mga maaasim na ubas. Lipas na ang panahon ng pagiging partidista at pangangampanya. Panahon na para magkasamang kumilos ang parehong partido para malutas ng mga problema ng Estado.

Dagdag dito, ang mga paratang laban sa Gobernador ay hindi totoo. Bilang Governador, si Davis ay nagbeto sa halos $9 na BILYON na paggasta. Ang California, katulad ng 37 iba pang estado, ay humaharap sa kakulangan ng badyet dahil sa masamang ekonomiya ng bansa. Ang Pangasiwaang Bush ay nagpahayag na ang kakulangang Pederal sa taong ito ay magiging pinakamalaki sa kasaysayan, $304 na BILYON.

Sa mahirap at mapanganib na panahong ito, MAGKAKASAMA TAYONG KUMILOS, huwag ilihis ng partidistang kalokohan.

Pangangatwiran ng mga Tagapagtaguyod ng Pagbawi ng Katungkulan

Si Gray Davis ay isang NABIGONG gobernador. Dapat siyang alisin sa katungkulan.

KATOTOHANAN: NILINLANG ni Gray Davis ang mga tao tungkol sa kanyang paggasta ng pera ng nagbabayad ng buwis. Ang ating sobrang pera ay ginawa niyang rekord na kakulangan. Sinabi niya sa atin ang isang bagay habang ginagawa ang ibang bagay. Gumawa siya ng utang na $1,100 para sa bawat lalaki, babae at bata sa California. Sa kabila ng ganitong seryosong kalagayan, si Gray Davis ay tumatanggi pa ring harapin ang ating krisis sa badyet. Pagkapirma niya ng isa pang sobrang badyet, ang antas ng kredito ng California ay ibinabang muli, nagkahalaga ng $40 na milyon pa kada taon.

KATOTOHANAN: Malalim ang problemang kinalalagyan ng California, pero si Gray Davis ay walang planong alisin tayo sa bingit ng pagkabangkarote. Kahit ngayon, tumatanggi siyang managot. Si Gray Davis ay gumawa ng maraming pangako, pero naghatid ng kaunti sa bawat isa maliban sa mga grupo ng espesyal na interes, mga abugado ng paglilitis at mga lider ng unyon ng paggawa na mayroon nang sobrang kapangyarihan.

KATOTOHANAN: Ginawa ni Davis na TRIPLE ANG BUWIS SA KOTSE! Pagkatapos mangako na ibebeto ang anumang pagtaas sa Buwis sa Kotse, tinagubilinan niya ang kanyang mga tauhan na ibunsod ang pagtaas, na gagastusan ng pangkaraniwang pamilya ng $460 bawat taon. Walang boto, walang pananagutan. Ipinasiya ni Davis na gusto niyang buwisan kayo at inutusan ang kanyang mga tauhan na kumulekta.

Ang pagbawi ng katungkulan ng gobernador ay isang seryosong bagay; pero gayon din ang pananagutan.

KATOTOHANAN: Higit sa 296,000 magagandang magbayad na trabaho ang lumabas sa California... at marami pang umaalis araw-araw. Higit sa isang milyong taga-California ang hindi makahanap ng trabaho, habang ang mga katabing estado ay masayang nagkakaloob ng mga trabaho sa mga taong umaalis ng California. Hindi puwedeng magkaroon ng mga empleYADO kung walang mga TAGA-empleyo, pero si Gray Davis ay walang ginagawa upang harapin ang Krisis sa Kompensasyon ng mga Manggagawa na nilikha niya at nagbabanta sa lahat ng trabaho sa California.

KATOTOHANAN: Ang ating mga paaralan, minsang isa sa pinakamahusay sa Amerika, ay isa ngayon sa pinakamasama. Si Davis ay tumingin nang deretso sa mata at nangako sa California ng isang "maipagmamalaki sa daigdig" na sistema ng edukasyon. Sa halip, ang ating mga paaralan ay nasa krisis at ang ating mga guro ay naghihirap dahil sa pagputol ng ating pamumuhunan sa edukasyon. Ang ating mga bata ay karapat-dapat sa mas mabuti.

KATOTOHANAN: Habang ang ating mga daan ay gumuguho at ang trapiko ay lalong sumasama sa bawat araw, si Davis ay naglihis ng bilyun-bilyon ng ating mga dolyar sa haywey para tustusan ang kanyang sobrang paggasta.

KATOTOHANAN: Ang mga taga-California ay patuloy na nagbabayad ng pinakamataas na presyo ng koryente dahil sa kabiguan ni Davis na tumugon sa krisis sa enerhiya.

KATOTOHANAN: Tumatanggi si Gray Davis na managot. Naninindigan siya na ang kakulangan sa badyet ay hindi kanyang problema; ang ibang mga estado ay may mga kakulangan din. Pero, ang kakulangan ng California ay higit sa ibang pinagsamang 49 na estado. Ngayon gusto ni Davis na sisihin ang kakulangan sa $2 kada taong halaga ng pagbawi ng katungkulan.

KATOTOHANAN: Kailangang may baguhin. Ang pagbawing ito ay tungkol sa mga KATOTOHANAN na nagpapatunay na si Gray Davis ay nabigo. Hindi tayo puwedeng magpatuloy sa landas ng mas mataas na buwis, pagkawala ng trabaho, at maaksayang paggasta ng pamahalaan. Dapat nating papanagutin ang mga pulitikong tulad ni Gray Davis.

May higit sa 2,100,000 tao na nagsalita sa pamamagitan ng pagpirma sa mga petisyon ng pagbawi na ginawang posible ang eleksiyong ito. Hindi puwedeng lahat sila ay magkamali.

Bumoto ng OO! BAWIIN ANG KATUNGKULAN NI Gray Davis.

EDWARD J. "TED" COSTA, *CEO*
People's Advocate Inc.
3407 Arden Way
Sacramento, CA 95825
916-482-6175 o 800-501-8222
TEDCOSTA@TEDCOSTA.COM

Pangangatwiran ng Gobernador Ukol sa Pagbawi ng Katungkulan

Isang karangalan sa akin na maglingkod sa estado at bansa sa maraming taon, bilang Kapitan ng Armi sa Biyetnam, Kontroler ng Estado, Tenyente Gobernador at ngayon bilang Gobernador.

Ang mga botante sa California ay makatwiran. Nagtitiwala ako sa kanila. Naniniwala ako na gagawin nila ang tama sa ika-7 ng Oktubre.

Narito ang mga dahilan kung bakit hinihingi ko sa mga botante na salungatin ang pagbawi ng katungkulan:

Halaga sa mga Nagbabayad ng Buwis. Ang pagbawing ito, pinopondohan ng mga konserbatibong Republikano, ay gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis na humigit-kumulang na $66 na milyon para sa isang Espesyal na Eleksiyon. Ang perang iyan ay mas mabuting gastusin sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at kaligtasan ng publiko.

Kawalan ng Katiyakan. Dahil napakaraming kandidato sa balota, *ang susunod na gobernador ay maaaring ihalal sa pamamagitan ng wala pang 15% ng boto!* At hindi malalaman ng mga botante kung sino ang magiging kapalit kapag bumoto sila sa pagbawi.

Kakulangan ng karanasan. Ang taong pinili sa pamamagitan ng nasabing maliit na porsiyento ng boto ay kulang sa karanasan at hindi nauunawaan ang mga taga-California. Siya ay uupo sa katungkulan sa loob ng ilang araw, at kakaunti ang panahon para bumuo ng isang pangkat.

Isang Maka-kanang Konserbatibong Adyenda. Ang pagbawi ay tinutustusan ng mga maka-kanang Republikano na gustong palitan ang ating progresibong adyenda ng kanilang konserbatibong adyenda. Sa nakaraang labanan sa badyet sa Sacramento, ang mga Republikano ay nagtangkang antalahin ang kindergarten para sa 100,000 bata, alisan ng segurong pangkalusugan ang 400,000 bata, at limitahan ang daan sa mas mataas na edukasyon sa pamamagitan ng pag-aalis ng $600 na milyon mula sa badyet ng mas mataas na edukasyon.

Hindi Solusyon. Ang isang pambansang resesyon ay lumikha ng mga kakulangan sa California at 46 na iba pang estado. Pero ang mga Republikano sa likod nitong pagbawi ay nagtatangkang isisi sa isang tao ang lahat problema ng California. Maaaring hindi kayo sumasang-ayon sa lahat ng aking ginawa, pero ang magastos na pagbawing ito ay hindi gagawing mas mabuti ang mga bagay—at maaaring gawing mas masama ang mga bagay.

Mga Isyung Mahalaga sa Inyo. Malakas akong sumusuporta sa karapatan ng isang babae na pumili at sa pangangalaga sa ating kapaligiran. Ako ay nagsisikap upang pahusayin ang ating mga paaralan at upang suportahan ang kaligtasan ng publiko. Ang pagbawing ito ay maaaring magresulta sa isang maka-kanang konserbatibong gobernador na ang adyenda ay hindi sinusuportahan ng karamihan sa mga taga-California.

Para sa kabutihan ng California, bumoto ng HINDI sa pagbawi ng katungkulan.

GRAY DAVIS, *Gobernador ng Estado ng California*
9911 West Pico Blvd., Suite 980
Los Angeles, CA 90035
310-201-0344
www.no-recall.com

Mga Kandidato upang Pumalit kay Gray Davis bilang Gobernador kung Bawian o Alisan siya ng Katungkulan

Pinagtibay ng mga botante ang Panukala 34 sa Pangkalahatang Eleksiyon noong ika-7 ng Nobyembre, 2000. Sa ilalim ng batas na ito, sinumang kandidato para gobernador na tumanggap ng boluntaryong limitasyon sa paggasta na $10,624,000, ay may pagkakataong bumili ng isang pahayag, hindi lalampas ng 250 salita, sa Patnubay na Impormasyon sa Botante ng California.

Sa sumusunod na listahan ng mga kandidato, ang mga tumanggap ng boluntaryong limitasyon sa paggasta ay nilagyan ng asteriko (*) sa tabi ng kanilang mga pangalan.

Pangalan ng Kandidato	Partido
Iris Adam	Natural na Batas
*Brooke Adams	Independiyente
*Alex-St. James	Republikano
*Douglas Anderson	Republikano
*Angelyne	Independiyente
Mohammad Arif	Independiyente
*Badi Badiozamani	Independiyente
*Vik S. Bajwa	Demokratiko
*John W. Beard	Republikano
*Ed Beyer	Republikano
*Vip Bhola	Republikano
*Cheryl Bly-Chester	Republikano
*Audie Bock	Demokratiko
*Joel Britton	Independiyente
*Art Brown	Demokratiko
*John Christopher Burton	Independiyente
*Cruz M. Bustamante	Demokratiko
*Peter Miguel Camejo	Luntian
*Todd Carson	Republikano
*William "Bill" S. Chambers	Republikano
*Michael Cheli	Independiyente
*D. (Logan Darrow) Clements	Republikano
*Gary Coleman	Independiyente
Mary "Mary Carey" Cook	Independiyente
*Robert Cullenbine	Demokratiko
*Scott Davis	Independiyente
Robert "Butch" Dole	Republikano
*Bob Lynn Edwards	Demokratiko
*Warren Farrell	Demokratiko
*Dan Feinstein	Demokratiko
*Larry Flynt	Demokratiko
*Lorraine (Abner Zurd) Fontanes	Demokratiko
*Gene Forte	Republikano
*Diana Foss	Demokratiko
Ronald J. Friedman	Independiyente
Leo Gallagher	Independiyente
*Gerold Lee Gorman	Demokratiko
*Rich Gosse	Republikano
*James H. Green	Demokratiko

Pangalan ng Kandid	Partido
*Jack Loyd Grisham	Independiyente
*Garrett Gruener	Demokratiko
*Joe Guzzardi	Demokratiko
*Ivan A. Hall	Luntian
*Ken Hamidi	Libertarian
*Sara Ann Hanlon	Independiyente
*C. Stephen Henderson	Independiyente
*Ralph A. Hernandez	Demokratiko
*John J. "Jack" Hickey	Libertarian
*Jim Hoffmann	Republikano
*Arianna Huffington	Independiyente
*S. Issa	Republikano
*Michael Jackson	Republikano
*Trek Thunder Kelly	Independiyente
*Edward "Ed" Kennedy	Demokratiko
*D.E. Kessinger	Demokratiko
Kelly P. Kimball	Demokratiko
*Stephen L. Knapp	Republikano
*Eric Korevaar	Demokratiko
*Jerry Kunzman	Independiyente
*Dick Lane	Demokratiko
Gary Leonard	Demokratiko
Todd Richard Lewis	Independiyente
*Calvin Y. Louie	Demokratiko
*Frank A. Macaluso, Jr.	Demokratiko
*Paul "Chip" Mailander	Demokratiko
*Robert C. Mannheim	Demokratiko
*Bruce Margolin	Demokratiko
*Paul Mariano	Demokratiko
Gino Martorana	Republikano
*Mike P. McCarthy	Independiyente
*Bob McClain	Independiyente
Tom McClintock	Republikano
*Dennis Duggan McMahon	Republikano
*Mike McNeilly	Republikano
Scott A. Mednick	Demokratiko
*Carl A. Mehr	Republikano
*Jonathan Miller	Demokratiko
Darryl L. Mobley	Independiyente

Mga Kandidato upang Pumalit kay Gray Davis bilang Gobernador kung Bawian o Alisan siya ng Katungkulan

Pangalan ng Kandidato	Partido
*Jeffrey L. Mock	Republikano
*John "Jack" Mortensen	Demokratiko
*Dorene Musilli	Republikano
Paul Nave	Demokratiko
*Robert C. Newman II	Republikano
*Leonard Padilla	Independiyente
*Ronald Jason Palmieri	Demokratiko
Gregory J. Pawlik	Republikano
*Heather Peters	Republikano
*Charles "Chuck" Pineda Jr.	Demokratiko
*Bill Prady	Demokratiko
*Darin Price	Natural na Batas
*Bryan Quinn	Republikano
*Jeff Rainforth	Independiyente
*Daniel C. "Danny" Ramirez	Demokratiko
*Christopher Ranken	Demokratiko
Reva Renee Renz	Republikano
*Daniel W. Richards	Republikano
*Kevin Richter	Republikano
*Kurt E. "Tachikaze" Rightmyer	Independiyente
*David Laughing Horse Robinson	Demokratiko
*Ned Roscoe	Libertarian
*Sharon Rushford	Independiyente
*Georgy Russell	Demokratiko
*Jamie Rosemary Safford	Republikano
*David Ronald Sams	Republikano
*Darrin H. Scheidle	Demokratiko
*Mike Schmier	Demokratiko
*George B. Schwartzman	Independiyente

Pangalan ng Kandidato	Partido
Arnold Schwarzenegger	Republikano
*Richard J. Simmons	Independiyente
Bill Simon	Republikano
*B.E. Smith	Independiyente
*Randall D. Sprague	Republikano
*Christopher Sproul	Demokratiko
*Lawrence Steven Strauss	Demokratiko
*Tim Sylvester	Demokratiko
*A. Lavar Taylor	Demokratiko
*Diane Beall Templin	Amerikanong Independiyente
*Patricia G. Tilley	Independiyente
*Brian Tracy	Independiyente
William Tsangares	Republikano
*Peter V. Ueberroth	Republikano
*Marc Valdez	Demokratiko
*James M. Vandeventer, Jr.	Republikano
*Paul W. Vann	Republikano
*Bill Vaughn	Demokratiko
*Van Vo	Republikano
*Chuck Walker	Republikano
*Maurice Walker	Luntian
*Nathan Whitecloud Walton	Independiyente
*Daniel Watts	Luntian
*C.T. Weber	Kapayaan at Kalayaan
*Jim Weir	Demokratiko
*Lingel H. Winters	Demokratiko
*Michael J. Wozniak	Demokratiko
*Jon W. Zellhoefer	Republikano

Gobernador

- Bilang punong opisyal na tagapagpaganap ng estado, nangangasiwa ng karamihan sa mga kagawaran at ahensiya at naghihirang ng mga hukom.
- Nagmumungkahi ng mga bagong batas at nag-aaproba o nagbebeto ng mga batas.
- Naghahanda at naghaharap ng taunang badyet ng estado.
- Nagpapakilos at namamatnugot sa mga tagapagdulot ng estado sa mga panahon ng kagipitan.

Brooke Adams
Independiyente

949-500-4211
brookeforgovernor.com

Mamuno, sumunod o huwag humarang. Ang mas matandang henerasyon, responsable sa wastong pangangasiwa ng California, ay walang ipinakitang pamumuno at walang pagsubaybay. Panahon na upang hayaan ang aking henerasyon na manguna. Ako'y 25, independiyente, isang tagapagpaganap ng negosyo na may tapang na ayusin ang mali sa California. Gagawa ng matatapang na aksiyon, ibabalik ko ang mas mababang buwis sa kotse, aayusin ang kompensasyon ng manggagawa, hihimukin ang pamumuhunan ng negosyo, babawasan ang paggasta at dadalhin ang ating estado sa tamang direksiyon. Ang aking pangasiwaan ay makikipaglaban para sa kalayaan ng indibidwal, personal na responsibilidad at mas maliit na pamahalaan. Panahon na upang hayaan ang isang bagong henerasyon ng mga lider na kontrolin ang ating tadhana. Magsisikap ako upang muling ibalik ang kadakilaan ng California.

Alex-St. James
Partidong Republikano

915 L Street, C173
Sacramento, CA 95814

sirknightarc@yahoo.com

Dating Aspiranteng Paring Katoliko, sinusuportahan ko ang buhay mula sa paglilihi hanggang sa libingan at ang karapatang magdala ng armas. Bilang dating tauhan ni Gobernador George Deukmejian at Pete Wilson, ngayon ay isang tagasuporta ni Presidente Bush sa pampublikong patakarang, tagapagtaguyod sa Puting Bahay at Kongreso para sa mga nagtatrabahong pamilya, kung saan nag-aalay ako ng suporta, at ng aking payo, naniniwala ako na ang sagot sa mga problema ng California ay sobra ang pagbubuwis sa atin. Ngayon, maraming tinatawag na bayad sa serbisyo ay mga buwis lamang, na pinalitan ng pangalan. Ang mas matataas na buwis ay napatunayan nang hindi naghahatid ng kasaganaan. Ang kailangan natin ay bawasan ang pabigat na buwis sa mga taga-California. Ipinangangako kong hindi itataas ang inyong mga buwis. Bilang inyong gobernador, ang una kong gagawin ay Pawalang-bisa ang tripleng buwis sa buwis nang retroaktibo, upang ilagay ang pera sa mga bulsa ng mga tagagamit para gastahin at tulungang pasiglahin ang ating ekonomiya. Ikalawa, kailangan natin ng mga kaluwagan sa buwis para sa lahat ng antas ng nagtatrabahong pamilya ng California. Mananawagan ako para sa pagbawas sa 18¢ na buwis sa gas ng California, mga buwis sa sigarilyo, ispiritu, alak sa mesa at serbesa; sisimulan ko ring magtrabaho kaagad upang bawasan ang mga tagatugong unang linya at mga buwis ng mga guro at gagawin ang California na nangunguna, pinakamagiliw sa mga retirado sa mga bagay na nauukol sa buwis. Hangad kong baguhin ang ating hindi magiliw na klimang pangnegosyo at ibalik ang pinakamagiliw na kapaligiran sa negosyo ng anumang estado at instituto na isang Inisyatiboang Pagbuo ng Malayang Pangangalakal sa Asya, Latino Amerika, at Aprika upang isulong ang kalakalan at pagluluwas ng mga paninda at serbisyong "Gawa sa California" upang lumikha ng mga trabaho. Maaasahan ko ba ang inyong suporta? Salamat po.

Douglas Anderson
Partidong Republikano

AndersonForGovernor.org

Bilang Gobernador, haharapin ko ang karamihan sa mga isyu at pagkakataon sa California sa susunod na tatlong taon sa pamamagitan ng pagpokus sa pag-aalis ng kakulangan sa badyet sa pamamagitan ng pagpigil sa paggasta, pagbawas sa mga ilegal na imigrante at pagkontrol sa patuloy na tumataas na halaga ng Kompensasyon ng Manggagawa dahil sa pag-aaksaya at pandarayang pampangasiwaan. Dagdag dito, itatatag ko ang mga pamantayan sa kurikulum ng edukasyon at mahigpit na susubaybayan ang lokal na kontrol, aalisin ang kasalukuyang "magturo upang magsubok" na paraan na kinakailangan sa pagsulong. Bilang isang asawa, ama, lolo, negosyante at residente ng California sa nakalipas na 47 taon, nakita ko ang California mula sa pagiging isa sa pinakaprogresibong estado sa bansa ay naging isa sa mga hindi kanais-nais na kapaligiran sa negosyo. Ang mga tagaempleyong nagbibigay ng matataas na sahod ay umaalis sa California at pinapalitan ng mga tagaempleyong nagbibigay ng pinakamababang sahod na nagpapababa ng ating base ng buwis. Ang ating sistemang Pang-edukasyon ay bumagsak sa ika-47 sa bansa. Ang aking hangarin bilang Gobernador ay ibalik ang California bilang pambansang lider sa Negosyo, Edukasyon at ibalik ang mga personal na kalayaan.

Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ipinagkaloob ng mga kandidato at hindi siniyasat para sa katumpakan.
Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato.
Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay kuwalipikadong lumitaw sa balota.

Badi Badiozamani
Independiyente
9185 Maler Road
San Diego, CA 92129
858-538-5381
Badi@badiforgovernor.org

Ako ay isang Kandidato Mula sa mga Tao Para sa mga Tao. Dalawampu't-dalawang taon na ang nakalilipas tinanggap ninyo ang aking pamilya nang bukas ang mga bisig at hinayaan kaming tuparin ang Amerikanong Pangarap. Ngayon ay handa na akong maging tagapaglingkod ng mga tao. Ako ay may malaking pagmamahal at malalim na paggalang sa pagkakaiba-iba, pagkamalikhain, at ambisyon ng mga mamamayan ng estadong ito. Naniniwala ako na tayo ay may kapasidad na madaig ang ating mga krisis at kunin ang ating puwesto bilang modelo ng tagumpay na pangkabuhayan at mabisa, progresibong patakaran. Ang aking layunin ay lumikha ng kapaligiran kung saan muli tayong uunlad sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga hadlang sa ating kakayahang maging produktibo. *Pawawalang-bisa ko ang mga mapaminsalang patakaran ng Gobernador tulad ng 300% buwis sa kotse, gagawing simple ang mga buwis, uunahin ang edukasyon, patitigilin ang pagtaas ng matrikula sa unibersidad, at aayusin ang trapikong sumasakal sa ating mga lungsod.* Gagamitin ko ang aking karanasan bilang isang miyembro ng Lupong Tagapayo sa Maliit na Negosyo ng Lungsod ng San Diego at koneksyon sa isang malaking ugnayan ng mga empresaryo ng mataas na teknolohiya sa buong estado upang bigyan ng kakayahan ang kapaligirang mas magiliw sa negosyo at lumikha ng mga trabaho habang tinitiyak ang mga pananagutang pangnegosyo. Bibigyan ko ng boses ang mga walang pangangalagang pangkalusugan at pangangalagaan ang mga mamamayan laban sa krimen. Isa akong empresaryo at iskolar na may karanasan sa pagpapayo sa antas ng Gobernador. Ako ay kumakatawan sa mga pangkaraniwang tao at magdadala ng pagkakaisa sa mga partidong pampulitika. *Muli kong pasisiglahin ang pamahalaan sa pamamagitan ng pinag-isipan, makatwirang pagharap sa pagpaplano at paggawa ng desisyon na magpapahintulot sa estadong ito na tumaas at lubos na magningning bilang tunay na Ginintuang Estado.*

Vik S. Bajwa
Partidong Demokratiko
3000 Santa Rosa Avenue
Santa Rosa, CA 95407
707-544-6464
GoVbajwa@aol.com

Mula noong mga araw ng Pagdagsa sa Ginto ng mga gitnang taon ng 1880, ang pagkakaiba-iba nito na higit sa 2 siglo, kung saan higit sa 148 magkakaibang wika, na sinasalita araw-araw, lahat tayo ay nagtataglay ng isang bagay—Pangarap at Tagumpay. Ako ay bagong Imigrante na tulad ninyo, ang aking 3 anak ay mga katutubong taga-California, si Kamal at ako ay nagpapasalamat sa Diyos dahil kami ay nasa California. Nangangarap akong tulad ni Martin Luther King, para sa aking mga Apo. Mangyaring bumoto sa akin at ibalik natin ang Karingalan ng Ginintuang Estado. Pagpalain kayo ng Diyos at Pagpalain ng Diyos ang California! Tulad ng sinabi ni John F. Kennedy, huwag itanong kung ano ang magagawa ng estado, itanong kung ano ang magagawa ninyo sa estado. Ang Bayani ng Aking Kabataan!!

John W. Beard
Partidong Republikano
5510 Cleon Avenue
North Hollywood, CA 91601
johnbeard4gov.com

Ako ay ikalawang henerasyong negosyante sa California. Naniniwala ako na kailangan ng California na pamunuan at hindi litigahan. Ang paraan upang pabutihin ang kondisyon ng pananalapi ng California ay ibalik ang negosyo. Ang mga problema sa pananalapi ng California ay hindi malulutas ng mga mas mataas na buwis. Ito ay magagawa sa pamamagitan ng paglikha ng isang kapaligirang magiliw sa negosyo na pipigilan ang mga negosyo na umalis sa estado. Ako ay ganap na nangangakong paganapin ang California. Pinalalaki ko ang aking pamilya at pinauunlad ang negosyo rito. Ang California ay nagtataglay pareho ng magandang klima at malawak na baseng pangkultura, na ginagawa itong isa sa mga pinakamabuting lugar sa mundo na manirahan at magtrabaho. *johnbeard4gov.com*.

Ed Beyer
Partidong Republikano
501 N. El Camino Real, Suite 200
San Clemente, CA 92672
949-212-1530
WWW.ELECTEDBEYER.COM

Mahal ko ang California. Ipinanganak at lumaki sa pinakamahusay na Estado sa unyon, ang California ay kasalukuyan at laging magiging tahanan ko. Ang aking buhay ay napapaligiran ng isang mapagmahal na pamilya at maraming sumusuportang kaibigan. Ako ay may-asawa na may dalawang anak at nakatira sa County ng Orange. Sa aking karera namahala ako ng kumikitang negosyo na nakatingin sa pang-ibabang linya at gayon din sa hinaharap. Ang pamamahala ng badyet, pagpapalawak ng pasahod, paghahanap ng mga mas mabuting benepisyong pangkalusugan sa empleyado at pagtataas ng benta ay mga susi sa isang matagumpay na negosyo. Bilang Punong Opisyal na Tagapagpaganap ng isang matagumpay na kompanya ng serbisyo sa California sa higit sa 20 taon, ako ay nagkaroon ng natatanging pagkakataon na tumugon sa mga nagbabagong pangangailangan ng mga empleyado at nagpapakilos ng negosyo sa ekonomiya ngayon. Ang pagpaparami ng pagkakataon para sa aking mga empleyado ay laging namamalaging tatak ng aking karera. Walang mas masayang sandali kaysa makita ang isang empleyado na natututo ng mga bagong kasanayan, bumibili ng kotse o nagtutustos ng isang bagong bahay. Ito ang mga karapatan na nadarama kong dapat makuha ng bawat taga-California. Bilang inyong Gobernador gagamitin ko ang mga karanasang ito upang itaas ang pamumuhunan sa Estado na magbibigay ng trabaho habang nagpoprotekta sa ating mga paaralan, hangin at tubig. Hangad kong ibaba ang mga buwis sa pamamagitan ng pagtataas ng bilang ng mga manggagawa, hindi pagtataas ng mga bayad o pagputol ng mga programa sa mahihirap. Ang pangangalagang pangkalusugan para sa matatanda at mahihirap na pamilya ay isang pangangailangan, hindi isang pribilehiyo. Sa pamamagitan ng inyong boto, magkakasama nating gagawin ang California na isang estado ng pagkakataon.

Vip Bhola
Partidong Republikano

Ako ay isang asawa, ama ng dalawang anak, isang abugado ng paglilitis, at naniniwala sa mga prinsipyong Hudeo-Kristiano. Ako ay mula sa isang imigranteng pamilya, at nagtrabaho hanggang sa kolehiyo at paaralan ng batas. Ako ay kasalukuyang nag-aari ng sarili kong negosyo (praktis ng batas) at kumakatawan sa maraming may-ari ng negosyo at mga tao sa komunidad at naiintindihan ko ang kanilang mga problema. Dagdag dito, bilang abugado, ako ay makaranasan sa pamamatnugot sa mga nangungunang eksperto sa kanilang mga larawan upang lutasin ang mga kumplikado at masalimuot na isyu, sa pananalapi man o hindi. Ang aking asawa at ako ay mga aktibong boluntaryo sa maraming di-nagtutubong organisasyon na nagpapalakas sa mga kabataan, pamilya, pagsasama ng mag-asawa, at nagtuturo ng responsibilidad na nauukol sa pananalapi. Ang batayan ng aking mga pagpapasiya ay: (1) kung ano ang pinakamabuti sa mga mamamayan at negosyo sa California; at (2) kung ano ang mabuti sa pananalapi.

Cheryl Bly-Chester
Partidong Republikano
1000 Sunrise Ave., Suite 9B #122
Roseville, CA 95661
916-721-8339
cherylblychester@aol.com
http://cherylblychester.com

Kailangan ng California ng isang pahinga mula sa mga patakaran upang asikasuhin ang dapat asikasuhin. Ako ay maka-negosyo, maka-kapaligiran, subok na lider at may-ari ng maliit na negosyong *Rosewood Environmental Engineeering* na walang utang na pabor na pampulitika. Sa aking 27-taong karera sa inhinyeriya sa transportasyon, enerhiya at mga larangang pangkapaligiran, natuto akong maging matibay at hindi susuko sa mga impluwensiyang pampulitika. Bilang eksperto sa kapaligiran, magagawa kong pamalagiin ang mga negosyo sa California sa pamamagitan ng pag-aalis sa mga di-kailangang pag-uulit ng regulasyon nang hindi inilalagay sa panganib ang pampublikong kalusugan o mga tagapagdulot at puputulin ang lahat ng di-mahalagang komisyon na nasa kontrol ng Gobernador. Pawawalang-bisa ko ang bagong buwis sa kotse para sa mga sasakyan ng negosyo/nagbibiyane. Mga Kredensiyal: BS sa Inhinyeria Sibil, UC Davis; MBA, Gradwadong Paaralan ng Pandaigdig na Pamamahala ng Amerika; Sertipiko, Kaligtasan sa Reaktor ng Lakas Nukleyar, MIT; Rehistradong Propesyonal na Inhinyero; Rehistradong Tasador na Pangkapaligiran. Karanasan: (1976–1983) empleyado sa inhinyeriya ng Estado (CaDWR, Caltrans); (1985–1988) Kasangguni, industriya ng elektrikal na enerhiya; (1988–2003) kasangguning pangkapaligiran kabilang ang pagiging Tagapamahala ng Programa para sa mga kontrata ng paglilinis ng mga mapanganib na basura (pinakamalaki ang $150,000,000 limitasyon); Presidente, Kalipunan ng mga Militar na Inhinyero ng Amerika, Sacramento Post (1999–2000) sa panahon ng paghahanda sa Y2K. Bilang nag-iisang ina ng tatlong kahanga-hangang bata at boluntaryo sa silid-aralan, ako ay kalahok sa kanilang pampublikong edukasyon. Pumasa ako sa iksameng CBEST para sa guro at pangangalagaan ang pagpopondo ng edukasyon habang binibigyan ng pananagutan ang mga edukador. Ang aking pagpapahalaga sa maraming kultura ay nabuo sa paglalakbay sa higit sa 80 bansa. Ako ay Maka-Pagpili dahil ito'y hindi dapat pakialaman ng pamahalaan. Ang mga inhinyero ay hindi naninisi, maaayos naming hinahanap ang mga solusyon. Ang pulitika ay walang makukuhang suporta sa aking mga desisyon kapag binabawasan ko ang paggasta ng Estado habang pinamamalagi ang seguridad ng sariling bansa, pinangangalagaan ang kapaligiran at pinabubuti ang edukasyon para sa mga taga-California.

Audie Bock
Partidong Demokratiko
P.O. Box 11073
Oakland, CA 94611
510-655-6580
bockisbetter@yahoo.com
www.BetterCalifornia.org

Bilang Miyembro ng Asembleya ng Estado nakipaglaban ako para sa mas mabubuting paaralan, mas mabuting kapaligiran at mas mabuting pangangalagang pangkalusugan para sa lahat ng taga-California. Nilikha ko ang Piling Komite Ukol sa mga Paaralang Mahina ang Pagganap, itinatag ang pansubaybay ng dioxin sa buong California at naglingkod bilang Delegado ng California sa komperensiya ng World Trade Organization. Nagkamit ako ng rekord sa pagboto na 100% maka-pagpili, maka-kapaligiran at maka-nakatatanda. Ako ay hinirang bilang "Mambabatas ng Taon" ng Kapisanan ng Lupon ng Paaralan at ng Pederasyon ng Negosyo at Propesyonal na Kababaihan. Bilang Gobernador haharapin ko ang mataas na presyo ng enerhiya, mahinang ekonomiya at nabibigong paaralan. Tumanggap ako ng Digring Master sa Harvard. Ako ay maliit na negosyante, nagkapaglathalang awtor at ikinararangal na naging ina. Hinihingi ko po ang inyong boto upang lumikha ng mas mabuting California para sa ating mga anak. Ang aking website: *www.BetterCalifornia.org.*

Joel Britton
Independiyente
4229 S. Central Avenue
Los Angeles, CA 90011
323-233-9372
74642.326@compuserve.com

Ako ay matagal nang unyonista ng mga manggagawa (dahil naging manggagawa sa matadero—miyembro ng unyong United Food & Commercial Workers at isang manggagawa ng repinerya—miyembro ng Oil, Chemical & Atomic Workers). Naglingkod ako sa Pambansang Komite ng Partidong Manggagawang Sosyalista at taga-organisa nito sa Timog California. Aktibo akong sumalungat sa pakikialam na militar ng Estados Unidos laban sa mga tao ng Biyetnam, Cuba, Afghanistan, Iraq, Iran, at Hilagang Korea, sumama sa milyun-milyon sa mundo na nagsasabi ng "Estados Unidos Huwag Makialam! Pauwiin na ang mga GI ngayon!" Sinuportahan ko ang mga pagsisikap na pag-isahin ang mga manggagawa upang makipaglaban para sa "Trabaho para sa lahat! Bawasan ang linggo ng trabaho nang walang bawas sa suweldo! Itaas ang pinakamababang sahod!"; "Itigil ang mga pagsalakay at deportasyon ng INS—tapusin ang mga "walang kaparehas" na pagtanggal!"; "Labanan ang brutalidad ng pulisya—Alisin ang parusang kamatayan!"; "Ipagtanggol ang paggamit ng kababaihan sa aborsiyon!" "Kaluwagan sa utang para sa mga nagtatrabahong magsasaka! Itigil ang mga pag-ilit!"; "Ipagtanggol ang apirmatibong aksiyon!"; "Itigil ang digmaang pang-ekonomiya ng Washington laban sa Cuba! Gawing normal ang mga relasyon ngayon!" Sinalungat ko ang mga hakbang ng Demokratiko at Republikano upang ipatong ang krisis ng pangkabuhayan at kapitalismo sa likod ng mga nagtatrabahong tao. Ako ay para sa pamahalaan ng mga manggagawa at magsasaka, na mag-aalis sa kapitalismo sa Estados Unidos at sasama sa pandaigdig na pakikipaglaban para sa sosyalismo.

John Christopher Burton
Independiyente
414 South Marengo Avenue
Pasadena, CA 91101
626-449-8300
johncburton@socialequality.com
www.wsws.org

Ako ay abugado ukol sa mga karapatang sibil sa Pasadena. Ang aking 25-taong praktis sa California ay inilaan sa pagtatanggol ng mga nagtatrabahong tao na biniktima ng maling gawain at diskriminasyon ng pulisya. Ako ay isa ring aktibistang pampulitika na sumusuporta sa mga patakaran ng Partidong Sosyalistang Pagkakapantay. Itinuro sa akin ng aking karanasan ang mga problemang pangkabuhayan at panlipunan na kinakaharap ng mga nagtatrabahong tao sa California at sa mga halaga sa tao ng krisis sa badyet ng estado. Salungat ako sa lahat ng hakbang na nagmumungkahing lutasin ang krisis na ito sa pamamagitan ng paglalagay ng mga bagong pabigat sa mga nagtatrabahong tao at may-ari ng maliit na negosyo. Ang krisis ay sanhi ng mga patakarang pederal at ng estado na naglilingkod sa mga interes ng mga maraming bilyong dolyar na korporason at ang sobrang mayaman. Ang kampanya upang magbawi ng katungkulan, na sinasalungat ko, ay isang pagtatangka ng maka-kanang puwersa upang pahinain ang mga demokratikong karapatan at pabilisin ang paglikom ng mga tubo ng korporasyon at ang kayamanan ng mayayaman. Pero kung magtagumpay ang pagbawi ng katungkulan, ang mga nagtatrabahong tao ng California ay nangangailangan ng isang panghalili sa mga patakarang maka-malaking negosyo ng mga kandidatong kaugnay sa Partidong Demokratiko. Upang makakuha ng mga tagapagdulot na kailangan upang igarantiya ang buong pagtatrabaho, magkaloob ng panlahat na pagsakop na pangkalusugan, palawakin ang mga serbisyong pang-edukasyon at alisin ang kahirapan, itinataguyod ko ang pagbabago ng malalaking korporasyon at bangko upang maging mga utilidad na pag-aari ng publiko at may demokratikong pagkontrol. Ang paglilihis ng mga kakayahan upang tustusan ang mga agresibong digmaan ay dapat itigil. Ang pagtugon sa mga pangangailangan ng tao, hindi ang paglikom ng tubo sa negosyo, ang dapat na batayan ng ekonomiya ng California. Makakakuha ng karagdagang kaalaman ang mga botante tungkol sa aking programa sa pamamagitan ng pagbabasa sa *Web Site ng Sosyalista ng Mundo (www.wsws.org)*.

Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ipinagkaloob ng mga kandidato at hindi siniyasat para sa katumpakan.
Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato.
Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay kuwalipikadong lumitaw sa balota.

Cruz M. Bustamante
Partidong Demokratiko

Sa maraming buwan, sinabi ko na salungat ako sa pagbawi ng katungkulan. Salungat pa rin ako. Pero kung sumusuporta kayo sa aking gawain bilang Rehente at Katiwala upang makakuha *ng mga patakaran para sa walang-pinapanigang pagtanggap sa bawat estudyante anuman ang lahi;* Kung sumusuporta kayo sa aking gawain bilang Tagapangulo ng Komisyon sa mga Lupa ng Estado *upang protektahan ang ating baybayin at mga ilog;* Kung sumusuporta kayo sa aking gawain bilang Tenyente Gobernador upang makakuha ng *mga sahod na nakakabuhay;* Kung bumoto kayo para sa mga bonong pinagsikapan kong ilagay sa balota upang ayusin ang mga paaralan at daan sa California sa ilalim ng Proyektong mga Kasunduan sa Paggawa; Kung sinuportahan ninyo ang aking *demanda laban sa mga nagmanipula ng presyo sa enerhiya na tulad ng Enron;* Kung sumasang-ayon kayo na ang bawat taga-California ay dapat magkaroon ng *saguro sa kalusugan na abot-kaya nila*; Kung sa palagay ninyo ay tama ako na itaas ang pondo para sa mga *aklat-aralin para sa bawat estudyante*; Kung naniniwala kayo na ang masisipag, nagbabayad na imigrante ay karapat-dapat sa pagkakataong mag-aplay para maging mamamayan at muling makasama ang kanilang mga pamilya; Kung sumama kayo sa aking manindigan bilang suporta sa mga manggagawa ng bukid; Kung sumusuporta kayo sa pantay na pagkakataon at sinasalungat ang anumang uri ng diskriminasyon; Kung sa palagay ninyo ay tama akong maghirang ng unang *lesbiyanang mambabatas* para maglingkod bilang Pansamantalang Ispiker ng Asembleya; Kung sumusuporta kayo sa aking mga pagsisikap na *protektahan ang pagkapribado* mula sa gustong ibenta ito para pagtubuan; Kung sa palagay ninyo ang *karapatan ng babae na pumili ay dapat na isang bagay na para* sa *kanya, kanyang doktor at kanyang Diyos,* hindi ng kanyang kompanya ng seguro…. Kung gayon ako ay nagsasabi na iboto ninyo ang *"Hindi" sa Pagbawi ng katungkulan at "Oo" kay Bustamante*. Nagpapasalamat ako sa inyong pagsasaalang-alang.

Peter Miguel Camejo
Partidong Luntian
P.O. Box 32102
Oakland, CA 94604
510-595-4619
www.VOTECAMEJO.org

Bilang Gobernador, patitigilin ko ang mga pagbawas sa edukasyon at pangangalagang pangkalusugan. Babalansehin ko ang badyet sa pamamagitan ng pagtatatag ng *makatwirang balangkas sa buwis*, pagtatapos ng pag-aaksaya ng pamahalaan. Sa nakalipas na limang taon nangailangan ang California ng $270 na bilyon mula sa kita ng Estado upang panatilihin ang isang balanseng badyet. Tumanggap ang California ng $305 na bilyon, sapat para sa isang malaking sobra. Sa halip tinapos natin ang malaking kakulangang sanhi ng kawalan ng kakayahan, pag-aaksaya at katiwalian. Ang mga klinika, paaralan at programa para sa mga may kapansanan, nakatatanda, at mga bata ay sinasarhan. Ang mga pasilidad ay binuksan anim na taon na nakakaraan nang ang mga kita ng Estado ay $48 na bilyon lamang. Ngayon sa kitang $63 na bilyon tayo ay nagsasara ng mga sebisyo. Ang ating mga buwis ay hindi makatarungan. Ang mga korporasyon ay dating nagbabayad ng 14% ng kita ng California, ngayo nagbabayad ang mga ito ng 7% at maliliit na buwis sa ari-arian. Ang pinakamahirap na 20% sa California ay nagbabayad ng 11.3% ng kanilang kita sa mga buwis sa estado at mga lokal na buwis habang ang pinakamayamang 5% ay nagbabayad lamang ng 7.6%. Ang California ay ika-20 at ika-33 para sa antas ng buwis at mga buwis sa ari-arian. *Kung ang mayaman ay nagbabayad ng katulad ng binabayaran ng mahirap at sasarhan natin ang mga butas sa buwis hindi tayo magkakaroon ng kakulangan*. Naninindigan ako para sa: nababagong enerhiya, isang tagabayad na panlahat na pangangalagang pangkalusugan, maka-pagpili, pagliligtas sa ating mga matandang gubat, legal na kasal at lisensiya ng tsuper para sa lahat, nakakabuhay na sahod, abot-kayong pabahay, kaagad ng eleksiyon ng mga nangunang kandidato (IRV), Saligang-Batas ng UN, Hukuman ng Mundo at ating mga Batas sa mga Karapatan. Naninindigan ako laban sa: parusang kamatayan, tatlong tama, paglalarawan ukol sa lahi, ang Batas ng Makabayan, mga digmaan ng pagsakop, mga sandatang nukleyar at ang rasistang Panukala 54. Bumotong Luntian!

William "Bill" S. Chambers
Partidong Republikano
P.O. Box 6351
Auburn, CA 95604-6351
530-823-3262
billchambersforgovernor.com

Gustong makuha ang pagtitiwala, tinig, at paghalal *ng mga tao*, upang susunod na Gobernador ng California. Tingnan ang aking website: billchambersforgovernor.com.

Michael Cheli
Independiyente
P.O. Box 1143
Santa Rosa, CA 95402
707-54-CHELI
www.cheli.com

Bilang Gobernador, magsisikap ako upang gumawa ng positibong pagkakaibai sa mga buhay ng mga tao. Sinusuportahan ko ang mga prinsipyo ng buhay, kalayaan at ari-arian; at mga tradisyunal na pinahahalagahang moral ng Amerika. Bilang di-partidista, tatawirin ko ang lahat ng linya ng partido upang makuha ang mga pinakamahusay na solusyon sa mga hamong kinakaharap ng California. Ang aking unang gawain bilang Gobernador ay bawasan ang aking sariling suweldo ng 10%. Magsasagawa ako ng mga pulong ng bayan upang harapin ang mga tunay na inaalala ng mga mamamayan ng California. Walang mga bagong buwis o karagdagang programa ng pamahalaan. Kailangan nating bawasan ang maaksayang paggasta ng California, itaas ang antas ng ating kredito, at ibalik ang pananagutan sa pananalapi. Kikilos ako upang pabutihin ang mga paaralan ng California, at papanagutin ang mga paaaralan kung paano ginagasta ng mga ito ang ating mga dolyar na buwis. Pagkalooban natin ang mga bata ng pagtuturo sa mga basiko, gayon din ng mga kurso sa trabaho at teknolohiya. Ako'y para sa 100% ng mga nalikom sa Loterya ng California na pupunta sa mga paaralan, at pagbabalik sa mga sining, palakasan, at mga mapipili. Kikilos ako upang pabutihin ang pangangalagang pangkalusugan at protektahan ang Seguridad Sosyal at Medicare. Makikipagtulungan ako sa mga pulis, siyerip, at bumbero upang protektahan ang mga lokal na komunidad. Ang kalayaan ay hindi libre, at ikinararangal kong suportahan ang ating mga sundalo. Susuportahan ko si Presidente Bush sa digmaan laban sa terorismo, habang kumikilos upang ipagsanggalang ang Batas sa mga Karapatan. Ipagtatanggol ko ang ating kapaligiran habang iginagalang ang mga karapatan ng mga tao upang gamitin ito. Sa palagay ko kailangan nating gatungan ang diwa ng pangangalakal sa California at itaguyod ang maliit na negosyo, pagdami ng trabaho at pagkamalikhain. Ikinararangal kong paglingkuran ang mga mamayayan ng California. Nagpapasalamat ako sa inyong pagsasaalang-alang.

D. (Logan Darrow) Clements
Partidong Republikano
528 Palisades Drive #533
Pacific Palisades, CA 90272
800-292-1993
info@clementsforgovernor.com
www.clementsforgovernor.com

Atlas Shrugged, ang ikalawang pinakamaimpluwensiyang libro sa Amerika, ay isinulat ng isang imigrante sa California na hinulaan ang kasalukuyan nating problema at nag-alay ng kaakit-akit na solusyon. Alam ni Ayn Rand na ang malaking pamahalaan ay nasisira ang lahat ng nasasagi nito habang ang kalayaan ay humahantong sa kamangha-manghang kaunlaran. Alam ko, gaya niya, na ang ekonomiya ay muling uunlad kung palalayain ito sa sobrang pagbubuwis at mapang-abusong regulasyon. Tingnan ang gawain ng kalayaan sa mga tindahan ng groseri na puno ng pagkain, mga ospital na puno ng teknolohiyang nakakapagligtas ng buhay, at industriya ng kompyuter na puno ng mga bagong likha. Tingnan ang gawain ng malaking pamahalaan sa mga pagkawala ng koryente, nabibigong paaralan at pagsisikip ng trapiko. Mas mahalaga ang gawain mas may dahilan na dapat itong hawakan ng mga maparaang kompanya na itinutulak ng tubo, hindi ng mga palpak na pulitikong itinutulak ng kapangyarihan. Kailangan ng California ng isang negosyante para Gobernador na malinaw na nakikita ang landas sa kaunlaran at may determinasyong pamunuan tayo palabas ng problemang ito. Inilunsad ko ang isang pambansang magasin ukol sa negosyo na tinatawag na *American Venture* na ibinenta ko upang bumuo ng isang rebolusyonaryong programa sa TV na tinatawag na FreeNation. Ako ay may digring master sa negosyo at digring batsilyer sa ekonomiya. Ako ay isang kandidatong malayong manalo pero tulad ng kabayong si Seabiscuit kung minsan ang malayong manalo ay puwedeng magwagi. Panoorin ako kung paano kumilos sa www.FreeNation.TV. Makakaboto kayo sa isang "malaking" kandidato para sa maliit na pagbabago o sa isang "maliit" na kandidato para sa isang malaking pagbabago. Bumoto para sa malaking pagbabago, bumoto para sa mas mabuting ideya kaysa katanyagan at pera, iboto si Clements para Gobernador.

Robert Cullenbine
Partidong Demokratiko
2875 Ramona Street
Palo Alto, CA 94306
408-316-2227
cully700@yahoo.com
www.BOBCAN.com

Ako ay matagal nang kalaban ng radikal na maka-kanang pagtatangka na kunin ang estadong ito at ang bansa. Kumuha ng karagdagang kaalaman sa www.bobcan.com

Scott Davis
Independiyente
566 Hawthorne Ave., Suite 1000
Palo Alto, CA 94301
650-329-8372
info@DavisForGovernor.org
www.DavisForGovernor.org

Matagumpay na negosyanteng may MBA na makikipaglaban para sa mas kaunting pamahalaan, mas mababang buwis at responsibilidad na panlipunan habang pinangangalagaan ang ating kapaligiran at ang sistema ng edukasyon.

Bob Lynn Edwards
Partidong Demokratiko
39791 Paseo Padre Parkway, Suite C
Fremont, CA 94538
510-770-0500
www.bobedwards.com

Ako ay kumakandidato para Gobernador dahil ayaw kong mahalal ang isang taong sukdulang konserbatibo. Ang balota para sa pagbawi ng katungkulan ay may dalawang bahagi. Hindi ako boboto upang bawiin ang katungkulan ng Gobernador. Hinihimok ko kayong iboto ako anuman ang inyong kinasasapiang partidong pampulitika. Ako ay isang katutubong taga-California. Ako ay 42 taong gulang. Ako ay may-asawa, si Connie na 34, may mga anak. Christopher na 7 taong gulang, Alexander na may edad na 6 na buwan at Brett na 15 taong gulang (lalaking anak sa una ng aking asawa). Ako ay rehistradong Demokratiko mula noong 19 taong gulang. Nagtapos ako sa edad na 22 mula sa San Francisco State University na may digring batsilyer sa Agham na Pampulitika. Nagtapos ako sa San Francisco Law School noong 1991. Tinanggap ako sa praktis ng batas noong 1991. Hindi pa ako nakakatakbo sa anumang katungkulan sa pamahalaan at hindi pa rin nakakatanggap ng anumang donasyon mula sa sinumang grupo ng espesyal na interes. Itinuturing ko ang sarili na isang mahinahong Demokratiko. Mayroon akong mga pananaw sa mga isyu na kailangan ninyong malaman. Mga Buwis—Hindi ako pipirma sa batas na nagtataas ng mga buwis. Kabilang dito ang pagtaas sa mga bayad sa pagpaparehistro ng sasakyan. Edukasyon—sinsuportahan ko ang mga pagtnubay sa paggastang ayon sa konstitusyon gaya ng nakasaad sa Panukala 98. Personal—ako ay Maka-Pagpili, Karapatan ng Babae na Pumili, para sa mga Karapatan ng Gay. Ako ay Laban sa Baril na Pangkamay maliban sa pagpapatupad ng batas. Ako ay Panig sa Parusang Kamatayan. Sa sandaling mahalal, kikilos ako kasama ng lahat sa ating Lehislatura ng Estado. Upang wastong mamahala, igagalang ko ang opinyon ng ibang mga tao. Kakatawanin ko ang lahat ng taga-California hindi lamang ang mga Demokratiko.

Dr. Warren Farrell
Partidong Demokratiko
2982 Las Olas Court
Carlsbad, CA 92009
760-753-5000
warren@warrenfarrell.com
www.warrenfarrell.com

Ang aking huling pananaliksik ay naghantad kung bakit ang mga batang pinalaki ng nag-iisang ama ay mas mabuti ang nagagawa kaysa mga batang pinalaki ng mga nag-iisang ina; kung bakit ang mga *lalaki* ay kumikita ng mas *kaunting* pera ngayon kaysa mga babae sa katulad na trabaho; kung bakit ang ating mga anak na lalaki ay mas masama ang nagagampanan sa paaralan kaysa sa mga anak na babae… Ang mga natuklasang ito, sumusulong mula sa tatlumpung taon ng pananaliksik sa aking mga libro, kabilang ang *Father and Child Reunion* at *Why Men Are The Way They Are (www.warrenfarrell.com)*, ay itinuturing na masyadong hindi angkop pampulitika para talakayin ng mga pangmaramihang kandidato. Kaya ang mga implikasyon ng patakaran ay hindi pinapansin. Ang aking M.A. at Ph.D. sa Agham Pampulitika (UCLA; NYU), ay nagbibigay sa aking ng kakayahan na iugnay ang pananaliksik na ito sa mga solusyon sa badyet para sa California, kabilang ang mga paraan upang makatipid ng bilyun-bilyong dolyar sa mga bilangguan at proteksiyon ng bata sa pamamagitan ng: pantay na paglahok ng ama at ina; panlahat na pangangalaga bago manganak; mas maraming gurong lalaki; mga paaralang magiliw sa batang lalaki; pildoras sa pagpigil ng pangangak para sa mga lalaki; mga kasanayan sa komunikasyon; pagbibigay ng kapangyarihan sa babae sa halip ng kapangyarihan ng biktima. Ang pakikinig sa parehong kasarian ay nagdala sa akin sa tatlong taon sa Lupon ng Pambansang Organisasyon para sa Kababaihan sa Lungsod ng New York; upang maging ekspertong testigo upang panatilihin ang mga anak ng diborsiyo sa parehong magulang; at sa aking pagsasalita sa mga Komperensiya sa mga Ama ni Gobernador Wilson, at sa kanyang Komperensiya sa Kababaihan. Pinili ako ng *Financial Times* na isa sa nangungunang 100 "Lider sa Pag-iisip" sa mundo. Naging kasangguni ako sa maraming kompanya ng Fortune 500, NASA, ang mga Kagawaran ng Enerhiya ng Estados Unidos, Edukasyon at HUD, naging katulong sa presidente ng NYU, at nagpatakbo ng sariling negosyo sa isang kuwarto ng siglo. *www.warrenfarrell.com*

Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ipinagkaloob ng mga kandidato at hindi siniyasat para sa katumpakan.
Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato.
Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay kuwalipikadong lumitaw sa balota.

Dan Feinstein
Partidong Demokratiko
feinstein4gov.com

Panahon na para sa isang regular na nagtatrabahong taga-California na may mga sentido kumon na ideya. Hindi natin kailangan ng isang milyonaryo, pulitiko ang karera o bituin sa pelikula upang magpatakbo ng mga bagay. Kung bibisitahin ninyo ang aking website, makikita ninyo ang mga ispesipikong solusyon sa mga problema ng estado. www.feinstein4gov.com

Larry Flynt
Partidong Demokratiko
8484 Wilshire Blvd., 9th Floor
Beverly Hills, CA 90211
323-651-5400
Larryforgov@LFP.com

Ako ay kumakandidato para Gobernador dahil nasa krisis ang California at kailangan ng uri ng malakas na pamumuno at sopistikadong pandama sa negosyo na maipagkakaloob ko upang tulungang ibalik ito. Ang California ay isang malaking negosyo. Ako ay 35 taon nang negosyante. Ako ay makakagawa ng mas mabuting trabaho sa pagbalanse ng badyet kaysa doon sa mga burukratang may ulong-aspili sa Sacramento. Mayroon akong simpleng ideya kung paano aalisin ang kakulangan nang hindi magtataas sa mga buwis ng sinuman o magpuputol ng pondo sa anumang mga programa—at iyan ay palawakin ang sugal sa California para isama ang mga makinang hinuhulugan para sa lahat ng pribadong klab. Ang kita ng estado mula dito ay magagamit ng mga mambabatas upang balansehin ang badyet ng estado. Ang aking hangarin ay buhaying muli ang mga paaralan, lumikha ng mga matatag na trabaho, ibaba ang mga singil sa tubig at gasolina, gayon din ang ating tumataas na gastos sa seguro; at makikipaglaban ako upang lumikha ng isang disenteng sistema ng pangangalagang pangkalusugan na abot-kaya ng lahat ng taga-California. Ang California ay ang pinakaprogresibong estado sa unyon at natitiyak ko na ikalulugod ng mga mamamayan nito na magkaroon ng isang tagabenta ng smut na nagmalasakit bilang kanilang Gobernador. Ako ay isang masugid na sibil na libertarian; nakipaglaban ako sa karamihan sa aking buhay na may sapat na gulang upang palawakin ang perimetro ng Malayang Pagsasalita, tumanggap pa ng bala para sa Unang Susog. Alam ng mga taong nakakakilala sa akin na ang aking pangunahing inaalala ay ang basikong personal na kalayaan para sa ating lahat—at ako magiging masipag sa pagkuha ng mga kalayaang ito para sa lahat ng taga-California.

Lorraine (Abner Zurd) Fontanes
Partidong Demokratiko
310-288-1667
abner@abnerz.com

Sa pamamagitan ng aking mga kasanayan bilang tagagawa ng pelikula at tagapangasiwa ng sining, kikilos ako upang ibalik ang sentido komun sa pamahalaan ng California.

Gene Forte
Partidong Republikano
316 Mid Valley Center #179
Carmel, CA 93923
831-484-7516
Gene@AttorneyBusters.com

Ako ang AttorneyBuster, presidente/tagapagtatag ng AttorneyBusters.com. Ako ay kuwalipikadong maging Goberdandor batay sa aking personal na karanasan sa pagharap sa mga isyu ng panghukuman at pampulitikang katiwalian kabilang ang aking nag-iimbistigang pag-uulat ng ibang mga problema ng mga mamamayan sa pamamagitan ng radyo sa nakalipas na 18 buwan, ang katiwalian kung saan ang lahat ng ibang mga problema ng mga taga-California ay lumilitaw. Ang aking matagumpay na 12-taong karera bilang mataas na antas na tagakuhang tagapagpaganap ay nagpapakita ng aking propesyonal na kakayahan na timbangin ang kakayahan ng isang tao at piliin ang tamang talento sa paglutas ng mga pinakamasalimuot na problema. Ang eksaktong dapat gawin ng isang Gobernador upang iwasto ang maraming problema ng California. Ang panghukumang katiwalian ay walang kinikilalang linyang pampulitika. Wala akong duda na ang mabibilis na aksiyong gagawin ko ay magkakaroon ng positibong epekto sa bawat taga-California na naghihirap sa ilalim ng kalupitan ng isang sistemang panghukuman na naligaw sa pamamagitan ng kawalan ng pananagutan, at ang mga nakatagong gastos na pambatas na tulad ng kanser sa ating ekonomiya at diwang empresaryo na minsan ay ginawang dakila ang ating bansa. Lumaki sa isang maliit na bukid sa Los Banos, California, kung saan natuto ako ng sentido komun, lumahok ako sa maraming pagsubok na pamumuhunan pagkatapos ng mataas na paaralan na mula sa produksiyon ng konsiyerto ng musika, promosyon ng palakasan, pagliligtas ng eruplano ng Ika-II Digmang Pandaigdig hanggang maging Broker sa New York Stock Exchange sa Fresno at Beverly Hills. Ako ay 14 na taon nang kasal at may apat na anak sa pag-ibig ng aking buhay, si Eileen. Ako ay may malinaw na rekord ng paghahantad at pakikipaglaban sa kawalan ng pananagutan ng isang sistemang panghukuman sa mga mamamayan ng California.

Gerold Lee Gorman
Partidong Demokratiko
glgorman@yahoo.com
http://www.glgorman.com

Ako ay 42 taong gulang, walang-asawa, at lubos na kuwalipikadong lider. Ang aking edukasyon at karanasan ay iba-iba, nag-aral sa Mataas na Paaralang Kristiyano, tumanggap ng B.S. sa Pisikang Inhinyeriya mula sa UC Berkeley at kumuha ng gawaing gradwado sa parmakolohiya at paghahanda sa kredensiyal ng pagtuturo. Nagtatrabaho sa pagbabalita, nagturo sa mga pampublikong paaralan, at nagtrabaho sa sektor ng teknolohiya na gumagawa ng inhinyeriya sa programa sa kompyuter. Kaya, ako ay may uri ng karanasan sa tunay sa mundo na kailangan ng California upang sumulong sa bagong milenyo.

Rich Gosse
Partidong Republikano
RICHGOSSE@COMCAST.net
www.RICHGOSSE.com

Ang mga walang-asawang may sapat na gulang ay ang mga Rodney Dangerfield ng ating lipunan. Sila ay "hindi nakakatanggap ng respeto." Ako ang unang kandidato sa kasaysayan ng California na nangampanya sa *Platapormang Katarungan para sa mga Walang-Asawa*. Bisitahin ang aking website para sa aking mga pananaw tungkol sa pagbawas ng krimen, paglutas ng krisis sa badyet, at pagpapabuti ng edukasyon.

James H. Green
Partidong Demokratiko
jamesgreengovernor.com

Ako ay dating Opisyal ng Pulisya na ngayon ay nagtatrabaho bilang Bumberong Paramediko at isang Nars ng Kagawaran ng Emerhensiya. Mayroon akong digri sa Ekonomiya at nagsasalita ako ng Espanyol at Pranses. Ginugol ko ang buhay na may sapat na gulang sa pakikipag-usap, pakikipagnegosasyon sa mga tao at paglutas ng mga problema na kasama sila. Ang pagiging Gobernador ay hindi tungkol sa pag-alam ng lahat ng bagay, ito'y tungkol sa paggawa ng iyong takdang-gawain, paghahanda, pagkuha ng pinakamahuhusay na tao at paggawa ng tama. Wala akong utang na loob sa anumang grupo ng espesyal na interes kaya ang aking mga desisyon ay ibabatay sa mga katotohanan at sa mga merito ng isang pangangatwiran, hindi ng mga pagbabayad na hinihingi ng isang tagalobi. Ang akong pokus ay nasa susunod na henerasyon, hindi sa susunod na eleksiyon. Ako ay sumusuporta sa: Mga karapatan sa aborsiyon, Reporma sa pagtustos ng kampanya, Mga karapatang Sibil, Kasal ng magkatulad na kasarian, Mga karapatan ng domestikong pagsasama, Maagang pangangalaga ng bata, Mga ligtas, mahusay na paaralan, Tulong sa mga nag-iisang magulang, Isang malakas na patakarang pangkapaligiran na walang karagdagang pagdril na malayo sa baybay-dagat at binawasang emisyon ng awto, Proteksiyon ng tagagamit at mga batas sa pagkapribado, Pagreporma sa mga ahensiya ng pangangalagang pangkalusugan ng Estado, Pagharap sa kakulangan ng nars, Pagpapahusay sa pangangalaga ng kalusugan ng isip, Pagtulungan ng Pampubliko-Pribado upang lumikha ng abot-kayang seguro sa kalusugan, Pagreporma sa mga tuntunin ng Panukala 13 ukol sa pagbubuwis ng mga Ari-ariang Pangkomersiyo, Pagiging magiliw sa negosyo, Pag-aayos ng Kompensasyon ng Manggagawa, Pagbawas ng pag-alis ng trabaho mula sa estado, Pagpigil sa mga halaga habang inaayos natin ang badyet ng Estado. Karagdagang impormasyon: jamesgreengovernor.com

Jack Loyd Grisham
Independiyente
125 8th Street
Huntington Beach, CA 92648
714-969-9835
GRISHAMFORGOVERNOR.COM

Ang aking layunin ay upang pumatnubay, magprotekta, tumulong kung saan kinakailangan at upang igalang ang mga mamamayan ng California. grishamforgovernor.com

Garrett Gruener
Partidong Demokratiko
731 Sansome Street, 5th Floor
San Francisco, CA 94111
www.gruenerforgovernor.com

Ang Ginintuang Estado ay nasa isang pagbagsak na pangkabuhayan. Daan-daang libong trabaho ang nawawala, at lumalangoy tayo sa utang. Ang kasaganaan ng kabuhayan noong mga ilang taon ay wala na—sinira ng pambasang resesyon, pinalubha ng mga pulitiko ng espesyal na interes na walang alam tungkol sa paglikha ng mga trabaho o pagbalanse ng mga badyet. Ako ay tagagawa ng pagbabago at empresaryo. Tumulong akong lumikha ng libu-libong trabaho, tumulong na balansehin ang maraming milyong dolyar na badyet ng pribadong sektor, at naglagay ng halos isang bilyong dólyar pabalik sa ating ekonomiya. Ako ang tanging kandidato na may karanasan sa paglikha ng trabaho upang pakilusin ang ekonomiya, lumikha ng mga trabahong mahusay magpasuweldo, bigyan ang ating mga bata ng edukasyong maipagmamalaki sa mundo, mangalaga laban sa pagdril na malayo sa baybay-dagat at gawin ang pangangalagang pangkalusugan na abot-kaya ng lahat. Ang pagbabalik ng Pangarap ng California ay nangangahulugan ng paglikha ng mga trabaho. Narito kung paano ko gagawin ito: Isulong ang pamumuhunan sa teknolohiyang maipagmamalaki sa mundo at kurikulum na batay sa kompyuter sa ating mga paaralan. "Berdeng teknolohiya" upang bawasan ang paggamit ng enerhiya at lumikha ng isang bagong industriya para sa California. Pamumuhunan sa bayoteknolohiya upang gamutin ang sakit at lumikha ng mga trabahong mataas magpasuweldo. Tinatawag ko itong Planong Aksiyon Upang Ibalik ang Pangarap ng California. Para sa mga detalye bisitahin ang: www.GruenerforGovernor.com. Ako'y isang produkto ng Pangarap ng California. Pumasok ako sa mga pampublikong paaralan at tumanggap ng mga digri mula sa UC San Diego at UC Berkeley. Salamat sa pampublikong pamumuhunan sa Internet, lumikha ako ng mga trabahao at nagsimula ng matatagumpay na kompanya tulad ng Ask Jeeves. Ang Pangarap ng California ay nanganganib ngayon. Kumakandidato ako para Gobernador dahil kung magkakasama maisusulong natin ang ekonomiya at Maibabalik ang Pangarap ng California para sa lahat.

Ivan A. Hall
Partidong Luntian
P.O. Box 720563
Redding, CA 96099
530-275-5526
www.ivanhall.com

Tungkol saan ang lahat ng ito? www.ivanhall.com

Ken Hamidi
Partidong Libertarian
7349 Cross Drive
Citrus Heights, CA 95610
916-729-6992
kenh3@faceintel.com
www.governorken.org

Itinataguyod ko ang paglutas ng kakulangan sa badyet sa pamamagitan ng muling pagbuo sa pamilihan ng trabaho sa California at pagtutol sa pagdadala ng trabaho at teknolohiya sa labas ng Estados Unidos. Kikilos ako upang tapusin ang di-nakikitang kayarian ng pamahalaan ng espesyal na interes. Ang trabaho ay upang katawanin ang mga tao sa California! *www.governorken.org*

Sara Ann Hanlon
Independiyente

Bilang dating Alkalde ng Lungsod ng Signal Hill, California, nagtapos sa U.C.L.A., at J.F. Kennedy School of Government ng Harvard University, at isang negosyante, naniniwala ako na ang mga Pangunahing Partido ay hindi kumakatawan sa kagustuhan ng mga tao. Hinihingi ko po ang inyong boto.

Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ipinagkaloob ng mga kandidato at hindi siniyasat para sa katumpakan.
Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato.
Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay kuwalipikadong lumitaw sa balota.

C. Stephen Henderson
Independiyente
P.O. Box 684
Carmel Valley, CA 93924
misterhendo@hotmail.com

Ako ay isang guro na naniniwala na ang sistema ng pamahalaan ng California, idinisenyo noong ika-19 na siglo, ay hindi sapat at ang ating mga buwis ay dapat gamitin nang maayos. Ipatutupad ko ang mga repormang inirerekomenda ng Komisyon ng 1996 sa Pagbabago ng Konstitusyon ng California

Ralph A. Hernandez
Partidong Demokratiko
2718 Barcelona Circle
Antioch, CA 94509
925-757-8943
RHERNA3583@AOL.COM

Iboto si *Ralph Hernandez*, para Gobernador! Makaranasan, Tagalaban sa Buwis, tagalutas ng problema, matapat, maaasahan, at lubos na kuwalipikado! Ang Estado ay dapat mabuhay sa loob ng nakakaya nito! Kailangan natin! Napakaraming perang ginagasta nang hindi tama. Salungat ako sa mga pagtataas ng buwis. Mga pag-aayos na pampulitika sa likod ng silid, kahina-hinalang desisyon, at iba pa. Bilang Botante, may karapatan tayong kuning muli ang ating Estado! *Kabilang sa aking mga kuwalipikasyon ang*—BA sa Hustisyang Pangkrimen; 47 taong karanasan sa pulitika; Karanasan bilang tagapagpaganap ng pagbabadyet, mga kontrata, paggawa ng patakaran, mga desisyon, pamumuno, at Pamamahala; naninindigan ako para sa mga tao at sa tama; dating Miyembro ng Konseho, makaranasang beteranong Opisyal ng Kapayapaan, 33 taon; Citizens For Democracy, Tagapangulo; nag-ampon ng aso at pusa sa aming pamilya; 5 anak, maraming apo; May-ari ng bahay; Martial Artist; 51 taong taga-California; praktikal; Nagsasalita ng Espanyol; may sentido komun. Ang mga trabaho, negosyo, at industriya ay itinulak palabas ng mataas na halaga ng enerhiya, sobrang buwis, pagsisikip sa mga haywey, at mga gawaing hindi magiliw. Kikilos ako upang ibalik ang mga ito, at pananatilihin ang mga naririto pa! Ang publiko ay naghihirap sa sobrang pagbubuwis, nagsisikip na paaralan, nababanat na pampublikong serbisyo, polusyon, mahinang kalidad ng tubi, at iba pa. Ang kasakiman ay naging sanhi rin ng marami sa ating mga problema. *Ako ay sumusuporta rin sa*—pananagutan; walang pagtaas ng Buwis; isang Buwis sa Kita; binawasang bayad sa Paglilisensiya; Pagkapribado ng Pananalapi; pagpapahusay ng mga daan at transportasyon; Pantay na Karapatan at Proteksiyon; mga Pantay na Pagkakataon sa Trabaho; mga proteksiyon ng Panukala 13; Kaligtasan ng Publiko; mga proteksiyon at konserbasyon ng kapaligiran; mga panghaliling nababagong enerhiya; mga proteksiyon ng mga Nakatatandang Mamamayan; muling pagsasaayos ng Badyet; malakas na Pagpapatupad ng Batas; at pag-uusig ng Pandaraya sa Welfare. Bilang inyong Gobernador, ibabalik ko sa kasaganaan ang Estadong ito! Pagtrabahuhin ang mga taga-California, bumili ng mga paninda ng California! Iboto si *Ralph Hernandez*, para Gobernador! Salamat po.

John J. "Jack" Hickey
Partidong Libertarian
243 Ferndale Way
Emerald Hills, CA 94062-3905
650-368-5722
jack@govhickey.com
www.govhickey.com

Ako ay isang tagapagtaguyod ng mga nagbabayad ng buwis at lokal na kontrol. Ginagamit ko ang www.smartvoter.org.

Arianna Huffington
Independiyente
1158 26th Street #428
Santa Monica, CA 90403
310-281-6829
www.ariannaforgov.com

Ako ay kumakandidato bilang Gobernador upang alisin ang pagkakahawak ng mga espesyal na interes sa Sacramento. Upang bigyan ang mga botante ng California ng isang independiyente, progresibong lider. Ang aking mga opinyon ay hindi ipinagbibili, at ang aking suporta ay hindi ilalagay sa subastahan. Ako ay kumakandidato rin dahil naniniwala ako na ang tanging paraan upang mabago ang mga bagay ay kung Tayong mga Tao ay magagalit—at kikilos upang ayusin ang ating demokrasya. Ang ating nabigong sistemang pampulitika ay inilubog sa utang ang California. Ang matatabang pusa ng negosyo ay nakakalusot sa pagbabayad ng mas kaunti sa kanilang makatwirang kabahagi ng mga buwis. Tayo ay may mga gumuguhong paaralan pero may mga mamahaling bagong bilangguan. Ang ating mga likas na kayamanan ay ipinagbibili sa pinakamataas tumawad. Ginugol ko ang aking buhay bilang peryodista, awtor at aktibistang panlipunan na nagsusulat at nagsasalita sa mga ganitong uri ng isyu. Ngayon kinukuha ko ang papel ng mamamayang pulitiko upang lubos na harapin ang mga ito. Tutal, ang ating mga amang tagapagtatag ay hindi mga propesyonal na pulitiko. Panahon na upang muling kunin ang ating pamahalaan. Upang matiyak na ito ay mabisa para sa lahat ng taga-California, hindi lamang sa mga taong kayang bumili ng isang pulitiko. Uunahin ang mga pangangailangan ng mga tao sa halip ng mga hinihingi ng iilang maraming pera. Ito ay hindi tungkol sa kanan o kaliwa; ito ay tungkol sa tama o mali. Mangyaring samahan ako sa pagsisikap na ito. Magkakasama matatapos natin ang katiwalian sa Sacramento. Magkakasama magagawa nating manalo!

S. Issa
Partidong Republikano
#364 411 E. Huntington Dr., Suite 107
Arcadia, CA 91006
213-313-8683
SISSA4CALIFORNIA@yahoo.com
GOVERNORSISSA@yahoo.com

Gusto kong kumilos para sa mas mabuting bayad sa mga Guro, Pampublikong Empleyado, Tagapagpatupad ng Batas at mga Pagkakataon sa Negosyo. Dapat nating suportahan ang ating mga Estudyante at Nakatatanda.

Michael Jackson
Partidong Republikano
P.O. Box 8609
Long Beach, CA 90808-0609
562-420-1795
MichaelJackson.ForCalGov@verizon.net

Ang mga tao ng California ay kailangang mas lumahok sa pagtatatag ng direksiyon ng California! Ako ay may-asawa at ama ng dalawang bata, hindi isang pulitiko sa karera. Kikilos ako para sa mga tao ng California hindi para sa mga grupo ng espesyal na interes. Makakagawa ako ng pagkakaiba! Lumaki ako sa California, 10 taong naglingkod sa Hukbong-dagat, nagtapos sa UCLA bilang summa cum laude na may digri sa inhinyeriyang elektrikal. Sa nakalipas na maraming taon labis akong nag-aalala sa mga patakaran at ekonomiya ng California. Kasalukuyan akong nagtatrabaho bilang Tagapamahala ng Proyektong Satellite Payload. Kumukuha ng lakas sa aking karanasan sa pamamahala ng proyekto, pagtiyak ng kalidad, at pagkilos sa kapaligirang maraming kultura, hangad kong harapin ang kakulangan sa badyet sa pamamagitan ng pagputol sa pag-aaksaya ng pamahalaan at sa pagyabong, pagpapawalang-bisa ng mga batas at pagputol sa kuskos-balungos na itinutulak palabas ang mga negosyo at trabaho ng California. Ang ilegal na imigrasyon at pandaraya sa seguro ay may malaki ring epekto sa ating ekenomiya. Ang programa sa kompensasyon ng mga manggagawa ay nangangailangan ng reporma upang bawasan ang madadayang hinihinging matanggap na nagtataas ng halaga at nagpapabagsak ng negosyo. Ang reporma sa bayad-pinsala ay maglilimita sa mga pinsala upang makaya ng mga doktor ang seguro at bawasan ang mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga paaralan ng California ay kailangang magkaloob ng mahusay na edukasyon. Ang pagputol sa burukrasya sa pamamagitan ng pagkuha ng pondo nang deretso sa mga paaralan, at saka dapat bigyang-katwiran ng mga pangasiwaan ang kanilang paggasta at badyet sa mga paaralan. Ang mga paaralan at mga serbisyong pang-emerhensiya ay dapat unahin sa pagpopondo; hindi ang mga unang programang dapat putulin. Gusto kong lumaki ang lahat ng ating mga anak na ikinararangal na maging mga taga-California!

Trek Thunder Kelly
Independiyente
1320 Pacific Avenue
Venice, CA 90291
310-452-3264
trek@trekkelly.com
www.trekkelly.com

Mahal na mga Botante, Mangyaring iboto ako, para masira ang Ikapitong Tatak at magkaroon ng Armagedon. Gagawin kong legal ang mga droga, sugal, at prostitusyon upang ang mga ito ay mabuwisan at mapangasiwaan, ang mga pondong makukuha ay tutustos sa kakulangan, edukasyon, at sa kapaligiran. Naniniwala ako sa mga mapayapang resolusyong sinusuportahan ng militar; wala akong pakialam king sino ang pakakasalan mo o makakatalik.

Edward "Ed" Kennedy
Partidong Demokratiko
P.O. Box 1593
Weaverville, CA 96093
530-623-4441
www.kennedygov.com

Ako si Ed Kennedy, isang bagong uri ng Demokratiko. Hindi ako isang uri ng pulitiko. Ako ay may higit sa dalawang dekadang karanasang pangnegosyo sa pagtukoy at paglutas ng mga problemang pangnegosyo sa buong California. Ako ay masunurin sa etika at makaranasang lider. Bilang Gobernador, magagawa ko at babaguhin ang personalidad ng pulitika upang ang California ay muling maging pinakamagandang lugar upang tirahan. www.kennedygov.com

Stephen L. Knapp
Partidong Republikano
68 Mariposa Avenue
Los Gatos, CA 95030
408-354-4134

Naniniwala ako sa pamahalaang sentido komun at pananagutan sa pananalapi. Salamat sa lahat ng aking tagasuporta.

Eric Korevaar
Partidong Demokratiko
P.O. Box 445
La Jolla, CA 92038
NoOnRecall@VoteForEric.com
www.VoteForEric.com
www.NoOnRecall.com

Kumakandidato ako bilang gobernador upang makatulong akong palaganapin ang mensahe na Bumoto ng Hindi sa pagbawi ng katungkulan. Itong eleksiyong pagbawi ng katungkulan ay masama sa California at mapanganib sa ating demokratikong sistema ng pamahalaan. Kung sa kasamaang-palad ay magtagumpay ang pagbawi ng katungkulan, ako ay kuwalipikadong maglingkod bilang gobernador batay sa aking nakaraan, karunungan, ang aking subok na kakayahang makipagtulungan sa ibang mga tao, at sa aking pagiging malikhain. Ako ay isang siyentista, imbentor, negosyante at buong-buhay na demokratiko. Ako ay kasalukuyang presidente ng *The Science Artist*, nagkakaloob ng pagsangguni sa mataas na teknolohiya. Ikinararangal kong maging asawa, ama at taga-California. Nagtapos ako sa pampublikong mataas na paaralan (La Jolla High 1977 Balediktoryan), nagtapos sa Caltech (B.S. sa Pisika 1981) at Inhinyeriya Ph.D. (Princeton University 1987). Bilang isang matagumpay na empresaryo ng California, itinatag ko ang *AstroTerra Corporation* noong 1992, tumulong na itatag ito bilang lider sa Optikal na Komunikasyong Walang-kawad, at ipinagbili sa *MRV Communications* noong 2000. Itinataguyod ko ang pangmatagalang pananaw upang panatilihin ang California sa unang ng mga likha para sa teknolohiya. Ito ay lilikha ng mga trabaho ukol sa teknolohiya na mataas magbayad, malinis sa kapaligiran. Ang base ng mataas magbayad na trababo ay magbibigay ng kakayahan sa California na magkaloob ng mahuhusay na serbisyo, tulad ng pagpapanatili ng pinakamahusay na sistema ng pampublikong Unibersidad sa bansa, nang walang mga bagong buwis. Itinataguyod ko ang mga inisyatibo upang pasiglahim ang pamumuhunang pangnegosyo, tulad ng pagkakaloob ng mataas na bandwidth na komunikasyon sa bawat bahay at negosyo sa California. Itinataguyod ko ang pagbawas ng pagbagu-bago ng presyo ng koryente sa pamamagitan ng pagsasama ng photovoltaic (ginagamit ang araw) na sistema ng enerhiya sa 50% ng mga bagong bahay. Una Bumo ng NoOnRecall.com. At saka VoteForEric.com.

Jerry Kunzman
Independiyente
P.O. Box 21555
Richmond, CA 94820
510-232-6272
jerry@nasaproracing.com

Mangyaring bumoto. http://www.jerryforgovernor.com

Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ipinagkaloob ng mga kandidato at hindi siniyasat para sa katumpakan.
Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato.
Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay kuwalipikadong lumitaw sa balota.

Dick Lane
Partidong Demokratiko
P.O. Box 17822
Stanford, CA 94309
www.lane-for-governor.org

Bumoto laban sa pagbawi ng katungkulan at saka iboto ako. Ang mapait na kalikasan ng eleksiyong ito ay nangangahulugan na kailangan ng California ng isang gobernador na makakapagtrabaho sa anumang linyang pampulitika at mahihimok ang mga tao sa kanyang pananaw ng hinaharap. Nakikita ko ang isang estado na inuuna ang mga limitadong kakayahan, isang estado na nagpaplano para sa kagalingan sa mga paaralan at unibersidad. Bilang miyembro ng mga tagapagturo ng sistema ng Unibersidad ng Estado ng California sa nakalipas na 17 taon, naranasan ko ang marami sa mga problemang kinakaharap ng mga magulang, estudyante, guro at mga tauhan. Nakikita ko sang isang estado na nagkakaloob ng isang *basikong antas ng pangangalagang medikal* para sa lahat, gaya ng sa Hawaii at Oregon. Nakikita ko ang isang badyet na walang mga bagong buwis, nakamit sa pamamagitan ng pagputol sa pag-aaksaya at pag-iisa ng mga ahensiya tulad ng Sistema sa Pagreretiro ng mga Guro ng Estado at sa Sistema ng Pagreretito ng mga Pampublikong Empleyado. Nakikita ko ang isang estado na nagpapahalaga at ginagantimplaan ang pagiging empresaryo, at isang estado na gumagalang sa karapatan ng mga tao na ipasiya ang kanlang mga sariling istilo ng pamumuhay at mga relasyon. Nakikita ko ang isang estado na may lumipas na oras sa pagitan ng eleksiyon sa pagbawi ng katungkulan at pagpapalit. Nakikita ko ang isang estado, tulad ng Arizona at Maine, na may *mga kampanyang tinutustusan ng publiko*. Alam ko ang tungkol sa mga eleksiyon dahil, noong 1996 at muli noong 1998, nakuha ko ang nominasyon ng Partidong Demokratiko para sa Kongreso ng Estados Unidos sa Silicon Valley. Bilang isang konserbatibo sa pananalapi at liberal na panlipunan, sinusuportahan ako ng maraming Republikano, Luntian at Independiyente. Iyan ang dahilan kung bakit puwede akong magtrabaho kasama ng lahat ng miyembro ng lehislatura ng estado upang isulong ang mahahalagang isyung ito.

Calvin Y. Louie
Partidong Demokratiko
838 Grant Avenue, Suite 402-7
San Francisco, CA 94108
415-397-6411
www.CalvinLouieForGovernor.com

Ako po si Calvin Louie. Ako ay isang katutubong taga-California na may digring Sertipikadong Kontador Publiko mula sa University of California, Berkeley at isang matagumpay na 25-taong rekord sa negosyo at serbisyo sa publiko. *Gusto kong maging gobernador ninyo dahil mayroon akong mga sariwang ideya, mga bagong solusyon at pananagutan upang ibalik ang ating ekonomiya sa kalusugan sa pananalapi, lumikha ng mga karagdagang trabaho, pabutihin ang edukasyon at magkaloob ng mga pagkakataon para sa lahat ng taga-California*. Ang kasalukuyang gobernador ay hindi mabuti ang ginagawang trabaho. Hindi siya nagtatrabahong kasama ng ibang mga tao. Ang hindi niya pag-uukol ng atensiyon ay nagpahintulot sa 1.4 na milyong botante na pumirma sa mga petisyon na humihingi ng eleksiyon ng pagbawi ng katungkulan. Ang California ngayon ay nagtataglay ng pinakamabigat na dalahin sa pananalapi sa kasaysayan, higit sa $32 na bilyong kakulangan—isang-ikatlo ng ating taunang badyet! Sa ganitong antas tayo ay may utang habang buhay! Ang hindi niya pagkilos ay nagbaba ng antas ng ating kredito, itinaas ang antas ng interes at mga kakulangan. Hindi iyan pag-aasikaso ng gawain. *Bilang inyong gobernador lilikha ako ng isang malusog na ekonomiya: papalakihin ang mga kita upang iligtas ang mahahalagang programa at serbisyo, pasisiglahin ang ekonomiya sa pamamagitan ng paniningil sa mas mayayamang taga-California at korporasyon upang bayaran nang maaga ang kanilang mga buwis, balansehin ang badyet, ibalik ang antas ng ating kredito, bawasan ang mga gastos sa enerhiya at seguro, itaas ang pamumuhunan at lumikha ng mga trabaho.* Tumulong akong simulan o pamahalaan ang maraming negosyo at nagsuri sa maraming ahensiya at kagawaran ng pamahalaan. Naglingkod ako sa maraming pang-estado at lokal na komisyon, kabilang ang Komisyon sa mga Karapatang Pantao ng San Francisco. Mas nag-aalala ako tungkol sa kalusugan ng ating ekonomiya at sa ating hinaharap kaysa pagliligtas sa trabaho ni Gray Davis. *Tulungan akong ibalik ang kasaganaan at kadakilaan ng California. Iboto si Calvin Louie para Gobernador.*

Frank A. Macaluso, Jr.
Partidong Demokratiko
P.O. Box 448
Visalia, CA 93279
559-281-3729
www.MACFORGOV.com

Kailangan ng mga Demokratiko ng California ng isang gobernador na konserbatibo sa pananalapi na kokontrolin ang paggasta at itataguyod ang isang kapaligirang magiliw sa negosyo sa ating estado nang hindi isasakripisyo ang mahahalagang programa tulad ng edukasyon, transportasyon at pangangalagang pangkalusugan. Bilang isang doktor na medikal naiintindihan ko ang mga problema sa ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng ating estado at makakapagbigay ng mga solusyon. Sa aking nakaraan ay kabilang din ang isang digri sa Inhinyeriyang Kemikal kasama ng trabaho at karanasan sa negosyo sa industriya ng langis at gas. Ito ay nagbibigay sa akin ng matatag na pag-unawa sa patakaran sa enerhiya mula sa paglikha at pamamahagi hanggang sa paggamit at *konserbasyon*. Isa ring may-ari ng maliit na negosyo, naiintindihan ko at naranasan ang mga problemang kinakaharap ng mga may-ari ng negosyo kabilang ang tumataas na halaga ng seguro sa kalusugan at kompensasyon ng manggagawa. Kailangan nating *lubos na ioberhol* ang programang kompensasyon ng manggagawa ng estado Sa Lalong Madaling Panahon. Bilang Demokratiko, ikinararangal kong katawanin ang platapormang *progresibo* sa lipunan at kapaligiran ng aming partido at walang-pagod na kikilos upang pabutihin ang kalidad ng buhay at kondisyon sa paggawa ng *lahat* ng taga-California. Kabilang sa aking mga tagasuporta ang mga tao ng lahat ng lahi, kultura, kasarian, relihiyon at kabuhayan. *Sulong California! Ang pagkakaiba-iba ay ating lakas!* Nangangakong hindi na muling kakandidato o mangangampanya para muling mahalal, ilalaan ko ang aking buong atensiyon sa mga tungkulin ng Gobernador nang walang nakakagambala o salungatan ng interes. *Bumoto nang matalino!* Huwag sayangin ang inyong boto sa mga sikat o naghahangad ng publisidad. Ako ay isang seryoso at kuwalipikadong kandidato para sa katungkulan ng Gobernador. Sa pamamagitan ng inyong suporta maibabalik natin ang reponsibilidad sa pamahalaan ng ating estado. Mangyaring iboto si "Dr. Mac," Frank Macaluso, M.D. *www.MACFORGOV.com*

Robert C. Mannheim
Partidong Demokratiko
P.O. Box 550
Agoura Hills, CA 91376-0550
818-991-1100
www.Mannheim4cagov.COM

Bilang gobernador, magagawa kong magdala ng iba-ibang natatanging kasanayan at pagsasanay upang lutasin ang mga problemang kinakaharap ng ating Estado. Noong 1969 nagtapos ako sa UCLA. Noong 1972 ako ay naging Sertipikadong Kontador Publiko. Noong 1974 ako ay naging miyembro ng Bar ng estado ng California. Naniniwala ako na ang wastong pamamahala ng malawak na kayamanan ng California ay makakalikha ng mga trabaho, masusustinahan ang edukasyon at matutugunan ang mga pampublikong pangangailangan ng pagpapatupad ng buwis at ibang mga gawain ng pamahalaan. Ako ay makatotohanan sa pananalapi at matugunin sa lahat ng panig ng mga pampublikong isyu. Kailangan nating magkakasamang kumilos anuman ang kinasasapiang partido para sa mas mabuting California.

Bruce Margolin
Partidong Demokratiko
8749 Holloway Drive
West Hollywood, CA 90069
800-420-LAWS
bmargolin@aol.com

Dapat nating tapusin ang pag-aaksaya ng mga dolyar na buwis sa hindi makatarungang digmaan sa droga at sa pagdami ng populasyon sa bilangguan, upang mapangalagaan ng mga personal na kalayaan at karapatang pantao. Dapat nating ituro ang mga pangunahing parusa sa krimen at yoga sa mga paaralan. Ako ay Direktor ng Balangay ng Pambansang Organisasyon para sa Reporma ng mga Batas sa Marihuwana (N.O.R.M.L.) mula 1973 at Abugado ng Pagtatanggol Ukol sa Krimen ng Taong 1999. Ako ay dating inihalal sa Komite Sentral ng Demokratiko ng Estado. Kontakin si Bruce sa bmargolin@aol.com o tumawag sa (800) 420-LAWS.

Paul Mariano
Partidong Demokratiko

Bumoto nang Dalawang Beses para sa Demokrasya. Huwag hayaan ang pera at ang mga espesyal na interes na nakawin ang mansiyon ng gobernador. Ang boto sa akin ay isang boto laban sa proseso ng pagbawi ng katungkulan at isang boto para sa mga demokratikong prinsipyo. Sa ilalim ng ating lipas nang proseso ng pagbawi ng katungkulan, si Gobernador Davis ay maaaring pagkaitan ng lehitimong nakuhang tungkulin, kahit na mas gusto siya ng mga botante kaysa ibang mga kandidato. Ang ganyang resulta ay pagkukunwari, hindi demokrasya. Si Gobernador Davis ay maaaring di-popular, pero siya ang inihalal ayon sa batas na lider ng ating estado. Ako lamang ang tanging kandidato na magtatalaga kay Davis bilang Puno ng mga Tauhan na hahawak ng araw-araw na pamamahala sa California, ang trabahong inihalal siya para gawin niya. Kung kayo ay salungat sa proseso ng pagbawi ng katungkulan, kung naniniwala kayo sa demokratikong prinsipyo ng buo at walang-pinapanigang eleksiyon—iboto po ako.

Mike P. McCarthy
Independiyente
130 Ocean Boulevard
Shell Beach, CA 93449
805-541-6178
MikeforGov.com

Ako ay isang ikatlong henerasyong taga-California. Dalawampu't-limang taon na ang nakakalipas sinimulan ko ang una sa maraming matagumapy na negosyo sa awto. Ngayon, ang aking tindahan ng gamit nang kotse, McCarthy Wholesale, ay umuunlad sa isang industritya na para sa marami ay may mga negatibong konotasyon (katulad ng ating mga inihalal na opisyal!) Binabago ko ang nagbabagong negatibong pag-unawang ito sa pamamagitan ng katapatan, integridad at pagsisikap. Naniniwala ko na ang aking pamumuno ay magagawa rin ito sa pamahalaan. Inaasahan ko na ang pananalapi ng ating estado ay magiging katulad ng isang maayos na negosyo na responsable sa mga parokyano nito. Bilang gobernador magiging responsable ako sa mga parokyano ng estado, *ang mga tao*. Malaki ang aking paggalang sa panggitnang-uring nagtatrabahong pamilya at maliliit na negosyo. Bilang isang may pamilyang tao at may-ari ng maliit na negosyo ako ay naninindigan sa pananalampataya at pamilya, kabilang ang mga pinahahalaghan na siyang pundasyon ng pagtatayo nitong dakilang estado. Salamat po sa inyong oras at nagpapasalamat ako sa inyong pagsasaalang-alang para sa posisyon ng Gobernador.

Bob McClain
Independiyente
P.O. Box 3053
Oakland, CA 94609
510-502-7047
www.BOBMCCLAIN.com

Kumusta California! Nais kong maging inyong susunod na Gobernador. Pagod na sa partidistang awayan na pumigil sa ating Estado, ako ay tumatakbo bilang di-partidistang Independiyente. Bilang Independiyente, ako ay darating sa Sacramento na walang dungis, walang utang na loob na pampulitika at maaaring makipagtrabaho sa lahat ng partido. Kung isasaalang-alang ang ating mabigat na krisis sa budyet, ang aking plataporma ay pangmatagalang responsibilidad na nauukol sa pananalapi. Upang makamit ang katatagan sa pananalapi, ang aking mga desisyon ay maaaring hindi popular, subalit ang mga ito ay maiingat. Bilang simbolo ng aking pangako na malutas ang ating krisis sa pananalapi, hindi ko kukunin ang suweldo ng Gobernador. Bilang isang pulitikong moderato, sinusuportahan ko ang pagprotekta ng mga interes ng tagagamit; pagkapribado ng tagagamit; karapatan ng kababaihan na pumili; mga pananggalang sa kapaligiran; mga malayang pamilihan na nagtataguyod ng mabisang paggamit ng kapital, pag-unlad ng ekonomiya at paglikha ng trabaho; pagpili ng paaralan; isang anyo ng regulasyon ukol sa sandata; pagkapantay-pantay ng lahat anuman ang paniniwala, etnisidad, kasarian, lahi, o oryentasyong sekswal. Pero, kung walang sapat na badyet, ang lahat ng ito ay mahirap makamit. Buong-buhay na residente ng California, ako ay nagtataglay ng mga digri na di-gradwado at gradwado sa Inhinyerya Sibil mula sa UC Berkeley, at MBA sa UCLA. Ako ay lisensiyadong Propesyonal na Inhinyero, Ahente ng Tunay na Ari-arian, nagtataglay ng designasyon ng Nakakontratang Manunuri ng Pananalapi, at dating Agilang Iskaut. Ako ay nagtrabaho sa mga larangan ng inhinyerya, konstruksyon at pagtustos. Sabihin sa inyong mga kaibigan, ikalat ang salita, iboto po ninyo ako. Walang botong mawawalan ng saysay sa eleksiyong ito. Maaaring ako ay hindi kilala sa ngayon, pero sa pamamagitan ng inyong tulong ay maaari akong manalo sa Oktubre. Bob McClain para Gobernador. www.bobmcclain.com

Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ipinagkaloob ng mga kandidato at hindi siniyasat para sa katumpakan.
Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato.
Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay kuwalipikadong lumitaw sa balota.

Mike McNeilly
Partidong Republikano

Ang estadong ito, sa pamamagitan ng mga institusyon nito, ay pag-aari ng mga taong nakatira rito. Tuwing nagsasawa sila sa kasalukuyang pamahalaan, puwede nilang gamitin ang kanilang mga *karapatan ayon sa kontitusyon* upang susugan ito, o gamitin ang kanilang *rebolusyonaryong karapatan* upang ibagsak ito. Ang mga salita ni Thomas Jefferson ay nagbibigay-katwiran dito sa *eleksiyon ukol sa pagbawi* ng katungkulan bilang karapatan ng mga tao. Ako ay hindi isang Pulitiko at hindi rin ako isang Sikat na Tao. Ako ay isa sa maraming naniniwala sa rebolusyong ito…isang rebolusyon upang kunin muli ang kapangyarihan para sa mga tao.

Carl A. Mehr
Partidong Republikano

3533 Mercer Court
San Diego, CA 92122

858-453-4607
gmehr@san.rr.com
www.mehrforgovernor.com

Ipinanganak noong 1933. Lumaki sa Denmark noong sakop ng Nazi. Beterano ng digmaan sa Korea. Digring MS, Inhinyeriyang Elektrikal, 1965, University of Santa Clara, Kasal ng 48 taon. Namumuhunan sa tunay na ari-arian at sapi. Naghahangad ako ng katungkulan upang maibalik ang kapangyarihan sa mga tao. Ang mga hakbang sa aking katungkulan ay ang: Tiyakin na ang mga inihalal na mga opisyal ng estado, kasama ang gobernador, ay maaari lamang mabawi ang katungkulan sa pamamagitan ng paglabag sa tungkulin. Ang pagbawing ito ng katungkulan ay katatawanan ng bansa. Ang mahikayat ang demokrasya sa estadong ito sa pamamagitan ng paglilipat ng muling pagdistrito mula sa Lehislatura papunta sa indepindiyenteng komisyon. Bakit pababayaan ang mga iba-ibang simulain ng parehong partido na ang pangunahing malasakit ay ang mapangalagaan ang kanilang panunungkulan? Ang badyet ay kailangang maipasa sa oras. Ang pagpapaunlad ng pamamahala ng Estado sa pamamagitan ng mga istrukturang pagbabago sa kita at gastos mula sa buwis. Ang pagbabalik ng mas maraming pagkontrol sa pondo sa mga county at lungsod ng estado. Bakit papayagan ang Sacramento na kunin ang ating mga lokal na buwis sa ari-arian at saka ibalik ang mga ito na may mga kontrol na burukratiko? Upang himukin ang klima ng negosyo sa pamamagitan ng pagbawas sa halaga ng kompensasyon ng manggagawa, mga kontrol ukol sa regulasyon at mga walang-kabuluhang habla. Sa partikular, iminumungkahi ko na ang mga natalo sa habla ay magbayad ng mga bayad sa abugado at mga gastos ng hukuman. Upang mapabuti ang pangangasiwa ng sugal na Indiyan, (mga kitang halos 40% ng sugal sa Nevada), na walan nalilikhang pondo para sa Estado, at hindi napapailalim sa mga regulasyon ukol sa kapaligiran o mga batas ng Estado na namamahala sa pagtatrabaho. Upang masiglang maghanap ng solusyon sa pagkawala ng tubig sa Ilog Colorado, partikular na mahalaga sa San Diego. Iboto si Carl Mehr. Bumoto laban sa sukdulang paghihiwalay sa California. Tingnan ang www.mehrforgovernor.com.

Jonathan Miller
Partidong Demokratiko

San Mateo, CA

510-456-7890
www.millerforcalifornia.com

Ako ay tagapagtatag at Presidente ng kompanya ng kompyuter sa Silicon Valley. Sinimulan ko ang aking kompanya sa edad na 26 at napalaki ito upang maging kumikita at malikhaing lider sa pagbebenta sa buong daigdig. Ang aking kompanya ay lumilikha ng mga trabaho habang ang iba ay nagtatanggal. Naiintindihan ko na ang malilit na negosyo at mga iniluluwas ay ang mga susi sa tagumpay ng ekonomiya ng California, at titiyakin ko na ang California ay namamalaging isang kanais-nais na lugar para sa negosyo. Anak ng mga imigrante, naiintindihan ko ang pag-asang kahulugan ng Amerika sa mga tao sa buong mundo na nangangarap ng mas mabuting buhay. Malugod kong tinatanggap ang masisipag na bagong dating na piniling sumama sa amin at tumulong sa aming paglalakbay. Ipinadala ako ng aking mga magulang sa MIT dahil alam nila na ang pinakamahalagang regalo na maibibigay nila sa akin ay isang mabuting edukasyon. Naniniwala ako na ang isang edukadong isipan ay puwedeng makamit ang anumang bagay. Edukasyon ang aking unang-unang priyoridad para sa California, dahil ito ay magbibigay sa ating mga batang mamamayan ng mga kasangkapang kailangan nila upang bumuo ng mas mabuting hinaharap para sa ating lahat. Naniniwala ako na ang nangyayari sa California ay nakakaapekto sa buong Amerika at sa mundo. Tayo ang mga tagahawak ng sulo para sa pagbabago at progresong panlipunan, at dapat tayong manguna nang may pagmamalaki, dangal, at pananaw. Sa ilalim ng aking pangangasiwa ang California ay bubuo ng mga pangmatagalang plano upang panatilihin ang ating pangunguna sa teknolohiya, agrikultura, nababagong enerhiya, pagpaplano ng kalunsuran, progresong panlipunan, proteksiyon ng kapaligiran, at kalidad ng buhay. (510) 456-7890.

Jeffrey L. Mock
Partidong Republikano

Lahat ng bagay na mahalaga sa California—mabubuting paaralan at pabahay, moderno at mabisang transportasyon, ligtas na kapitbahay, paggalang sa kapaligiran—ay nakadepende sa kasaganaan para sa tao at kompanya na nagbabayad ng mga buwis upang sustinahan ang ating impraistraktura. Ang kasaganaan ay nakadepende sa malusog na ekonomiya na nagkakaloob ng mabuting magbayad na trabaho sa masisikap at masisipag na taga-California. Wala nang mas mahalaga pa sa malusog na ekonomiyang iyan kaysa sa lumalagong sektor ng pagmanupaktura, mga kompanyang nag-aalay ng uri ng trabaho na nagbibigay ng kakayahan sa mga nagtatrabahong tao na magbayad ng mga buwis, makabili ng bahay at magkaloob ng mga kailangan ng kanilang mga pamilya. Bilang Gobernador, gagawin ko ang pangangalaga sa impraistrktura ng ekonomiya na ating unang priyoridad. Tutulungan ko ang mga tagapamanupaktura sa California na natatanggal sa pamilihan ang mga produkto dahil sa mga nilikha sa mga bansang hindi nagbabayad ng mga antas ng ating sahod at hindi ginagawang priyoridad ang proteksiyon sa kapaligiran at kaligtasan ng manggagawa. Magsisimula ako ng isang malaking oberhol ng kompensasyon ng mga manggagawa na nagbabalik nito sa sistema ng seguro na walang may kasalanan, na may makumpitensiyang presyo ng polisa at kung saan ang mga napinsalang manggagawa ay makatarungan at kaagad na binabayaran at binibigyan ng pangangalaga. Ang ugat ng ating kasalukuyang krisis sa badyet ay ang ating hindi gumaganap na patakaran sa enerhiya. Magsisimula ako ng mga reporma na humihimok ng ipinamamahaging paglikha na gumagamit ng nababago at sukdulang malinis na teknolohiya tulad ng mula sa araw, hangin, geothermal, at selulang gatong upang bawasan ang ating malaking pagkadepende sa gatong na posil. Pangwakas, magsisikap akong ipasok sa pagitan ng burukrasya sa pangangasiwa ng estado at sa mga kompanyang tagapamanupaktura na sandigan ng kaunlaran ng ating estado, ang kooperasyon at pagsasamahan upang itaguyod ang progreso sa kaligtasan ng manggagawa at proteksiyon ng kapaligiran.

John "Jack" Mortensen
Partidong Demokratiko

Ako ay nag-eempleyo sa arili, Kontratista sa Estado ng California. Ako isang Katutubong Taga-California na nagmamalasakit sa kapakanan ng California. Ang aking nominasyon ay pinagtibay ng, para at sa pamamagitan ng mga tao ng California at ang aking dedikasyon at paninindigan ay para sa kanila. Upang maganap ang pagbabago, kailangang may mangyaring naiiba at ako ay nagsisikap maging bahagi ng pagkakaibang iyan.

Dorene Musilli
Partidong Republikano
P.O. Box 1610
Boyes Hot Springs, CA 95416
707-996-7022
jdm@vom.com

Dorene Musilli. Pamilya, Edukasyon, Negosyo. *Dalhin ito California!* Ako ay isang ika-3 henerasyong taga-California at isang matagumpay na dipulitikong aktibo sa negosyo, edukasyon, komunidad at buhay-pamilya. Ang aking mga inaaalala ay ang mga inaalala ng mga taga-California. *Dalhin ang badyet ng California!* Ang aking mga tagumpay sa pananalapi ay iba-iba: mga balanseng badyet para sa sambahayan, maraming bilyong dolyar na negosyo at mga pampublikong ahensiya. Bilang may-ari at tagapamahala ng mga negosyo na nag-eempleyo sa daan-daang taga-California, natugunan ko ang mga hamon at umani ng mga benepisyo sa pagpapatakbo ng mga negosyo sa California. Alam ko ang kahalagahan ng mga mabubuting kondisyon upang akitin at panatilihin ang negosyo sa ating estado. *Dalhin ang sistema ng edukasyon ng California!* Mahalaga sa akin ang edukasyon ng ating mga kabataan—ang ating kinabukasan. Bilang miyembro ng lupon ng paaralan sa 21 taon sa antas ng county at lokal na antas, alam ko na ang pagkakaiba-iba sa California ay isang kayamanan, hindi isang liabilidad. Ako ay marubdob na naghahangad na tiyakin ang tagumpay ng estudyante, mag-aatas sa mga edukador na maging kuwalipikado at nag-aalay ng mga pagtaas ayon sa merito para samga guro. Nang pumasok ako sa paaralan ng gramatika, ang Ingles ay aking ika-2 wika. Dinaanan ko ang edukasyon sa pamamagitan ng dalawang wika. *Dalhin ito California!* Ako ay isang mabuting mapipili para sa mga tao ng California.

Robert C. Newman II
Partidong Republikano
29455 Live Oak Canyon Road
Redlands, CA 92373
909-798-3644
Newman4governor@aol.com
www.Newman4governor.org

Ang dahilan nitong makasaysayang pagbawi ng katungkulan ay upang gawin ang mga miyembro ng pamahalaan na may pananagutan at matapat sa mga tao. Ako ay kuwalipikadong maging gobernador ng California. Bilang inyong Gobernador, ako ay magiging tagasilbi ng publiko. Ako isang muling isinilang na Kristiyano at nagsisikap mabuhay sa mga prinsipyong ibinigay sa Salita ng Diyos. Nagpupunyagi akong sabihin ang katotohanan nang malinaw at tumpak sa abot ng aking nalalaman. Responsibilidad, pagiging maaasahan, at pagiging mapagkakatiwalaan ay mga susi sa aking kampanya. Ang ekonomiya ng California ay maproblema. Dapat bawasan ang paggasta kapag nababawasan ang kita. Ang mga nanganganib na klase sa California ay ang mga may-ari ng maliit na negosyo, nagtatrabahong tao, magsasaka, at ang pamilya. Ang mataas na priyoridad ay dapat ibigay sa mga guro at edukasyon. Ang mga ito ay nangangailangan ng sentido komun na proteksiyon. Ako ay may BA (soolohiya/kimika) MA (teoretikal/pananaliksik na sikolohiya) pareho mula sa San Diego State, at Ph.D. mula CSPP-San Diego (sikolohiya). Nagturo ako sa unibersidad, sa Akademya ng Pulis at Bumbero, at naglathala ng mga siyentipikong artikulo. ako ay dating presidente ng Kapisinan sa Sikolohiya ng Inland at nasa pribadong praktis. May-ari ako ng isang maliit na bukid at nagtrabaho sa FFA at 4-H na kabataan. Ang aking asawa at ako na 42 nang kasama ay may dalawang anak, at dalawang apo. Dumadalo sa isang simbahang ang salita ay Espanyol.

Leonard Padilla
Independiyente
816 H Street, Suite 244
Sacramento, CA 95814
916-558-6915
JL@PADILLA.NET

Ang badyet ng California ay hindi puwedeng balansehin sa likod ng mga estudyante nito. Bawasan kaagad ang pamahalaan. Bawasan ang pasahod sa pangasiwaan. Ang mga empleyado ng estado ng California ay hindi dapat kumita ng higit sa $60,000 kada taon hanggang maisaayos natin ang ating pananalapi. Magtatag ng sang pamamaraang pambatas kung saan binabayaran ng estado ang 38 na bilyong dolyar na utang sa pamamagitan ng pagkuha ng mga pondo mula sa sistema ng pagreretiro ng estado na sobra ang pondo. Maling mag-imbak ng mga pondo para sa iilan taong may pribilehiyo habang araw-araw ang mga taga-California at negosyo ay umaalis sa California. Bawasan ang mga gastos sa bilangguan sa pamamagitan ng pagpapatapon sa mga nakakulong na ilegal na imigrante at bawasan ang hindi makontrol na industriya ng bilangguan, isa sa pinakamalaking tagaambag na pampulitika sa estado. Huwag gawing krimen ang marihuwana. Tigilan natin ang pag-aaksaya ng pera sa walang mangyayaring "digmaan sa droga" at gastahin ang kailangang-kailangang pera sa edukasyon. Bilang tagapagtatag at presidente ng Lorenzo Patino Law School, tumulong ako sa maraming taong matupad ang kanilang mga pangarap sa maliit na bahagi ng pangkaraniwang nagagasta para rito. Bilang isang propesyonal na mangangaso para sa gantimpala sa higit na 28 taon, kinailangan kong gumawa ng mahahalaga at mahihirap na desisyon habang nagpapatupad ng mga batas ng California. Bilang isang empresaryo, ako ay nag-aari at namamahala ng mga negosyo na lahat ay may isang hangarin—magkaloob ng mga mahusay pero abot-kayang serbisyo sa mga pangkaraniwang tao. Bilang gobernador ng California, ipagpapatuloy ko ang tradisyong ito. Kailangan ng California na magkaloob ng mga mahusay pero abot-kayang serbisyo. Kapag ako ay naging gobernador, hindi ninyo gugugulin ang inyong mga araw ng trabaho bilang isang alipin ng burukrasya. Bilang gobernador, magtatrabaho ako para sa inyo. Leonard Padilla, isang bagong direksiyon para sa California.

Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ipinagkaloob ng mga kandidato at hindi siniyasat para sa katumpakan.
Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato.
Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay kuwalipikadong lumitaw sa balota.

Ronald Jason Palmieri
Partidong Demokratiko

911 Linda Flora Drive
Los Angeles, CA 90049

310-471-1881

Ako ay isang buhay na katunayan ng kalayaan at pagkakataon sa pinakadakilang bansa sa mundo. Dito lamang sa Amerika puwedeng ang isang ikalawang henerasyong Amerikano, mula sa lahing Hudyo at Italyano, na isa ring miyembro ng komunidad na gay, ay makakapaghangad ng mga pantay ng karapatan laban sa atake ng takot, pagkamuhi at maling pag-unawa. Sa kabila ng mga hadlang na ito, ako ay biniyayaan ng kamangha-manghang pinalaking pamilya, mabuting kalusugan, at maraming tagumpay sa propesyon. Ako rin ang unang nagpakilalang gay na lalaki sa Amerika na kumandidato para Gobernador ng dakilang Estado ng California. Ang aking mga dahilan ay labis na pundamental. Sa aking palagay, ang pagbawi ng katungkulan ng Gobernado ay walang mabuting patnubay. Dapat siyang manatili sa katungkulan bilang makatwirang inihalal at hinihimok ko ang lahat ng botante, anuman ang kinasasapiang partido, na bumoto laban sa pagbawi. Gaya ng obserbasyon ni Bill Maher, "Marami pa ring Demokratiko na masama ang loob sa huling eleksiyong pampanguluhan at ang mga ito ay hindi nagtitipon ng mga petisyon upang palitan si George Bush ni Bernie Mac." Hayaaang tapusin ng gobernador ang kanyang panunungkulan! Kung magtagumpay ang pagbawi, susuportahan ko ang mga kandidatong Demokratiko na nagdeklara na sinasalungat nila ang Susog sa Konsitusyon na nagbabawal sa kasal ng gay, ipaglalaban ang mga pantay na karapatan para sa lahat, karapatan ng isang babae na pumili, at mga batas sa mga krimen dahil sa pagkamuhi. Hindi ako naghahangad ng inyong boto. Gusto kong kumbinsihin kayo na bumoto nang matalino at huwag sayangin ang inyong boto sa mga kandidatong tulad ko, na hindi naman mahahalal. Hinihimok ko kayo na iboto ang isang magtataguyod ng Amerikanong pangarap na nagpahintulot sa akin na mapasama sa balotang ito.

Heather Peters
Partidong Republikano

1601 Cloverfield Blvd., 2nd Floor
Santa Monica, CA 90404

310-899-6884
Peters4Gov.com

Bilang isang *propesyonal na tagapamagitan* ako ay sanay sa paglutas ng salungatan, isang kadalubhasaan na kailangang-kailangan upang sirain ang partidistang pagbabara sa Sacramento. Sa taong ito ang pagkaantala sa pagpasa ng badyet ay nagkahalaga sa mga nagbabayad ng buwis ng higit sa $600 na milyon sa nawalang matitipid na dapat sumakop sa kabawasan na $443 na milyon sa mga sistema ng UC at Cal State kung nagkaroon kaagad ng solusyon. Bilang Gobernador papanagutin ko ang Lehislatura para sa magagastos na kawalan ng aksiyon. Ako ay isang maka-pagpiling Republikano na may moderatong adyendang panlipunan. Magdadala ako ng sentido komun at pananagutan sa pananalapi pabalik sa pamahalaan ng estado. *May pananagutan, responsable, madaling lapitan—Peters4Gov.com. (310) 899-6884*

Charles "Chuck" Pineda Jr.
Partidong Demokratiko

Americans For Pineda
P.O. Box 277435

916-366-0188
cpjr66@aol.com
www.Pinedaforgovernor.com

Ang badyet ng estado ay 25 hanggang 35 bilyong dolyar na nasa pula! Ang pangunahing hangarin ko ay gawing itim ang badyet-may kakayahang magbayad ng utang. *Layunin kong itigil ang pagtatayo ng mga bilangguan (halaga – 300 milyong dolyar bawat isa) at ibalik ang pera sa edukasyon upang bumuo ng mga paaralan at estudyanteng maipagmamalaki sa mundo!* Patuloy kong itinataguyod ang: isang 32 oras na linggo ng trabaho upang lutasin ang pagsisikip ng trapiko at pagiging produktibo ng empleyado, pagpigil ng pagsuway ng kabataan sa halip ng magastos na pagkulong, edukasyong batay sa palabigkasan, mas mabuting kondisyon sa pagtatrabaho para sa mga manggagawa ng bukid, pagtatayo ng mga planta ng desalinasyon upang lumikha ng tubig at lumikha ng mga bagong trabaho para sa *uhaw sa tubig* na Timog California, at kikilos upang pawalang-bisa ang pinakahuling bayad sa pagpaparehistro ng sasakyan. Ako ay may 37 taong karanasan sa Sangay na Tagapagpaganap ng pamahalaan – Superbisor ng Grupo; Tagapayo ng Kabataan; Ahente sa Parol; Katulong na Nangangasiwang Ahente sa Parol; Tagaplano sa mga Punong-himpilan ng CYA; Superbisor ng Pangkat sa Panggamot; Tagadisenyo at unang Direktor ng Poyektong Pagbawas ng Karahasan ng Gang ng CYA sa County ng Los Angeles, Kinatawan sa Pagdinig ng Kaso (pinakamataas na posisyon sa serbisyo sibil - YA/YOPB); Diputadong Komisyonado – Lupon ng mga Takda sa Bilangguan; at Tagasuri sa Pederal na Pagdinig, Komisyon sa Parol ng Estados Unidos, Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos. Beterano, Armi ng Estados Unidos - Korea (60–61). Nag-aral ako sa Garfield High School, ELA College, Azusa Pacific University, Sentro ng Pagsulong ng Hustiyang Pangkrimen (Pagiging Kasapi) ng Harvard Law School, Harvard Business School (pangangasiwa ng mga tauhan), at tumanggap din ng pagsasanay sa pamamahala ng estado sa UCLA, USC, at McGeorge School of Law. Iboto si Charles "Chuck" Pineda, Jr. para sa kakayahang magbayad at progreso.

Bill Prady
Partidong Demokratiko

Alam ninyo ang kamangha-manghang mundo sa mga komedya sa telebisyon—isang mundo kung saan, anuman ang mga problema o salungatan, ang mga tao ay magkakasamang kumikilos upang malampasan ang anumang hadlang at, baka, matuto ng kaunti? Ayaw ba ninyong maging katulad niyan ang California? Ito ay puwedeng mangyari kung ihahalal ninyo si Bill Prady na maging susunod na gobernador ng ating dakilang estado. Si Bill Prady ay isang premyadong manunulat at prodyuser ng komedya sa telebisyon na dadalhin sa Sacramento ang mga kasanayang natutuhan niya sa paglikha ng episodyo ng komedya ng sitwasyon. Kung mahahalal, nangangako siyang lutasin ang lahat ng problema ng estado sa loob ng dalawampu't-dalawang minuto at apatnapu't-apat na segundo na may dalawang pahinga para sa anunsiyo at isang yakap sa dulo. Pagkatapos ng lahat ng kaguluhang ito, hindi ba ito ang kailangan ng California?

Darin Price
Partidong Natural na Batas

P.O. Box 2894
McKinleyville, CA 95519

vote@priceforgov.com
www.priceforgov.com

Ito'y ang ekonomiya pa rin istupido! Ako ay konserbatibo sa pananalapi, panlipunang liberal na guro sa kimika sa HSU. $99,000,000,000.00 sa mga buwis ay sapat para sa mga progr amang kailangan natin *nang walang mga bagong buwis!* Sa pamamagitan ng pagpigil, kaayusan, maka-kaunlarang patakaran sa pananalapi, at pag-aalis ng mga programang napatunayang hindi mabisa, puwede tayong magkaroon ng Estado na *aakit sa mga negosyo at magtataas ng ating marka sa bono! Ang solusyon ay laging ang pagkamalikhain!*

Bryan Quinn
Partidong Republikano
Quinn4Gov@aol.com

Pagkabangkarote—gamitin ang mga hukuman upang basagin ang mga grupo ng espesyal na interes at ibalik ang pananagutan sa pananalapi.

Jeff Rainforth
Partidong Reporma
1714 H Street #8
Sacramento, CA 95814
916-446-3061 / 1-877-GO-REFORM
www.jeff4gov.com

Hindi ako Ipinagbibili sa anumang Presyo. Ang aking kandidatura ay tinatangkilik ng Partidong Reporma, itinatag ni Ross Perot. Hindi ako tumatanggap ng pera ng espesyal na interes. Ang Partidong Reporma ay nilikha upang balansehin ang mga badyet, bayaran ang ating mga utang, patigilin ang pagpapadala ng mga trabaho ng Amerika sa ibang bansa, ihinto ang maaksayang paggasta ng pamahalaan, at itaguyod ang reporma sa pagtustos ng kampanya. Ang aming partido ay 10 taon nang naghahatid ng mensaheng ito. Ilalagay ang mensaheng iyan sa aksiyon. Bilang Gobernador: Bibigyan ng paunawa ang mga korporasyon at tagalobi na ang California ay hindi ipinagbibii; Aatakehin ang pag-aaksaya at pandaraya sa pamahalaan na ginagastusan ng bilyun-bilyon ng estado; Itaguyod ang IRV, at reporma sa pagtustos ng kampanya; Alisin ang mga ahensiyang nagduduplika sa mga tungkuling pederal at lokal; Alisin ang mga kompanya ng seguro sa mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan ng doktor at pasyente; Makipagpulong sa mga empleyado ng estado upang gawing mas produktibo ang kanilang mga lugar ng trabaho; Atasan ang estado na "bumili ng gawang Amerika"; Itaguyod ang panghaliling enerhiya kabilang ang maraming enerhiya ng karagatan ng California; Pawalang-saysay ang hindi makatwirang mga kontrata sa enerhiya na pinirmahan ng kasalukuyang gobernador. Hindi magkakaroon ng mga bagong buwis, programa sa paggasta, o mga proyektong pangkuha ng tangkilik; Ang badyet ay babalansehin sa tamang panahon; Ang mga Korporasyon ay magbabayad ng malaki sa pagluluwas ng ating mga trabaho, at pag-aangkat ng murang paggawa. Wala iba pang kandidato. Ako ang nararapat. Una ang mga tao, Huli ang mga interes. Wala akong presyo. Rainforth para Gobernador. Kung ang 20,000 sa inyo ay sawa na upang magparehistro sa Reporma, at 200 pa ang tatakbo bilang mga kandidato ng Reporma, papalitan natin ang mga nagluluwas ng inyong mga trabaho, nag-aksaya ng inyong pera, at nagbangkarote sa estado. Ang kaagad ninyong tugon ay mahalaga. Impormasyon tungkol sa kontak: www.jeff4gov.com, www.reformpartyofcalifornia.org, 1-877-GO-REFORM

Daniel C. "Danny" Ramirez
Partidong Demokratiko
1069 Heber Avenue
Calexico, CA 92231
760-357-3006
dcramirez@aol.com

Naniniwala ako na ang pamilya ang *pinakamahalagang institusyon sa lipunan*. Ang kaunlaran, kaligayayan, at kapakananan ng California ay itinatag sa *lakas at tagumpay* ng ating mga pamilya. Hinihingi ko sa inyo na ihalal akong Gobernador upang magkakasama ay maprotektahan natin at mapalakas ang ating mga pamilya at ang kaunlaran ng ating ekonomiya at lipunan. Si Lourdes at ako ay 35 taon nang mag-asawa. *Ang aming pamilya ay aming pinakamalaking kaligayahan*. Ang aking 37 taong karanasan sa pagtatatag at pamamahala ng negosyo na nagluluwas ng mga bus na yaring Amerika sa Meksiko, ay lubos na nagturo sa akin sa mga *realidad na pangkabuhayan* na kailangan *upang ibalik ang kalusugan sa pananalapi ng California*. Bilang dating Marino, naiintindihan ko ang pangangailangan ng kaligtasan at seguridad ng publiko. Dapat nating protektahan ang pamilya laban sa mga impluwensiya at mga organisasyong umaatake rito. *Susuportahan ko ang mga karapatan ng mga ama at ina* sa edukasyon at proteksiyon ng kanilang mga anak. *Sasalungatin o ang pagkakaloob ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis* sa mga organisasyong pumipinsala sa mga pamilya, kabilang ang nagkakaloob ng mga aborsiyon at gamot sa pagkontrol ng panganganak at mga kagamitan sa mga babaing menor nang hindi alam ng mga magulang. Malakas kong sinusuportahan ang pagtataguyod ng isang inisyatibo sa balota, *www.tell-a-parent.org*, na titiyak na ang isang magulang ay dapat pasabihan bago ang kanyang anak—na maaaring kasingbata ng 13—ay pailalim sa aborsiyong pinopondohan ng nagbabayad ng buwis. *Lilinisin ko ang pag-aaksaya at luho sa pamahalaan at sasalungatin ang mga pagtaas ng buwis sa mga pangunahing pangangailangan na tulad ng kotse ng pamilya*. *Sasalungatin ko ang lahat ng nagpapahina at nagpapahirap sa mga pamilya ng ating minamahal na estado.* Nais kong maglingkod sa inyo at sa Estadong sinilangan ko, at hinihingi ko po ang inyong boto.

Christopher Ranken
Partidong Republikano
P.O. Box 323
Pacifica, CA 94044
campaign@ranken.com
www.ranken.com

Itigil ang pagbawi ng katungkulan! —Marami nang hamon sa California. Ngayon ang pangit na halimaw ay naglabas ng ulo upang pagbantaan ang ating pagsulong: itong eleksiyong pagbawi ng katungkulan. Tingnan ang napakaraming kandidato sa balotang ito. Ganito ba dapat magsagawa ng eleksiyon? Siyempre hindi. Magkakasama, ginawa naming mga kandidato na isang sirkus ang eleksiyong ito. Mas mahalaga, ang proseso ng pagbawi ng katungkulan ay isang pagwasak sa demokrasya: ang nakapuwesto ay dapat tumanggap ng hindi kukulangin sa 50% ng mga boto upang manatili sa katungkulan, habang ang isang humahamon ay puwedeng manalo sa pamamagitan ng kaunting boto. Ito ay hindi makatwiran. Dapat nating sarhan ang kahon ni Pandora na binuksan nitong pagbawi ng katungkulan, o ang hinaharap ay magkakaroon ng kawalan ng katiyakan, pagganti, at mga naaksayang pampublikong pondo. —Ang Estados Unidos ay walang probisyon para bawiin ang katungkulan ng pinakamataas na opisyal; ang mga eleksiyon at pagpapatalsik sa katungkulan ay mahusay na ginagamit ng bansa sa maraming henerasyon. Hindi rin kailangan ng California ang pagbawi ng katungkulan. Kaya bumoto ng Hindi dito sa pagbawi ng katungkulan, at saka bumoto upang magpadala ng mensahe: ang probisyon ukol sa pagbawi ng katungkulan na nasa ating konstitusyon ay nagbabanta sa kaunlaran ng ating estado.

Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ipinagkaloob ng mga kandidato at hindi siniyasat para sa katumpakan.
Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato.
Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay kuwalipikadong lumitaw sa balota.

Daniel W. Richards
Partidong Republikano

Ako ay 25 taon nang residente ng California. Tulad na marami sa inyo itinuring ko ang ating Estado na isang lupa ng maraming pagkakataon at malaking pagkakaiba-iba. Nagpapasalamat ako sa natagpuang tagumpay pero nag-aalala sa umuurong na bintana ng pagkakataon sa marami sa ating mga mamamayan. Walang Gobernador na makakapaglingkod sa 100% ng mga tao sa kanilang lubos na kasiyahan. Ang isang Gobernador ay dapat magtatag ng isang moderatong direksiyon. Dapat nating bawasan ang Badyet ng Estado ng 12%. Ito ay magkakaloob ng balanseng badyet at pipilit sa pamahalaan ng Estado na mabuhay sa loob ng kanilang kinikita—*walang mga bagong buwis*. Ang mga bata sa California ay hindi dapat magutom o dumanas ng anumang anyo ng pang-aabuso. Tayo ay isang mapalad at masaganang lipunan na hindi dapat kaligtaan ang mga hindi matulungan ang kanilang mga sarili. Obligasyon natin na protektahan at alagaan sila. Ako ay maka-edukasyon. Hindi tayo makakaasa ng kahusayan sa edukasyon nang walang angkop na kabayaran sa mga humaharap sa ating mga anak araw-araw. Naniniwala ako sa batas na 3 tama. Ang tatlong tama ay 3 napatunayang pagkakasalang *peloni*. Hindi puwedeng pabayaan ng estado ang matatanda, mahihina at naghihirap. Ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng Estado ay dapat magkaloob ng sapat na serbisyo sa lahat ng ating residente. Dapat kuning muli ng California ang pamumuno bilang isang Estadong magiliw sa negosyo. Ang ating mga patakarang laban sa negosyo ay nagtutulak sa mga magandang magbayad na trabaho palabas ng California patungo sa ating mga katabing Estado. Ako ay 30 taon nang may-asawa at may 25-taong-gulang na anak na babae. May-ari ako ng isang matagumpay na maliit na negosyo at ikalulugod ang inyong suporta. Pagpalain ng Diyos ang Amerika!

Kevin Richter
Partidong Republikano
416 Heartland Place
Manteca, CA 95337
925-567-6513
www.whowantstobeagovernor.com

Humihinga ako

Kurt E. "Tachikaze" Rightmyer
Independiyente
2420 S. Nancy Street #3
West Covina, CA 91792
626-965-8443
beeivy1@aol.com

Ang pangalang Tachikaze ay kumakatawan sa "hangin mula sa hampas ng espada." Bilang nangungunang panggitang timbang ng Seryeng Sumo ng 2003 sa Estado ng California at isang seryoso, lubos na edukado, di-partidistang kandidato para gobernador, aatakehin ang 800-libra, gorilyang malaking pamahalaan mula sa bawat anggulo at determinadong makikipaglaban upang ibalik ang California sa isang estado na ang lahat ng mamamayan at legal na residente ay magmamalaki na sila ay naninirahan dito. Magpaalam sa isang lalong nagiging mapagtakda, mas mahal, mas mahinang kalidad na buhay... at salubungin si Tachikaze—"dahil ang pagiging gobernador ay hindi isang masayang pagtitipon."

David Laughing Horse Robinson
Partidong Demokratiko

Ako, si David Laughing Horse Robinson, ay magiging isang Gobernador na tinatrato ang masisipag na tao na tulad ng mga primera klaseng mamamayan. Ang aking karanasang pampulitika ay nauukol sa pagprotekta sa mga tradisyunal na pinahahalagahan ng pamilya, edukasyon, mga trabaho at umuunlad na komunidad. Ginawa ko ito sa Unibersidad kung saan ako nagtatrabaho at sa loob ng aking tribong Katutubong Amerikano ng California. Naniniwala ako na nagsisimula ka sa mga bata, suportahan ang mga paggasta na pinamamalaging ligtas sila at tumatanggap ng mahusay na edukasyon habang binibigyang-diin ang pagtitiwala sa sarili at pag-aaral ng mga kasanayang kailangan upang matupad ang kanilang mga pangarap. Ang diwa ng pangangalakal ay yumayabong sa ating mga kabataan. Sila ay lilikha ng ating mga negosyo sa hinaharap. Edukasyon ang huling lugar na dapat bawasan. Ito ay nagpapabuti ng kalidad ng buhay para sa bawat isa sa ating mga komunidad. Ang aking mga unang patakaran ay haharap sa pagkontrol ng ekonomiya ng ating estado. Kailangan nating makita ang benepisyo ng ating malawak na kayamanan, hindi sa Texas o sa ibang estado o bansa. Napakaraming kitang nawawala kapag ang mga korporasyon ay lumilipat ng mga pangunahing opisina sa ibang lugar pagkaraang kumuha ng mga lukratibong karapatan na gamitin ang ating mga kayamanan. Ito ay nagbubunga ng kawalan ng mga buwis sa negosyo at madalas na naglalagay sa atin sa posisyon ng pagbili ng ating mga sariling kayamanan sa mas mataas na presyo, binabawasan ang personal na kita at pinahihina ang ating lakas paggawa at maliliit na negosyo. Naniniwala ako na ang mga desisyon sa pananalapi sa antas ng estado ay dapat kasama pereho ang sentido komun at integridad, inuuna ang ating mga komunidad. Ako ang kauna-unahang Katutubong Amerikano sa California na kumandidato para sa katungkulang pang-estado, nagmula sa maraming henerasyong inihalal upang mangasiwa sa kapakanan ng aming tribo. Hindi ko sinusuportahan ang pagbawi ng katungkulan ni Gobernador Davis.

Ned Roscoe
Partidong Libertarian

8300 Wild Horse Valley Road
Napa, CA 94558

707-373-0142
nroscoe@cigarettescheaper.com
www.nedroscoe.com

Ako ay isang tagabenta ng groseri na, kasama ng kanyang pamilya, ay nagbebenta pangunahin ng mga sigarilyo sa mga may sapat na gulang na gumagawa ng kanilang mga sariling desisyon. Sinasabi sa akin ng mga parokyano na ayaw nila ng mga bagong buwis, walang mga istupidong bagong batas, at para may lumabas at gumawa ng trabaho ng pamahalaan. Ang nagbibigay sa akin ng kuwalipikasyon upang maging inyong Gobernador ay itong baseng pampulitika, binuo muna ng mga naninigarilyo mula sa maraming magkakaibang paniniwalang pampulitika, nagkakaisa sa paniniwala na dapat nating igalang ang mga kalayaan ng ibang mga tao upang magkaroon ng sarili nating mga kalayaan, kasama ng ibang naghahangad ng makatwiran, realistikong aksiyon ng isang bagong Gobernador, ay tatanggap ng pinakamaraming bilang ng mga boto. Ang trabahong konstruksiyon ng aking kaibigan ay pinatigil dahil sa mga permiso ng Estado. Ang negosyo ng aking pamilya ay humaharap sa malaking pagtaas ng mga halaga ng kompensasyon ng manggagawa kahit na bumuti ang aming rekord ng kaligtasan. Ang aking mga kapitbahay ay nagbawas ng mga tauhan upang maiwasan ang mga buwis at papeles. Ang California ay hindi na malakas makipagkumpitensiya kumpara sa ibang mga estado. *Ako ay optimistiko*, na may kalmadong pagtitiwala ng isang Kristiyano na may apat na alas. Ang pamahalaan ay hindi katulad ng negosyo. Ang mabuting pamahalaan ay nangangailangan ng pagkakasundo. Puwede akong magtrabahong kasama ng mga Mambabatas at opisyal upang mabilis na magpasiya at gawin nang mabilis ang makatwiran. Ang aking pagmamadali ay nanggagaling sa pagkakaroon ng mga parokyano na dapat paglingkuran at mga singil na dapat bayaran. Ang aking unang priyoridad ay pabutihin ang kaunlaran ng mga manggagawa nang hindi pinalalawak ang pabigat ng pamahalaan. Iyon ay, gawin ang disenteng bagay. Kukunin ang pinakamahuhusay at susunggaban ang mga pagkakataon. Nakikinig ako at natututo. Hindi malulutas ng pamahalaan ang inyong mga problema—pero puwede nitong anihin ang inyong paggalang.

Sharon Rushford
Independiyente

445 Washington Street
Santa Clara, CA 95050

408-557-8584
sharon@rushfordfiles.com

Noong 1998 ang aking asawa ay pinutulan ng binti ng pinakamalaking HMO ng estado sa halip na suriin at bigyan ng gamot para sa kanyang kondisyon. Bunga nito aktibo akong lumahok sa reporma sa pangangalagang pangkalusugan at reporma sa sistema ng sapilitang pamamagitan. Ginawa ko ang trahedya ng aming pamilya na isang positibong gawain na pagreporma sa California upang maging isang pamahalaan at sistema ng kalusugan na muli nating maipagmamalaki. Ang bawat taga-California ay nangangailangn ng mahusay, maaasahan, at matapat na pangangalagang pangkalusugan. Kailangang bigyan ng katiyakan ang publiko na ang kanilang pangangalagang pangkalusugan ay mas mahalaga kaysa pagtitipid ng gastos ng mga HMO. Ang aking hangarin ay maghatid ng hustisya sa pinamamahalaang pangangalagang pangkalusugan sa California. Ako ay Bise Presidente, Punong Opisyal ng Pananalapi at Kalihim na Pangkorporasyon ng aming 21-taong-gulang na negosyong konstruksiyon. Ako ay miyembro ng Komite sa Reporma ng Kaiser Permanente at Miyembro ng Lupon ng Konseho sa Reporma ng Pinamamahalaang Pangangalaga. Ito ay humantong sa aking pagiging Kinatawan ng County ng Santa Clara sa pangangasiwa ng Tagapagpalaganap ng Petisyon para sa Batas ng 2004 sa Boluntaryong Arbitrasyon Ukol sa Planong Pangkalusugan (tingnan ang http://CTVHPAA.com) isang pambuong-estadong inisyatibo upang repormahin ang sapilitang arbitrasyon sa California; huli na para sa aming pamilya, napapanahon para sa inyo. Natural lamang, sinumang bagong gobernador ay kailangan munang lumabas sa nakakalungkot na kalagayan ng ekonomiya, dahil naanod tayo mula sa sobrang badyet patungo sa teribleng kakulangan sa badyet. Bilang Gobernador, maaasahan ninyo ang aking karanasan, mga prinsipyo sa negosyo, at matinding determinasyon na magdala ng pagbabago sa Estado. *Magagawa* natin itong mas mabuti para sa lahat. Inaasahan ko ang pagiging susunod na Gobernador ninyo.

Georgy Russell
Partidong Demokratiko

www.georgyforgov.com

www.georgyforgov.com—Katapatan at karunungan higit sa katanyagan at yaman.

Jamie Rosemary Safford
Partidong Republikano

916-834-1271

Edukasyon/Kuwalipikasyon: Residente ng California—23 taon. 33 taong karanasan sa estado at pribadong industriya; Pagbabangko, Kompyuter, Tunay na Arian at Serbisyo sa Publiko. Nagtapos ng Pagkuwenta, Pananalapi, Tunay na Ari-arian sa CSUS. Matagumpay na May-ari ng Negosyo—18 taon, Lisensiyadong Broker ng Tunay na Ari-arian. Ipinanganak sa kahirapan, walang-ama noong 5 taon, pinalaki ng nag-iisang ina. Matapat, masipag, may pananagutan, na may kakayahang balansehin ang isang badyet. 21 taong kasama ng aking matalik na kaibigan, kasama at asawa.

Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ipinagkaloob ng mga kandidato at hindi siniyasat para sa katumpakan.
Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato.
Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay kuwalipikadong lumitaw sa balota.

David Ronald Sams
Partidong Republikano
P.O. Box 2337
Agoura Hills, CA
818-707-0580
www.DavidSams.com

David Ronald Sams: Ang $100,000,000 na Tao na may Plano. Ako ay isang Republikanong pasulong ang pag-iisip; ipinanganak na Republikano—Republikano pa rin pagkaraan ng 45 taon. Ako ay isang negosyante na lumikha ng higit sa $100,000,000. Nakita na ninyo ang marami sa aking mga produkto sa TV. Bilang may-ari ng negosyo, alam ko ang kahulugan ng pagbalanse ng libro ng tseke. Ako ay kasalukuyang tagapangulo ng maraming korporasyon, kabilang ang isang kompanya ng produksiyon ng TV, kompanya ng rekord, at kompanya ng Internet. Kabilang sa aking pag-aari ang *www.SamsDirect.com*, *www.keepthefaith.com*, at *www.LoveStories.com*. Bilang arkitekto ng pagbebenta, ginawa kong sikat na pangalan sa sambahayan ang *Wheel of Fortune, Jeopardy!* at *Oprah Winfrey*. Ang aking malawak na karanasan sa pagbebenta ay tutulong sa akin na makakuha ng negosyo para sa California. Bilang prodyuser ng TV, gumawa ako ng mga programa na nakakuha ng atensiyon ng Puting Bahay. Tumulong akong kumbinsihin ang mga may-ari ng sinehan na ipatupad ang pagsusuri ng ID na may retrato upang huwag papasukin ang mga tinedyer sa mga sineng may markang R. Oo, ako ay isang prodyuser, pero ako ay isa ring nag-aalalang magulang. Napakaraming karahasan sa media. Nanalo ako ng siyam na gantimpalang Emmy. Ang kampanyang ito ay dapat na tungkol sa isang isyu: Pagbalanse ng badyet. Dapat tayong mag-isip "sa labas ng kahon." Halimbawa, mag-aalok ako ng mga karapatan sa pagpangalan sa ating mga priwey. Ang mga korporasyon ay nagbabayad upang ilagay ang kanilang mga pangalan sa mga ballpark—bakit hindi sa 405 Freeway? Ipinangangako kong hindi itataas ang inyong buwis sa kita. Ako si David Ronald Sams, Republikano para Gobernador. Maligayang may-asawa na 10 taong kasal kay Renee. Visit *www.DavidSams.com* bago maghatinggabi sa gabing ito.

Darrin H. Scheidle
Partidong Demokratiko
450 Fletcher Parkway, Suite 207
El Cajon, CA 92020
619-593-0800
www.Save-California.us

Ginawa ito ng Minnesota—Ngayon ay *inyong* pagkakataon, California! Panahon na para sa *pagbabago* sa Sacramento! Bumoto sa Kandidato na hindi "*pag-aari*" ng *sinuman*! Ang pamahalaan ay isang *negosyo*, at dapat *patakbuhin* ng tulad ng isang negosyo! Iboto ako—isang CEO, negosyante, may pamilya, katutubong taga-California at *independiyenteng mag-isip*. Sa maraming taon, nagsimula ako at nagpalaki ng *apat* na matatagumpay na negosyo mula sa wala. Bilang isang "bootstrap" na empresaryo, alam ko kung paano makakakuha ng *pinakamarami* sa bawat dolyar. Iyan ang kailangan natin *ngayon* sa Sacramento—*hindi* isang taong magtataas ng mga buwis at bayad, kundi isang katulad ko, na wastong gagastahin ang mga pondo na naroroon na. Alam ng mga matagumpay ng negosyante na hindi mo puwedeng gastahin ang perang *wala* naman sa iyo—ang mga pulitiko ang "*karera*" ay isinasangla ang hinaharap (at ng ating mga anak at apo) ng California upang isulong ang kanilang *sariling* adyenda. *Ngayon* ay panahon na upang ibalik ang pamahalaan sa mga tao... ang pamahalaan ay nagtatrabaho para sa *inyo*, mga mamamayan! *Edukasyon:* Ang mga pagbawas sa badyet ay ginagawa sa mga *maling lugar. Huwag ninyong pakialaman ang mga pondo sa edukasyon!* Ang mga opisyal na Nagpapatupad ng Batas ay dapat na *nasa kalye*. Ang kaligtasan ng publiko ay kailangang *patibayin*, hindi bawasan! Ang mga bayad sa DMV ay ginagasta sa maling paraan. Sisimulan ko ang proseso ng pagpapawalang-bisa sa pagtaas sa Bayad sa DMV sa aking unang araw ng trabaho. Itigil ang pagdadala ng pera sa labas ng estado!—Kailangan nating akitin ang mga negosyo *papunta* sa California! Ang mga insentibo at kapaligirang *magiliw* sa negosyo ay *priyoridad* para mabuhay ang ekonomiya ng California1 www.Save-California.us

Mike Schmier
Partidong Demokratiko
1475 Powell Street
Emeryville, CA 94608
510-652-5450 / Fax: 510-652-0929
Mike@MikeForGov.org
www.MikeForGov.org

Bilang Gobernador magtatrabaho ako upang magkaloob ng *pananagutan sa pananalapi – pagtingin sa realidad* na kailangan ng California upang *makatipid ng pera ng nagbabayad ng buwis* at ibalik tayo sa isang positibong kalagayan sa pananalapi. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng paghimok ng paglahok sa matatalentong tao na taglay na natin sa ating negosyo at mga komunidad ng pamahalaan. Dapat hingin na mga taga-California sa kanilang mga mambabatas na pag-ukulan ng atensiyon ang mga tao at gawin ang tunay nilang trabaho. Dapat nating *pakinggan ang mga eksperto* at umakto sa kanilang mga pinakamabubuting ideya: mga edukador upang pabutihin ang ating mga paaralan; mga lider ng unyon at negosyo upang paunlarin ang ating klimang pangnegosyo; mga espesyalista upang protektahan ang ating kapaligiran at isamoderno ang transportasyon; mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan upang pabutihin ang kapakanan ng ating mga mamamayan; at mga lider sa lahat ng larangan—at dalhin ang California, muli, sa unahan ng mga bagong teknolohiya. Ang mabuting pamamahala ng pananalapi ay humihinging gawin natin ang Estado na pinakamabuting lugar para magtrabaho at magnegosyo. Kapag ang mga tao ay may matatag, makabuluhang trabaho at abot-kayang bahay, lahat tayo ay nakikinabang. Kikilos din ako upang *itaguyod ang California sa buong bansa at sa daigdig*. Ang ating Estado ay ang daan sa Meksiko, Gitnang Amerika at Timog Amerika, sa Pasipikong Basin at Asya at ang Amerika ang numero unong tagapagkaloob ng mga produkto at talino sa paglikha sa mundo. Ang California ay nangangailangan at malinaw na nakahanda sa tunay na *pagtingin sa realidad* kung paano gagamitin ang ating mga kakayahan ukol sa pananalapi, kalikasan at tao. Ang Amerika at ang mundo ay tumitingin sa atin para sa pagbabago. *Kunin nating muli ang California ngayon*.

George B. Schwartzman
Independiyente
PMB 541, 6965 El Camino Real #105
Carlsbad, CA 92009
858-759-4015
www.governorgeorge.com

Ako ay isang matagumpay at mapagmalasakit na negosyonate na isang realista sa pananalapi. Naiintindihan ko na hindi puwedeng gastahin ng California ang mga kita sa buwis kung hindi rin lamang tunay na kailangan. Ako ay isang tagagawa ng pagbabago na gumugol ng aking karera sa mga negosyong may kaugnayan sa medisina. Ang pagpapabuti ng kalusugan ng katawan ng mga taga-California ay magpapabuti sa kalusugan ng pananalapi ng California. Naniniwala ako na ang kalusugan ay nagsisimula sa pagpigil, ang pangangalagang pangkalusugan na pinakamahusay ay dapat na may pamantayang hindi nagkokompromiso. Naniniwala ako na ang lipunan ay lubhang napipinsala ng pag-abuso ng walang-sustantiyang pagkain, alkohol, droga, at tabako. Ang mga negosyong umuunlad ay lumilikha ng mga trabaho. Ang California ay dapat na maging magiliw sa negosyo ang buwis, hindi katunggali dahil sa buwis. Hindi ko kinukunsinti ang asal na kontra sa etika, at naniniwala na ang pag-uusig sa mga abusadong abugado, mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, at ibang mga lisensiyadong propesyonal na nagkokompromiso sa kanilang mga etika ay dapat na nagawa na. Itinataguyod ko ang malawak na pagbabago at pagsasamoderno ng mga proseso ng edukasyon upang maging mabisang sistema. Pabor ako sa mga diskuwento sa tuwisyon sa mga residente ng California na iniaangkop batay sa nakakamit na akademiko sa lahat ng pampublikong unibersidad ng California. Hindi ako sang-ayon sa pagsasakripisyo sa kalusugan ng ating mga bata sa pamamagitan ng pangkaraniwang pagbabenta ng mga walang-sustansiyang pagkain bilang tagalikom ng pondo sa mga pampublikong paaralan. Hindi tamang isakripisyo ang mga pangangailangan ng ating mga nakatatandang mamamayan para mabigyan ng pangangalaga ang mga ilegal na imigrante. Ako ay magiging sentido-kumon na di-partidistang Gobernador, malaya sa anumang pangako sa anumang grupo ng espesyal na interes. Ako ang Kandidato ng nag-aalay sa mga taga-California ng isang nakakahalinang pagkakataon na ihalal ang isang responsable at makatarungang Gobernador sa pamamagitan ng malikhain at makatwirang ideya para sa lahat. Upang makakuha ng karagdagang kaalaman, mangyaring pumunta sa *www.governorgeorge.com*.

Richard J. Simmons
Independiyente
333 South Hope Street
Los Angeles, CA 90071
213-617-5518
rsimmons@smrh.com
www.simmonsforgovernor.com

Ang ating bagong gobernador ay dapat humarap sa nakakagulat na kakulangan sa badyet sa tatlong paraan—itaguyod ang pagyabong ng negosyo, lumikha ng mga trabaho, at pabutihin ang edukasyon. Ang pagpapasigla ng pagpapalawak ng negosyo ay ang buod ng planong ito. Ang paninindigan sa edukasyon ay ang batong panulok. Ang ating landas ay malinaw. Ang mga trabaho ay hindi nililikha ang mga sarili. *Ang mga negosyo ang lumilikha ng mga trabaho.* Upang paramihin ang mga pagkakataong magtrabaho, dapat alsin ng mga mambabatas ng California ang kanilang damdaming laban sa negosyo. Sobra ang regulasyon nila at di-makatarungang pinarusahan ang mga negosyo, naging sanhi para umalis ang marami sa estado. Ang pagyabong ng negosyo ay susi sa pagwawasto sa krisis na kakulangan ng California at pagpaparami ng mga trabaho. Upang makamit ang hangaring ito, dapat nating oberholin ang sistema ng kompensasyon ng mga manggagawa na hindi makatarungan sa mga negosyo at empleyado. Ang tagumpay ng California ay nangangailangan ng isang independiyenteng palaisip na nakakatawid sa linya ng partido. Bilang nagtapos sa UC Berkeley Law School at 20 taon nang tagapagtaguyod ng negosyo, ako ay may karanasang kailangan upang paunlarin ang California.

B. E. Smith
Independiyente
Star Route
Denny, CA 95527
530-629-4356
besmith@snowcrest.net

Gumugol ako ng dalawang taon sa pederal na bilangguan dahil nagtanim ako ng marihuwana para sa aking sarili at ibang mga tao sa ilalim ng Batas sa Nagmamalasakit na Paggamit ng mga mamamayan ng California. Pero ang ating mga tinig ay hindi pinapansin sa Washington. Bakit ihahalal akong Gobernador? Patatawarin ko ang lahat ng taong nahatulan sa California sa mga krimeng walang biktima, tulad ng pagtatanim, pagbebenta, paglilipat o paggamit ng marihuwana, kabilang ang mga nasa bilangguan dahil sa mga nasabing pagkakasala. Hindi ko uusigin ang anumang krimeng walang biktima. Hindi ko tutugisin ang mga guniguning krimen, mga inosenteng gawain na ginagawang krimen ng mga mambabatas upang ipakita na sila ay "mahigpit sa krimen," upang manatili sila sa katungkulan, pero magpapalaya ng hanggang milyun-milyong dolyar na buwis mula sa mga pagtugis sa mga guniguning krimen na ito upang gastahin sa pagtugis sa mga tunay na kriminal. Hindi ako tatanggap ng suweldo bilang Gobernador. Hihingi ako ng boluntaryong pagbabalik ng lampas sa matwid na mga kontrata sa enerhiya na pinirmahan ng mga nauna sa akin. Ang aking mensahe ay payak: "Boluntaryong ibalik ang mga di-makatwirang kontratang ito, o papawalang-saysay ko ang mga ito sa mga hukuman." Tayo ay may minsan-sa-buong-buhay na pagkakataon na makontrol ang pamahalaan. Gagamitin ko ang buong kapangyarihan ng ating Konstitusyon upang ilagay sa aksiyon ang kagustuhan ng buong California. Mga taga-California: Bumangon; alisin ang mga kadena ng kalupitan! Ihalal ang isang taong maninindigan para sa inyo! Nanindigan ako para sa inyo sa Biyetnam at sa harap ng pederal na pamahalaan! Gagawin ko itong muli bilang inyong Gobernador! Hayaan ang Washington, mga pulitiko at malaking negosyo na marinig ang tinig ng mga huradong mahalaga: ang mga botante ng California1

Randall D. Sprague
Partidong Republikano
spraguepi@comcast.net
www.sprague4gov.com

Kailangang-kailangan ng California ang isang malakas at malikhaing pamumuno. Bilang Gobernador, magagawa ko ang mabibigat na bagay na kailangan upang ibalik ang California mula sa bingit ng pagkabangkarote at bigyan ang mga pamilya ng magandang lugar na titirahan. Gusto kong ayusin ang Konstitusyon ng California, pawalang-bisa ang pagtataas ng pagpaparehistro ng sasakyan, itigil ang walang-ingat na paggasta, at itaas ang kita sa pamamagitan ng pag-akit pa sa mga negosyo hindi sa pagtataas ng mga buwis o bayad. Gusto kong itaas ang paglahok ng botante at iatas na sinumang humihiram ng pera ay aprobahan ng mayoriya ng *lahat* ng nakarehistrong botante, hindi ng ilang espesyal na interes lamang. Gusto kong mamuhunan sa mga pundasyong taon ng edukasyon, K-12, at pangalagaan ang ating mga nakatatanda na nagtrabaho ng buong-buhay sa pagbuo nitong dating dakilang estado. Hindi ako isang propesyonal na pulitiko. Isa akong pinarangalang beterano ng Biyetnam, nagtrabaho sa seguro at pananalapi, at nagkaroon ng karera sa pagpapatupad ng batas. Sa nakalipas na labintatlong taon, may-ari ako ng negosyo ukol sa pribadong imbestigasyon ng mga karapatang sibil. Nagtataglay ako ng tibay ng loob at pang-unawa upang baguhin ang California sa pamamagitan ng inyong tulong at boto.

Christopher Sproul
Partidong Demokratiko
Environmental Advocates
Building 1004 B O'Reilly Ave.
San Francisco, CA 94129
415-533-3376
sproul@sbcglobal.net

Pagbawi? Bumoto ng *Hindi!*

Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ipinagkaloob ng mga kandidato at hindi siniyasat para sa katumpakan.
Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato.
Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay kuwalipikadong lumitaw sa balota.

Lawrence Steven Strauss
Partidong Demokratiko
11900 Ventura Boulevard
Studio City, CA 91604-2606
818-769-5297
www.bestcounsel.com

Nang makatapos na Magna Cum Laude sa USC, kung saan nag-aral ako ng tunay na ari-arian at pananalapi, dumalo ako sa Loyola Law School at sampung taon nang nagpapatakbo ngayon ng aking praktis ng batas. Ang paglutas ng mga di-pinagkakasunduan sa pamamagitan ng katapatan at integridad at sa paraang mabisang paggasta ay aking priyoridad. Bilang estudyante ng abyasyon sa Glendale Community College, nakita ko ang pangangailangang tulungan ang mga estudyante, sa halip na magtayo ng mga hadlang sa pamamagitan ng mga sobrang pagtaas ng tuwisyon. Ipinanganak at lumaki sa California, naninirahang kasama ang aking asawa, anak na babae at babaing anak sa una ng aking asawa, itinuturing ko ang aking sarili na isang taong responsable sa pananalapi. Kapag ang aking negosyo ay hindi kumikita nang tulad ng gusto ko, sa halip na itaas ang aking mga presyo, humahanap ako ng mga paraan upang itaas ang kita sa pamamagitan ng pagpapalawak, pagbawas ng bayad sa akin, at pagbawas ng aking mga gastos. Dapat sundin ng pamahalaan ang ganitong istratehiya at humanap ng mga paraan upang itaas ang base ng buwis sa pamamagitan ng pagbabalik ng mga negosyo at tao sa California, bawasan ang mga mataas na antas na suweldo sa pamahalaan, at bawasan ang gastos sa pagpapatakbo. *Salungat ako sa pagtriple ng bayad sa lisensiya ng sasakyang de-motor. Kailangang may pinakamataas na hanggahan sa lahat ng pagtaas ng buwis.* Sa pamamagitan ng inyong suporta, malulutas ko ang mga problema ng California at ibabalik ang California sa kadakilaan.

Tim Sylvester
Partidong Demokratiko
Santa Cruz, CA
www.timforgovernor.org

Kumakandidato ako upang iprotesta ang Eleksiyon ng Pagbawi at hinihimok ko ang lahat na Bumoto ng *Hindi* sa pagbawi. Ang isang detalyadong pahayag ay makukuha sa aking website—*www.timforgovernor.org.*

A. Lavar Taylor
Partidong Demokratiko
6 Hutton Centre Drive, Suite 880
Santa Ana, CA 92707
714-546-0445
ltaylor@taylorlaw.com
www.taylorlaw.com

Bilang abugado sa buwis, naiintindihan ko na walang may gustong magbayad ng buwis na higit sa kailangan. Ang mga paaralan, daan, pulisya, kulungan at ibang mga serbisyong inaasahan natin mula sa pamahalaan ay nagkakahalaga ng pera at dapat tayong maging handang magbayad sa mga ito sa pamamagitan ng mga buwis. Kailangan nating ipokus ang ating atensiyon sa ating mga kayamanan, hindi iwan ang mga ito. Naniniwala ako na ang ating mga bata ang ating pinakamahalagang kayamanan. Malakas akong sumusuporta sa edukasyon at babaligtarin ang pagbawas kamakailan sa badyet ng edukasyon. Ang wastong pamamahala ng pananalapi ay mahalaga upang tiyakin na ang mga bagong buwis ay hindi hiningi nang hindi kinakailangan at ang mga kasalukuyang pondo ay wastong pinamamahagi. Ang aking karanasan bilang Katulong na Abugado ng Estados Unidos, abugado ng IRS at pribadong abugado ay nagkaloob sa akin ng solidong karanasan sa pamahalaan at pagbubuwis upang magdala ng praktikal na paraan ng pagharap sa badyet.

Diane Beall Templin
Partidong Amerikanong Independiyente
1016 Circle Drive
Escondido, CA 92025-4511
760-807-5417 or 760-480-0428
www.dianetemplin.com

Sana ay Bigyan Kayo ng Diyos ng Katalinuhan ni Solomon sa inyong pagboto. Idinadalangin ko na ang Kamangha-manghang Tagapayo, ang Makapangyarihang Diyos ay papatnubayan ako sa lahat ng desisyon, lalo na sa pagpili ng pinakamabuti at pinakamatalinong pinagkakatiwalang tagapaglingkod upang lutasin ang krisis sa badyet at gamutin ang ating estado. 2 Chronicles 7:14 Mangyaring tingnan ang *www.dianetemplin.com* at impormasyon sa Partidong Amerikanong Independiyente dito sa Patnubay sa Botante para sa aking mga posisyon sa mga isyu. Kung may mga tanong—tawagan ako sa 760-480-0428 o magpadala ng E-mail sa akin sa dianetemplin@nethere.com.

Patricia G. Tilley
Independiyente
900 G Street, Suite 200
Sacramento, CA 95814
916-325-9005

Ako ay isang nag-iisang magulang at higit sa 23 taong nagpraktis ng batas. Nagsimula ako bilang Diputadong Abugado ng Distrito at naging Diputadong Pampublikong Tagapagtanggol. Bilang empleyado ng estado, pinangunahan ko ang unang pagsusulat ng mga regulasyon para sa pagresaykel ng sisidlan ng inumin. Ako ay kasalukuyang nagpapraktis ng pagtatanggol ukol sa krimen. Bago naging abugado, ako ay edukador ng pag-aalaga sa UCLA, UNLV at Howard University. Ang aking talambuhay ay nakalista sa "Who's Who Among Black Americans."

Brian Tracy
Independiyente
462 Stevens Avenue, Suite 202
Solana Beach, CA 92075
858-481-2977, Ext. 13
briantracy@briantracy.com

Ako ay isang makaranasang kasangguni ng negosyo. Nagtatrabaho sa higit sa 500 kompanya sa higit sa 20 taon upang itaas ang pagiging produktibo, pagganap at mga resulta. Magagamit ko ang maraming karanasan sa pamamahala upang balansehin ang badyet, bawasan ang mga buwis at regulasyon, paunlaring muli ang ekonomiya at lumikha ng isang positibong klima para sa mga pamilya at negosyo upang magsimula at lumaki nang matagumpay.

Peter V. Ueberroth
Partidong Republikano
1071 Camelback Street
Newport Beach, CA 92660
949-720-9646
www.peterforgovernor.com

Bilang Presidente ng Olimpiyada ng Los Angeles ng 1984, tumanggap ako ng Gantimpalang Tao ng Taon ng Time Magazine. Ang mga Naunang Olimpiyada ay mga kapahakaman sa pananalapi. Ang Olimpiyada ng 1976 sa diwa ay nagbangkarote sa Montreal. Sa Olimpiyada ng California, walang ginamit kahit isang sentimo ng mga pondo ng nagbabayad ng buwis. Ang mga palakasan ng kabataan ay patuloy pang pinopondohan mula sa mga sobra sa higit na $200,000,000 ng Olimpiyada. Ang karingalan ng Olimpiyada ay naibalik. Ang Demokratikong Alkalde Tom Bradley at ang Republikanong Presidente ay kasama kong nagtrabaho—nang walang pag-aaway na partidista. Libu-libong taga-California ang nagbigay ng tagumpay sa Olimpiyada. Sila ay karapat-dapat sa kredito. Naglingkod din ako bilang Komisyonado ng Beysbol. Nang magsimula ako, 22 koponan ang nalulugi. Ang palakasan ay nanganganib. Pagkaraan ng limang taon, walang koponang nalulugi. Ang mga presyo ng tiket ay hindi tumaas. Ang ating Estado ay humaharap sa katulad na kalagayan. Ang pamahalaan ay lumikha ng isang mabagsik na makinang pumapatay ng trabaho at negosyo. Ang California ay nasa isang pag-ikid na kamatayang pangkabuhayan. Kailangan nating ibangon ang estado. Ang magandang balita: maibabangon natin ang California. Ang digmaang partidista ay dapat matapos. Kaya, ang akin ay isang dalawang-partido, independiyenteng pangasiwaan. Lubos akong nangangakong hindi maghahangad na muling mahalal. Ito ay nangangahulugang hindi ako gugugol ng oras sa pangangampanya, paglikom ng pera, o pagbugaw sa mga espesyal na interes. Ito ay nangangahulugang makakagawa ako ng mabibigat na desisyon. Naging mabuti sa akin ang California. Nag-aral sa Hilagang California sa mga pampublikong paaralan, nagsaka ako sa Central Valley, at ngayon ay naninirahan sa Timog California. Nagkaroon ako ng maraming tagumpay sa negosyo, at ilang kabiguan. Ang pareho ay tumulong sa aking maghanda para sa trabahong ito. Hindi ako tatanggap ng suweldo. Kung magkakasamang magtatrabaho, sa kagustuhan ng Diyos, ibabalik natin ang karingalan ng California. Magalang ko pong hinihingi ang inyong boto. Salamat po.

Marc Valdez
Partidong Demokratiko
2151 Second Avenue
Sacramento, CA 95818
916-451-9527
mvaldez@sierraresearch.com
http://marcvaldezcalgov.blogspot.com/

Itago ng inyong pera, pero magbigay ng inyong mga ideya sa http://marcvaldezcalgov.blogspot.com/. Mga panghaliling Optimistikong Demokratiko sa luma nang panloob na walang-kabuluhang pahayag (trabaho: Siyentista sa Polusyon ng Hangin). Mas malaking autonomiya, mas kaunting masusing pamamahala, para sa mga guro at doktor—para sa lahat! Reporma sa kompensasyon ng manggagawa. Responsableng paggamit ng pagpapatawad. Proteksiyon ng tirahan. Alisin ang mga elektrik na sasakyan—itaguyod ang mga haybrid. Ilagay ang mga responsibilidad at kita ng estado sa mga lokalidad. Pawalang-bisa ang Panukala 13, na may mga pautang sa tubo sa bahay na inaantala ang pagbabayad upang hindi indahin ang epekto ng buwis. Tugunan ang ating mga pangangailangan sa impraistraktura, sa kabila ng pagbawas ng badyet.

James M. Vandeventer, Jr.
Partidong Republikano

Ako po si Jim Vandeventer, Jr., at tulad ng lahat sa atin, sawa na ako sa kabaliwan mula sa Sacramento hanggang Washington. May higit sa 25 taong karanasan sa pagbebenta at negosyo, alam kong gagawin ko ang California na isang Ginintuang Estado muli. Hindi ako iistambay at hahayaan ang mga maka-kanang konserbatibo na agawin ang ating estado. Maninindigan ako, pangangalagaan ang karapatan ng babae na pumili, ipapatigil ang pagdril na malayo sa baybay-dagat, poprotekthan ang ating kapaligiran, at titiyakin ang mga karapatan ng gay, at itititigil ang pagtagas ng mga negosyo na umaalis ng California. Panahon na upang magpadala ng paunawa sa lahat ng Pulitiko, gawing ang mga Tao na #1, muli. Pinakakain nila kayo at ang inyong pamilya at panahon na para maunawaan ninyo na kailangang ilagay ninyo sa puso ang kanilang mga kapakanan.

Paul W. Vann
Partidong Republikano
949-713-9639
GOVERNOR@PACBELL.NET
WWW.PAULVANNFORGOVERNOR.COM

Bilang inyong Goberandor, gagawin kong unang priyoridad ang kapakanan ninyo at ng inyong mga anak. Wala akong utang na loob sa mga grupo ng espesyal na interes. Ibabalik ko ang "ginto" sa "Ginintuang Estado" sa pamamagitan ng pagpapawalang-bisa sa labag sa batas na buwis sa kotse, pagbalanse ng badyet at pagreporma sa sistema ng kompensasyon ng mga manggagawa.

Bill Vaughn
Partidong Demokratiko
P.O. Box 1064
Lafayette, CA 94549
925-284-4518
www.vaughnengineering.com

Ang mga lindol at espesyal na interes ay nagbabanta sa California araw-araw. Ang isang bago at hindi nasusubukang kodigo sa gusali ay pinagtibay kamakailan para sa estado nang wala ang makasaysayang pagkatawan ng mga inhinyero ng kayarian, habang binabalewala ang kanilang mga inaalala at mga inaalala ng ibang mga tao. Ang kaligtasan ng bawat mamamayan sa ating estado ay higit na manganganib at ang mga gastos sa pagtatayo at pangangasiwa ay tataas nang hindi kinakailangan. Ako ay 20 taon nang residente ng California, 17 taong inhinyero, at 10 taong inhinyero ng kayarian. Nakita ko ang mga kodigo sa gusali ng California ay bumuti ng libu-libong oras ng panahon ng boluntaryo ng mga inhinyero ng kayarian na, bilang isang grupo, ay ginagawa ito sa higit na 50 taon at naging hindi maitatangging mga eksperto sa mga kodigo sa gusali upang labanan ang mga lindol sa mundo. Nakapaglingkod ako sa maraming komite sa kodigo upang pabutihin ang kaligtasan sa pagtatayo, isaayos ang kodigo, at protektahan ang mga taga-California laban sa mga lindol. Nagdisenyo at nagsiyasat ng mga gusali, dating kontratista, at kasalukuyang miyembro ng Kapisanan ng mga Inhinyero ng Kayarian ng California. Labis ako nag-aalala na ang bagong kodigo sa gusali ay hindi pinagtibay na iniisip ang kapakanan ng lahat ng ating mamamayan. Ito ay isa pang halimbawa ng walang-kontrol na sariling interes na namamayani sa agham, kadalubhasaang teknikal, at katwiran. Kailangan tayong kumilos na magkakasama na ginagamit ang kadalubhasaan, karanasan, at katwiran bilang batayan ng paggawa ng desisyon. Ang hangarin kong kumandidato para gobernador ay nagmumula sa mahalagang isyung ito. Gayunman, wala akong maisip na isyung mas mahalaga kaysa kaligtasan ng bawat taga-California sa kanilang lugar ng trabaho at sa ginhawa ng kanilang tahanan.

Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ipinagkaloob ng mga kandidato at hindi siniyasat para sa katumpakan.
Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato.
Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay kuwalipikadong lumitaw sa balota.

Chuck Walker
Partidong Republikano
245M Mt Hermon Road #228
Scotts Valley, CA 95066
www.chuckwalkerforgov.com

Mangyaring tingnan ang website www.chuckwalkerforgov.com

Maurice Walker
Partidong Luntian
1400 Carpentier Street, Unit 428
San Leandro, CA 94577
510-895-5009

Mangarap ng Luntian. *Pawalang-bisa ang Panukala 13*. Dalawang taon akong nangasiwa ng Panukala 13 sa Oakland.

Daniel Watts
Partidong Luntian
www.Wattsforgovernor.com

Suportahan ang mga karapatan ng estudyante. Ibaba ang mga bayad ng estudyante. Iboto si *Watts*.

C.T. Weber
Partidong Kapayapaan at Kalayaan
1403 Los Padres Way
Sacramento, CA 95831
916-422-5395

Mangyaring bumoto laban dito sa hindi demokratikong pagbawi ng katungkulan, kung saan ang isang gobernador ay maaaring mahalal sa pamamagitan ng maliit na bilang ng mga taga-California. Bumoto laban sa rasistang Panukala 54, idinisenyo upang itago ang diskriminasyon at agnasin ang mga karapatang sibil. Patigilin ang mga ekstremista na nag-isponsor ng pagbawing ito mula sa mga humihinang karapatan sa paggawa ng mga manggagawa, inaalis ang pagpili ng mga babae, at winawasak ang mga proteksiyon ng baybay-dagat at kagubatan. Upang bawasan ang malaking kakulangan, dapat nating itigil ang magastos na pagbibigay ng kontrata sa mga pribadong kompanya na magagawa ng mga manggagawa ng estado sa mas kaunting pera, ipalit ang paggamot at edukasyon sa pagbilanggo ng mga di-marahas na nagkasala sa droga, ibalik ang mas mataas na buwis sa mayayaman, at pagtibayin ang split-roll na mga buwis sa ari-arian upang ang mga residente ay magkaroon ng mga mababang buwis at ang malalaking korporasyon ay muling magbayad ng kanilang makatwirang kabahagi. Dapat alisin ng California ang parusang kamatayan. Ang isang-nagbabayad na sistema ay kailangan upang magkaloob ng mahusay na pangangalagang pangkalusugan para sa lahat. Ibabang muli ang itinaas na bayad ng estudyante. Ipagawa sa mga tagadumi ng ating kapaligiran ang paglilinis ng kanilang mga sarili. Kabilang sa aking mga kuwalipikasyon ang Digring Master sa Pampublikong Pangangasiwa, dalawampung taong pagtatrabaho para sa Estado ng California, matagal na aktibismo sa unyon at serbisyo sa inihahalal na katungkulan sa unyon, at ang pagtangkilik ng Partidong Kapayapaan at Kalayaan.

Jim Weir
Partidong Demokratiko
13993 Downwind Court
Grass Valley, CA 95945
530-272-2203
jim@rstengineering.com
www.rstengineering.com/governor

Mangyaring bisitahin ang www.rstengineering.com/governor. Jim

Lingel H. Winters
Partidong Demokratiko
One Maritime Plaza, Suite 1040
San Francisco, CA 94111
415-398-2941
Sawmill2@AOL.Com

Hinahangad ko ang katungkulan ng Gobernador bilang isang mamamayan ang karera, hindi pulitiko ang karera. Ako ay buong-buhay na Demokratiko. Ako ay dalawang taong opisyal ng Hukbong-dagat. Ako ay isang abugado, at kinatawan pareho ang mga tagagamit at negosyo sa higit sa 35 taon. Tumulong ako sa mga tagagamit na mabawi ang malaking kabayaran at naging tagapamahala ng korporasyon at nakatataas na abugado para sa malalaking negosyo sa Bay Area, kabilang ang National Semiconductor. Nagtapos ako sa Boalt Hall School of Law ng U.C. Berkeley at sa Yale University. Ang aking asawa at ako ay may tatlong anak na babae—tayong lahat ay may tunay na nakataya sa hinaharap ng California.

Michael J. Wozniak
Partidong Demokratiko
P.O. Box 2221
Oakland, CA 94621-0121
510-483-8858
www.Vote4Woz.com

Ako ay isang retiradong Opisyal ng Pulisya ng Oakland. Ang aking pangunahing inaalala ay ang pagpapanibagong-tatag ng ating ekonomiya, pagbibigay-diin sa personal na responsibilidad, panibagong pokus sa pananagutan sa pananalapi sa estado at mga lokal na pamahalaan, pagpapabuti ng edukasyon at pagbawas sa krimen.

Jon W. Zellhoefer
Partidong Republikano
831-596-5430
www.zellhoefer.com

Ipinanganak noong 7/3/53 sa San Franscisco, California. Nagtapos—Paaralan ng Inhinyeriya ng UCLA, 1975; Master, Pangangasiwa ng Negosyo—California State University, Fullerton, 1986; Doktorado, Agham ng Batas—Monterey College of Law, 2003. Inihalal na Presidente ng Magtatapos na Klase ng Paaralan ng Inhinyeriya ng UCLA at Presidente ng Kalipunan ng mga Inhinyerong Tagamanupaktura ng County ng Orange. Sertipikado sa mga sumusunod na lugar: 1. Eksperto sa enerhiya ng Kagawaran ng Enerhiya ng Estados Unidos; 2. Pamamahala ng Kalipunan ng mga Inhinyerong Tagapamanupaktura; 3. Edukasyon sa May Sapat na Gulang ng Estado ng California. Ako ay may 28 taong karanasan sa trabaho sa mga sumusunod na larangan: Mga Produkto ng Tagagamit, Elektroniko, Aeroespasyo, at Paglikha/Konserbasyon ng Enerhiya. Para sa masaklaw na paglalarawan bisitahin ang www.zellhoefer.com.

Ang Inyong Boto ay Makakagawa ng Pagkakaiba!

Sundin ang 3 Madaling Hakbang sa Pagboto

Magparehistro

Kung ikaw ay mamamayan ng Estados Unidos, residente ng California, wala sa bilangguan o hindi parolado para sa napatunayang krimen o peloni, at magiging 18 taong gulang bago lumampas ang ika-7 ng Oktubre, 2003, puwede kang magparehistro upang bumoto. Upang bumoto, puwede mong:

- ***Tawagan o bisitahin*** ang opisina sa mga eleksiyon ng inyong county.
- ***Tawagan*** ang Walang-Bayad na Tawagan ng Sekretaryo ng Estado sa 1-800-345-VOTE.
- ***Magparehistro on-line*** sa www.ss.ca.gov/elections/elections_vr.htm.

Ang inyong kinumpletong pormularyo ng rehistrasyon ay dapat matanggap ng opisina sa mga eleksiyon ng inyong county nang hindi kukulangin sa 15 araw bago ang eleksiyon (Ika-22 ng Setyembre, 2003).

Matuto

Maraming paraan upang malaman ang tungkol sa mga kandidato at panukalang-batas.

- ***Ang Huwarang Balota ng inyong County*** ay nagkakaloob ng kinalalagyan ng inyong lugar na botohan, mga oras ng lugar na botohan, kung sino ang mga lokal at pang-estadong kandidato sa batasan, kung paano mag-aaplay para sa balota ng nagpapadala lamang o balotang ipinakokoreo, at kung paano gagamitin ang kagamitan sa pagboto sa inyong county.
- ***Ang Patnubay na Impormasyon sa Botante*** ng Estado ay nagkakaloob ng impormasyon na kailangan ninyo tungkol sa mga pambuong-estadong kandidato at mga panukalang-batas. Ang bersiyong pinakikinggan ay makukuha rin para sa may kapansanan sa paningin sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-345-VOTE. Ang Patnubay na Impormasyon sa Botante ng Estado ay makukuha rin on-line sa www.voterguide.ss.ca.gov.
- ***Cal Access*** ay isang kasangkapang on-line na nagkakaloob ng impormasyon tungkol sa kung sino ang nagbibigay ng kontribusyong pondo sa kampanya upang suportahan o salungatin ang mga pambuong-estadong kandidato at panukalang-batas. Pumunta on-line sa http://cal-access.ss.ca.gov para sa karagdagang impormasyon.
- ***Kausapin ang Pamilya at mga Kaibigan*** dahil ang mga desisyong ginagawa ninyo sa kubol na botohan ay mahalaga at tumutulong na panatilihing malakas ang ating bansa.

Bumoto

Ang Araw ng Eleksiyon ay Martes, ika-7 ng Oktubre, 2003. Ang mga botohan ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

- ***Hanapin ang inyong Lugar na Botohan***—Ang kinalalagyan ng inyong lugar na botohan ay nakalagay sa likod ng inyong huwarang balota ng county. Puwede ninyo ring mahanap ang inyong lugar na botohan sa pamamagitan ng pagtawag sa opisina sa mga eleksiyon ng inyong county o on-line sa http://www.ss.ca.gov/elections/elections_ppl.htm.
- ***Upang Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo***—Ang inyong county ay may huwarang balota na naglalaman ng aplikasyon para sa balota ng nagpapadala lamang o "balotang ipinakokoreo." Upang matanggap ang iyong balota ng nagpapadala lamang o balotang ipinakokoreo nang may sapat na panahon upang bumoto, ang aplikasyong ito ay dapat matanggap ng opisina sa mga eleksiyon ng inyong county bago lumampas ang ika-30 ng Setyembre, 2003. Upang mabilang, ang inyong balotang ipinakokoreo ay dapat matanggap ng opisina sa mga eleksiyon ng county nang hindi lalampas sa ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksiyon, ika-7 ng Oktubre, 2003.

Kabuuran ng Panukalang-Batas sa Balota

Panukala 53 — Mga Pondong Nakalaan sa Pang-Estado at Lokal na Impraistraktura. Pambatasang Susog sa Konstitusyon.

Inilagay sa Balota ng Lehislatura

Kabuuran

Naglalaan sa pangkalahatan ng hanggang 3% ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo taun-taon upang pondohan ang mga pang-estado at lokal (hindi kasama ang paaralan at kolehiyo ng komunidad) na proyektong impraistraktura. Tama sa Pananalapi: Paglalaan ng mga kita ng Pangkalahatang pondo sa pang-estado at lokal na impraistraktura. Maaaring maganap na paglilipat ng mga $850 na milyon sa 2006-07, tataas ng hanggang maraming bilyong dolyar sa mga susunod na taon, sa ilalim ng mga tiniyak na kondisyon.

Ang Kahulugan ng Inyong Boto

Oo

Ang botong **OO** sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado ay aatasang maglaan ng isang bahagi ng mga taunang kita ng Pangkalahatang Pondo para sa tuwirang paglalaan (o paggastang "bayaran-habang-ginagawa") sa mga proyekto ukol sa pang-estado at lokal na impraistraktura. (Sa kasalukuyan, karamihan sa suporta ng Pangkalahatang Pondo sa mga proyekto para sa impraistraktura ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng pagbabayad ng utang sa mga bono.)

Hindi

Ang botong **HINDI** sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado ay puwedeng gumasta, taun-taun ng halagang itinuturing nitong angkop sa mga proyekto ng Pangkalahatang Pondo na "bayaran-habang-ginagawa" para sa impraistraktura.

Mga Pangangatwiran

Pabor

Napabayaan ng Lehislatura ang impraistrakturang kailangan ng ating ekonomiya. Ang Panukala 53 ay magtatayo ng mga silid-aralan ng pampublikong unibersidad, pampublikong ospital, daan at tulay, proyekto ukol sa tubig, pagkontrol ng bahay, at mga pasilidad ng pagpapatupad ng batas na mahalaga sa kaunlaran, kaligtasan at kalidad ng buhay ng California *nang hindi magtataas* ng mga buwis. Kailangang protektahan ng mga botante ng California ang kanilang hinaharap. Oo sa Panukala 53.

Kontra

Itinatali nito sa Konstitusyon ang bilyun-bilyong dolyar na pagtaas ng paggasta sa mga pampublikong gawain nang walang pananagutan —kahit na humaharap tayo sa malaking kakulangan sa badyet. Wala sa perang ito na puwedeng gamitin sa mga proyektong pagtatayo ng paaralan o kolehiyo ng komunidad. Kailangan nating balansehin muna ang badyet bago gumasta ng bilyun-bilyon pa. Bumoto ng HINDI!

Para sa Karagdagang Impormasyon

Pabor

Dan Pellissier
Yes on California's Future, Yes on Prop 53
1717 I Street
Sacramento, CA 95814
916-444-5701
Info@yeson53.org
www.Yeson53.org

Kontra

Lenny Goldberg
California Tax Reform Association
926 J Street, Suite 710
Sacramento, CA 95814
916-446-4300

Panukala 54 — Pag-Uuri Batay sa Lahi, Etnisidad, Kulay, o Bansang Pinagmulan. Inisyatibong Susog sa Konstitusyon.

Inilagay sa Balota ng mga Pirma sa Petisyon

Kabuuran

Nagbabawal sa estado at mga lokal na pamahalaan na uriin ang sinumang tao batay sa lahi, etnisidad, kulay, o bansang pinagmulan. May iba-ibang hindi kasama: Tama sa Pananalapi: Ang panukalang-batas ay hindi magreresulta sa malaking tama sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan.

Ang Kahulugan ng Inyong Boto

Oo

Ang botong **OO** sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan ay hindi makakapagtipon at makakagamit ng ilang impormasyong may kaugnayan sa lahi.

Hindi

Ang botong **HINDI** sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan ay hindi magkakaroon ng karagdagang pagbabawal sa pagtitipon at paggamit ng impormasyong may kaugnayan sa lahi.

Mga Pangangatwiran

Pabor

Nagbabawal sa pangkalahatan sa estado na mag-uri sa mga indibidwal batay sa lahi, etnisidad, kulay o bansang pinagmulan sa mga lugar ng pampublikong edukasyon, pangongontrata at pagpapatrabaho. Ang pag-uuri sa ibang mga pagpapatakbo ng estado ay maaaring iawtorisa sa pamamagitan ng 2/3 na boto ng lehislatura. Mga Di-pagsasama: Kagawaran ng Pantay na Pagpapatrabaho at Pabahay, pagpapatupad ng batas, mga taong pinag-aaralan at pasyente sa pananaliksik na medikal.

Kontra

Ang Panukala 54 ay gumaganap laban sa mga interes ng lahat ng taga-California. Ang pagbabawal ng daan sa impormasyong etniko ay *makakapinsala sa mga programa ukol sa pangangalagang pangkalusugan, babawasan ang pananagutan ng paaralan, at pipinsala sa pagpapatupad ng batas.* Ang Panukala 54 ay SINASALUNGAT ng mga lider sa pagpapatupad ng batas, mga edukador, Kapisanang Medikal ng California at higit sa 40 ibang mga grupong pangkalusugan. Bumoto ng HINDI sa Panukala 54!

Para sa Karagdagang Impormasyon

Pabor

Diane Schachterle
American Civil Rights Coalition
P.O. Box 189113
Sacramento, CA 95818
916-444-2278
ds@acri.org
www.racialprivacy.org

Kontra

Ed Lee
Coalition For An Informed California
1611 Telegraph Avenue, Suite 317
Oakland, CA 94612
510-452-2728
ed@caljustice.org
www.informedcalifornia.org

Panukala
53

Mga pondong nakalaan sa Pang-estado at lokal na impraistraktura. Pambatasang susog sa konstitusyon.

Opisyal na Titulo at Kabuuran

MGA PONDONG NAKALAAN SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA IMPRAISTRAKTURA. PAMBATASANG SUSOG SA KONSTITUSYON.

- Nag-aatas ng mga tiyak na porsiyento ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo upang ilaan sa pagkakamit, pagtatayo, pagpapanibagong-tatag, pagsasamoderno, o pagkukumpuni ng impraistraktura.
- Ang mga paggasta ay dapat pantay na hatiin sa mga proyekto ng estado at mga lokal na proyekto, bukod sa mga proyekto para sa paaralan at kolehiyo ng komunidad, kabilang ang lokal na kalye, transportasyon, tubig, parke, at bukas na espasyo.
- Hindi nabago ang garantiya ng Panukala 98 sa pagpopondo ng paaralan.
- Ang halaga ng unang pag-uukol na nakatakda sa 2006-07 ay 1%; tataas ang mga ito ng 0.3% taun-taon hanggang 3% at saka mananatiling nakapirmi. Ang mga pag-uukol ay maaaring tumaas, bumaba, o suspindihin batay sa pagtaas at pagbaba ng kita.

Kabuuran ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Nag-aatas ng paglalaan ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo ng estado para sa mga pang-estado at lokal na "magbayad-habang-sumusulong" na proyektong impraistraktura. Maaaring maganap na paglilipat ng mga $850 na milyon sa 2006-07, tataas ng hanggang maraming bilyong dolyar sa mga susunod na taon. (Ang mga aktuwal na paglipat ay maaaring mas mababa—o wala—sa ilang taon dahil sa iba-ibang pag-aakma at tagabunsod sa panukalang-batas.)

Mga Huling Boto ng Lehislatura sa ACA 11 (Panukala 53)

Asembleya:	Oo 74	Hindi 3
Senado:	Oo 29	Hindi 1

Pagsusuri Ng Pambatasang Manunuri

Batayan

Ang estado ay may daan-daang bilyong dolyar na ipinuhunan sa impraistraktura. Ang Pigura 1 ay nagpapakita ng mga pangunahing lugar ng impraistrakturang pag-aari ng estado, na kabilang ang mga haywey, unibersidad, parke, gusali ng opisina, at bilangguan. Bilang karagdagan, ang estado ay nagkakaloob ng mga pondo sa mga lokal na impraistraktura sa mga lugar ng mga paaralang K–12, mga kolehiyo ng komunidad, lokal na kalye at daan, lokal na parke, paggamot ng basurang tubig, pagkontrol ng baha, at mga bilangguan.

Pigura 1

Pangunahing Impraistraktura ng Estado

Lugar ng Programa	Pangunahing Impraistraktura ng Estado
Mga Tagapagdulot ng Tubig	• 32 lawa at imbakan ng tubig. • 17 plantang pambomba ng tubig. • 3 plantang pambomba ng tubig-paglikha. • 5 planta ng enerhiyang haydro-elektrika. • 660 milya ng mga kanal at linya ng tubo. • 1,595 milya ng pilapil at 55 istraktura ng pagkontrol ng baha sa Central Valley.
Transportasyon	• 50,000 milyang landas ng mga haywey. • 9 na tulay na may-bayad. • 11 milyon na kuwadradong talampakan ng mga opisina at talyer ng Kagawaran ng Transportasyon. • 209 na opisina ng Kagawaran ng Sasakyang De-motor. • 138 opisina ng Patrol ng Haywey ng California
Mas Mataas na Edukasyon	• 192 primarya at satelayt na mga kampus ng mas mataas na edukasyon, kabilang ang 10,000 gusali na naglalaman ng 138 na milyon na kuwadradong talampakan ng espasyo ng mga pasilidad
Mga Likas na Kayamanan	• 266 parke na naglalaman ng 1.4 na milyon na acre at 3,000 milya ng mga landas. • 238 istasyon ng bumbero sa gubat at 13 base ng atakeng panghimpapawid. • 21 istayon ng inspeksyong pang-agrikultura.
Hustisyang Pangkrimen	• 33 bilangguan at 38 kampong pangkonserbasyon ukol sa pagwawasto. • 11 institusyon para sa kabataang nagkasala. • 12 laboratoryong pangkrimen.
Mga Serbisyong Pangkalusugan	• 4 na ospital para sa kalusugan ng isip na binubuo ng higit sa 4 na milyon na kuwadradong talampakan at 2,300 na acre. • 5 sentrong debelopmental na binubuo ng higit sa 5 milyon na kuwadradong talampakan ng mga paslidad at higit sa 2,000 na acre • 2 pasilidad na laboratoryo para sa pampublikong kalusugan.
Pangkalahatang espasyo ng opisina ng estado	• 8.5 na milyon na kuwadradong talampakan ng sespasyo ng opisina na pag-aari ng estado. • 16.6 na milyon na kuwadradong talampakan ng inarkilang espasyo ng opisina na pag-aari ng estado.

Kailangan ng estado na kumpunihin at palitan ang mga kasalukuyang pasilidad upang patuloy na matupad ng mga ito ang mga hangarin. Bilang karagdagan, habang patuloy na lumalaki ang populasyon ng estado, lumalaki rin ang pangangailangan ng pamumuhunan sa mga bagong kapital na pasilidad. Sa susunod na limang taon, ang California ay may tinantiyang $54 na bilyon na tinukoy na mga pangangailangang impraistraktura.

Pagpopondo sa Impraistraktura ng Estado. Sa nakaraan, ang estado ay nagpondo ng mga proyektong impraistraktura sa mga sumusunod na paraan:

- ***Mga Nakalaang Kita.*** May mga programa na may mga nakalaang kita na dapat gamitin para sa mga ispesipikong layunin. Ang impraistrakturang may kaugnayan sa transportasyon (mga haywey at pangmaramihang transportasyon) ay kasalukuyang tanging pangunahing programa sa impraistraktura ng estado na pinopondohan ng mga pinagkukunan ng nakalaang kita (tulad ng mga buwis sa gasolina at pederal na pondo). Sa nakalipas na limang taon, ang estado ay gumasta ng humigit-kumulang na $2.3 na bilyon taun-taon sa mga proyektong may kaugnayan sa transportasyon.
- ***Pagtustos ng Bono.*** Bukod sa transportasyon, karamihan sa ibang mga programa ng estado ay umasa sa pangmatagalang pagtustos ng impraistraktura sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga pangkalahatang obligasyong bono at mga bonong arkila-kita. (Ang serbisyo sa utang sa parehong uri ng bono ay pangkaraniwang binabayaran mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado.) Sa mga nakalipas na taon, ang estado ay nag-isyu ng malalaking halaga ng mga bono para sa mga paaralang K–12, mas mataas na edukasyon, at proteksiyon ng mga likas na kayamanan. Ang mga kapital na programang pinopondohan sa pamamagitan ng mga pangkalahatang obligasyong bono ay dapat maghintay sa pag-awtworisa ng bono na ilalagay sa balota at aaprobahan ng mga botante. Ang mga kapital na programang ito na gumagamit ng mga bonong arkila-kita ay nangangailangan ng pag-aproba ng mga bono sa pagbabatas. Ang estado ay gumasta ng humigit-kumulang na $4.2 na bilyon taun-taon sa mga nalikom sa bono sa nakalipas na limang taon.
- ***Mga Tuwirang Paglalaan ng Pangkalahatang Pondo.*** May mga programa sa impraistraktura na gumagamit ng mga tuwirang paglalaan, tinatawag ding pagtustos na "bayaran-habang-ginagawa" mula sa Pangkalahatang Pondo. Gayunman, ang mga paglalaang ito ay puwedeng magbago nang malaki sa bawat taon. Halimbawa, sa mga unang bahagi ng mga taon ng 1990 walang mga paglalaan ng Pangkalatang Pondo sa impraistraktura dahil sa mga kahirapan sa badyet ng estado. Sa nakalipas na limang taon, ang estado ay gumasta ng humigit-kumulang na $275 na milyon taun-taon na ginagamit ang mga paglalaan ng Pangkalatang Pondo.

Para sa teksto ng Panukala 53 tingnan ang pahina 44.

Pagsusuri Ng Pambatasang Manunuri

Mungkahi

Ang panukalang-batas na ito ay magtataas sa halaga ng kita ng Pangkalahatang Pondo na inihanda upang bayaran-habang-nagpapatuloy na mga proyektong kapital na paglalaaan para sa estado at mga lokal na pamahalaan. Ang pigura 2 ay nagsasabuod ng mga basikong probisyon ng panukala.

Pigura 2

Mga Basikong Probisyon ng Panukala 53

Layunin

- Itinatatag ang Pondo sa Pamumuhunan ng Ika-dalawampu't-isang Siglong Impraistraktura ng California (Pondo para sa Impraistraktura).
- Ipinapangako ang isang persentahe ng Pangkalahatang Pondo sa "bayaran-habang-ginagawa" na mga proyekto ukol sa impraistraktura.

Mga Nakatakdang Paglipat sa Pondo para sa Impraistraktura

- Naglilipat ng 1 porsiyento ng kita ng Pangkalahatang Pondo sa Impraistraktura simula sa taon ng pananalapi 2006-07.
- Unti-unting itinataas ang halagang ipinangako ng Pangkalahatang Pondo sa Pondo para sa Impraistraktura.
- Nag-aantala ng mga nakatakdang pagtaas kapag humina ang paglaki ng kita ng Pangkalahatang Pondo.
- Pinabibilis ang mga nakatakdang pagtaas ng isang taon kapag nagkaroon ng malaking pagtaas ng kita ng Pangkalahatang Pondo.
- Hinahanggahan ang mga taunang paglipat ng Pangkalahatang Pondo sa Impraistraktura sa 3 porsiyento ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo.

Mga Tagabunsod ng Kita ng Pangkalahatang Pondo

- May mga mekanismong tagabunsod na nagbabawas ng mga paglipat sa Pondo para sa Impraistraktura sa mga panahon na ang mga tantiya ng paglaki ng kita ng Pangkalahatang Pondo ay bumababa.
- Ang ibang mga mekanismong tagabunsod ay nag-aalis ng mga paglipat sa Pondo para sa Impraistraktura kapag bumaba ang mga kita ng Pangkalatahang Pondo.

Mga Espesyal na Pag-aakma

- Pagpopondo ng Paaralan—Nagbabawas ng halaga ng paglipat kapag ang paglaki ng persentahe sa garantiya ng Panukala 98 ay lumalampas sa laki ng persentahe ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo.
- Serbisyo ng Utang sa Bono– Hinahanggahan ang paglipat ng Pondo para sa Impraistraktura sa diperensiya sa pagitan ng 7.5 porsiyento at ang persentahe ng kita ng Pangkalahatang Pondo na nakalaan sa pagbabayad ng utang sa naunang taon para sa mga bonong may kaugnayan sa impraistraktura.

Mga Nakatakdang Paglipat. Simula sa taon ng pananalapi 2006-07, ang panukalang-batas na ito ay maglilipat ng 1 porsiyento ng kita ng Pangkalahatang Pondo sa bagong-tatag na Pondo sa Pamumuhunan ng Ika-dalawampu't-isang Siglong Impraistraktura ng California (Pondo para sa Impraistraktura). Ang halaga ng paglipat ay magtataas ng 0.3 porsiyento taun-taon sa ilalim ng mga tinukoy na kondisyon hanggang maabot ang pinakamaaas na 3 porsiyento ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo sa 2013-14 (tingnan ang Pigura 3). Ang unang paglipat sa 2006-07 at anumang mga karagdagang pagtaas sa mga susunod na taon ay magaganap lamang kung ang mga kita ng Pangkalahatang Podo ay tumaas ng hindi kukulangin sa 4 na porsiyento (pagkaraang iakma sa implasyon) kapag inihambing sa naunang taon. (Kaya, kung ang antas ng implasyon ay 3 porsiyento, mangangailangan ng pagtaas ng kita na 7 porsiyento upang ibunsod ang mga pagtaas na ito.) Ang mga antas ng paglipas ay mananatili sa mga taon na ang inaasintang paglaki ng kita ay hindi natutugunan. Sa kabilang banda, ang mga nakaiskedyul na paglipat ay pabibilisin ng isang taon kapag ang mga kita ng Pangkalahatang Pondo ay tumaas ng 8 porsiyento o higit (pagkaraang iakma sa implasyon) kapag inihambing sa naunang taon.

Pigura 3

Panukala 53
Mga Nakatakdang Paglipat sa Pondo para sa Impraistraktura [a]

Taon ng Pananalapi	Persentahe ng Pangkalahatang Pondo
2006–07	1.0%
2007–08	1.3
2008–09	1.6
2009–10	1.9
2010–11	2.2
2011–12	2.5
2012–13	2.8
2013–14 at pagkaraan ay	3.0 (pinakamataas na antas)

[a] Ang mga paglipat ay depende sa pagtugon sa mga tinukoy na kondisyon (tingnan ang teksto).

Ang panukalang-batas ay nag-aatas sa Lehislatura na maglaan taun-taon ng mga pera sa Pondo para sa Impraistraktura para sa kapital na paglalaan—50 porsiyento para sa impraistrakturang pag-aari ng estado at 50 porsiyento para sa impraistraktura ng lokal na pamahalaan. Ang panukalang-batas ay nag-aatas sa Lehislatura, sa susunod na pagbabatas, na magtatag ng pagharap at paraang gagamitin sa taunang paglalaan ng Pondo para sa Impraistraktura para sa mga proyektong impraistraktura ng lokal na pamahalaan. Ang mga lokal na pondo ay puwedeng pumunta sa anumang kapital na paglalaan maliban sa mga proyekto ng paaralang K–12 at kolehiyo ng komunidad, na ipinapalagay na patuloy na tatanggap ng pondo sa mga panukalang-batas na bono ng estado.

Mga Tagabunsod ng Kita. Ang Panukala 53 ay naglalaman ng iba-ibang pag-aakma o "tagabunsod" na magbabawas o mag-aalis sa paglipat sa Pondo para sa Impraistraktura kapag ang pagganap ng kita ng Pangkalahatang Pono ay mahina o kulang sa tinantiya.

- ***Mga Pagbabago sa Bawat Taon.*** Kapag ang mga kita ay tinantiyang bumaba mula sa naunang taon, walang magiging paglipat ng Pangkalahatang Pondo sa Pondo para sa Impraistraktura. (Bilang karagdagan, ang paglipat sa susunod na taon ay babawasan ng kalahati.)

Para sa teksto ng Panukala 53 tingnan ang pahina 44.

Pagsusuri Ng Pambatasang Manunuri

- ***Bumaba ang Kita sa Loob ng Taon.*** Kapag ang mga tantiya ng kita ng Pangkalahatang Pondo para sa isang partikular na taon ay bumaba nang malaki mula sa mga taunang tantiya, ang nakatakdang halaga ng taunang paglipat ay babawasan (ng kalahati o isang-kuwarto, gaya ng tinukoy).

Mga Espesyal na Pag-aakma. Ang panukalang-batas ay naglalaman din ng mga sumusunod na espesyal na pag-aakma na maaaring maglimita ng halaga ng nakatakdang paglipat sa Pondo para sa Impraistraktura:

- ***Serbisyo sa Utang.*** Ang panukalang-batas na ito ay naglalaman ng isang espesyal na pag-aakma upang hanggahan ang paglipat ng Pondo para sa Impraistraktura sa diperensiya sa pagitan ng 7.5 porsiyento at sa persentahe ng kita ng Pangkalahatang Pondo na nakalaan sa pagbabayad ng mga utang sa naunang taon sa mga bono ng estado (kilala bilang proporsiyon ng serbisyo sa utang). Halimbawa, kung ang proporsiyon ng serbisyo sa utang ng estado ay 6 na porsiyento, ang paglipat sa Pondo para sa Impraistraktura ay hahanggahan sa 1.5 porsiyento (7.5 porsiyento na binawasan ng 6 na orsiyento)—kahit na ang iskedyul ng paglipat ay nangangailangan ng mas mataas na persentahe.
- ***Panukala 98.*** Ang panukalang-batas ay magbabawas ng halaga ng paglipat kapag ang laki ng persentahe sa garantiya (kilala bilang garantiya ng Panukala 98) sa pagpopondo ng pampublikong paaralan K-14 ay lumalampas sa laki ng persentahe sa mga kita ng Pangkalahatang Pondo. Ang pag-aakmang ito ay magaganap lamang kapag wala sa ibang ibinunsod na pagbawas o pag-aakma na may-bisa sa taong iyon. Ang Panukala 53 ay hindi tuwirang makakaapekto sa halagang kinakailangang gastahin sa ilalim ng Panukala 98.

Mga Epekto sa Pananalapi

Ang Panukala 53 ay maglalaan ng ispesipikong halaga ng mga proyekto ng Pangkalahatang Pondo na bayaran-habang-ginagawa na mga kapital na paglalaan. Dahil ang panukalang-batas ay hindi nagbabago sa kabuuang antas ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo, ang paglalaan ng ilang tagapagdulot para sa impraistrakturang bayaran-habang-ginagawa ay magreresulta sa kaukulang kabawasan sa mga tagapagdulot para sa lahat ng ibang layunin. Ang mga halaga ng mga paglipat sa hinaharap sa Pondo para sa Impraistraktura ay mahirap tantiyahin, dahil nakadepente ang mga ito sa iba-ibang bagay na nauukol sa pananalapi at ekonomiya. Kung, gayunman, ang mga nakatakdang paglipat na ipinapakita sa Pigura 3 ay maganap, tinatantiya namin na ang mga ito ay magsisimula sa halos $850 na milyon sa 2006-07 at magiging maraming bilyong dolyar sa mga susunod sa taon.

Sa iba-ibang pag-aakma at tagabunsod sa panukalang-batas, malamang na ang mga halaga ng aktuwal na paglipat ay magiging mas kaunti ng malaki kaysa mga nakatakdang paglipat sa maraming taon. Halimbawa, kung ang nakalipas ng takbo ng kita ng Pangkalahatang Pondo ay pangkaraniwang totoo para sa hinaharap, maaaring umabot ng halos doble ng oras para sa mga paglipat upang maabot ang nakatakdang 3 porsiyento ng pinakamataas na antas. Bilang karagdagan, may ilang taon na walang paglipat na ginawa sa Pondo para sa Impraistraktura at may ilang taon na bahagi lamang ng mga paglipat ang ginawa.

Gayunman, ang aming pagsusuri ay nagmumungkahi na magkakaroon ng mga paglipat sa karamihan ng mga taon. Gaya ng inilarawan sa unahan, kalahati ng halaga ng paglipat ay ilalaan sa mga proyekto para sa impraistraktura ng estado at ang kalahati ay para sa mga lokal na proyekto.

Para sa teksto ng Panukala 53 tingnan ang pahina 44.

PANUKALA
53

Mga pondong nakalaan sa Pang-estado at lokal na impraistraktura. Pambatasang susog sa konstitusyon.

PANGANGATWIRANG Panig sa Panukala 53

Ang ating ekonomiya, ating seguridad at ating kapakanan sa California ay nasaktang lahat ng pulitika sa badyet at kawalan ng aksiyon ng Lehislatura sa mga mahalagang pangangailangan ukol sa impraistraktura.

Ginagawa ng Panukala 53 ang trabaho na hindi nagawa ng Lehislatura—*nang hindi magtataas ng mga buwis!* Kung binuo ng Lehislatura ang burukrasya ng estado, hindi nila ipinagkaloob ang mga bagay na unang-unang inaasahan natin sa ating mga pang-araw-araw na buhay.

Ang ating mga daan at haywey, minsang ipinagmamalaki ng bansa, ay naging pumapalyang tagaubos sa ekonomiya ng estado. Marami sa ating mga lungsod ang umaasa sa mga sistema ng iniinom na tubig na binuo noong mga taon ng 1920 at 1930. Ang ating mga dalampasigan ay dinudumihan ng pagtulo ng dumi sa alkantarilya mula sa mga nabubulok na pasilidad, ang ilan ay halos isang daan taon na.

Ang mahihinang desisyon ukol sa badyet ay nagdala sa atin sa isang krisis. Kung hahayaan nating patuloy na gumuho ang ating impraistraktura, patuloy tayong mawawalan ng mga trabaho at negosyo. Ang ating mga pinakamahalagang serbisyo ay manganganib, *dahil ang pagkawala ng mga trabaho ay nangangahulugan ng nabawasang suporta sa mga daan, paaralan at kaligtasan ng publiko.*

Ngayon, nakasalalay sa mga botante ang pagprotekta sa mga basikong pangangailangan na iyon. Ang Panukala 53 ay nag-aalay ng sentido kumon na bayaran-habang-ginagawa na pagharap na *mag-aatas* sa Lehislatura at sa gobernador na tugunan ang kanilang mga obligasyong magkaloob ng mahahalagang proyekto tulad ng:

- Mga silid-aral ng unibersidad at kolehiyo ng estado.
- Mga daan, tulay at haywey.
- Mga linya ng tubo ng tubig, plantang pambomba ng tubig at mga sistema ng paghahatid.
- Mga pampublikong ospital at pasilidad na pangkalusugan.
- Mga sentro ng nakatatanda at sentro ng komunidad.
- Mga planta sa paggamot ng dumi ng alkantarilya.
- Mga opisina ng Patrol ng Haywey, mga istasyon ng pulis at bumbero.
- Mga parke ng estado at komunidad.
- Pagkontrol ng baha.

Alinsunod sa independiyenteng manunuri ng badyet ng estado:

"Ang estado ay humaharap sa isang malaking hamon sa pagharap pareho sa mga kakulangan ng lumang pampublikong impraikstraktura at ng pangangailangan ng bagong impraisktraktura upang itaguyod ang lumalaking ekonomiya at populasyon. Upang mabisang matugunan ang hamong ito, kailangan ng estado ng isang malinaw na proseso sa pagpaplano, pagbabadyet at pagtustos ng mga kailangang pagpapabuti ng impraisktraktura.

"Sa kalagayan ngayon ng pananalapi [ng estado], walang tunay na matatag na pinagkukunan ng pondo sa bawat taon para sa karamihan sa mga proyekto para sa impraisktraktura ng estado."

Ang Panukala 53 ay nagkakaloob ng katatagang iyon. Ito ay titiyak na ang inyong KASALUKUYANG dolyar na buwis ay pupunta kung saan higit na kailangan ang mga ito, *habang lubos na pinangangalagaan ang ating mga ipinangako sa mga paaralan* at binabawasan ang mga epekto sa ibang mga mahalagang programa ng estado.

Sinasabi ng Panukala 53 sa Lehislatura na gusto ninyong harapin nila ang inyong mga daan, panustos na tubig, kolehiyo at unibersidad at ang parke. Ito ay mag-aatas sa Lehislatura na dalhin ang hanggang 3 porsiyento ng badyet upang matugunan ang ating mga pinakamahalagang pangangangailangan ukol sa impraisktraktura. Hahayaan nito ang ating *mga lokal na lider,* hindi mga burukrata ng estado, na magpasiya kung paano gagastahin ang pera sa ating mga komunidad para sa mga pagpapabuti na kailangang-kailangan. At ito ay mag-aatas sa Lehislatura na muling pag-ukulan ng pansin ang gumuguhong impraikstraktura na pinahihina *ang ekonomiya ng ating estado at ang kalidad ng ating buhay.*

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Panukala 53, ang panukalang-batas para sa Hinaharap ng California, pumunta sa www.yeson53.org. Alamin kung paano ninyo mapapatigil ang walang-kabuluhang laro ng Lehislatura.

Huwag hayaan ang Ginintuang Estado na Maging Lumang Estado. Sabihin sa Lehislatura na itigil ang pagdepende sa 50-taong-gulang na impraistraktura upang suportahan ang ika-21 siglong California. *Bumoto ng* OO *sa hinaharap ng California. Bumoto ng* OO *sa Panukala 53.*

JON COUPAL, *President*
Kapisanang Howard Jarvis ng mga Nagbabayad ng Buwis
ALLAN ZAREMBERG, *Presidente*
Kamara de Komersiyo ng California
GLEN CRAIG, *Retirado*
Komisyonado ng Patrol ng Haywey ng California

SAGOT sa Pangangatwirang Panig sa Panukala 53

BUMOTO NG HINDI sa PANUKALA 53

Sa panahon na ang estado ay humaharap sa malaking kakulangan sa badyet, ang Panukala 53 ay nagtatali ng bilyun-bilyong dolyarng bagong pagtaas ng paggasta sa mga pampublikong gawain sa konstitusyon ng estado nang walang pananagutan.

Sinasabi ng mga tagasuporta ng Panukala 53 na ito ay hindi magtataas ng mga buwis. Pero, alam nila na sa paraan ng pagkakasulat dito, ang estado ay kailangang magtaas ng paggasta sa mga pampublikong gawain kahit na may kakulangan at walang karagdagang perang makukuha. Kaya, iyon ay mangangahulugan ng mga bagong buwis o malalaking pagbawas sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at ibang mga mahalagang proyekto ukol sa pampublikong gawain.

Totoong kailangan ang mga proyekto ukol sa pampublikong gawain. Kaya bakit ang Panukala 53 ay nagsasabi na walang perang puwedeng gastahin sa pagtatayo o pagsasamoderno ng mga pampublikong paaralan, kolehiyo ng komunidad ibang mga mahalagang proyekto?

BUMOTO NG HINDI sa Panukala 53

Ang Panukala 53 ay walang mga iniaatas ukol sa pananagutan. Hindi malalaman ng mga nagbabayad ng buwis kung paano talaga ginagasta ang perang ito.

Kukunin ng Panukala 53 ang pondo mula sa mga silid-aralan ng ating mga bata at magtutulak ng mga pagbawas sa edukasyon. Samahan ako at magpadala ng mensahe sa Lehislatura—itigil ang pagboto para sa malalaking pagtaas ng paggasta tulad ng Panukala 53, ilabas tayo sa kakulangang ito, at balansehin ang badyet. BUMOTO NG HINDI sa Panukala 53!

JACK O'CONNELL
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado

Ang mga pangangatwiran sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng alinmang opisyal na ahensiya.

PANGANGATWIRANG Laban sa Panukala 53

Hindi ba kayo nagtataka kung bakit ang California ay may napakalaking kakulangan ng badyet ng estado?

Tingnan lamang ang Panukala 53. Ito'y isang magandang halimbawa kung pano nagaganap ng kakulangan sa badyet.

Ang Panukala 53 ay lumilikha ng maraming bilyong dolyar na BLANGKONG TSEKE para sa pampulitikang taba sa panahon na ang California ay nagbabawas ng pondo sa ating mga paaralan, nagpuputol ng mga programa uko sa pangangalagang pangkalusugan, nagtataas ng mga matrikula sa kolehiyo at nagpuputol ng mga programa para sa kaligtasan ng publiko.

Ang Panukala 53 ay lumilikha ng isang bagong maraming bilyong dolyar na programang paggasta mula sa *mga kasalukuyang kita ng estado*—ang kaparehong limitadong kita na nagbabayad ng ating mga mga paaralan, kolehiyo ng komunidad, unibersidad, pangangalagang pangkalusugan, kaligtasan ng publiko at ibang mga mahalagang serbisyo.

Bumoto ng HINDI Sa Panukala 53—Wala ni diyes sa bilyun-bilyong dolyar ng Panukala 53 na pupunta sa ating mga pampublikong paaralan at kolehiyo ng komunidad.

Edukasyon ang dapat na pangunahing priyoridad ng California, pero sa halip na siguruhing ang ating mga paaralan ay nakahanda sa ika-21 Siglo, ang Panukala 53 ay nagbabawal gamitin ang pera upang magtayo o magkumpuni ng ating mga paaralan at kolehiyo ng komunidad.

Bumoto ng Hindi Sa Panukala 53—Ito ay nagbibigay sa mga pulitiko ng isa pang blangkong tseke.

Sinasabi ng Panukala 53 na ang Kagawaran ng Pananalapi ay dapat maghanda ng taunang plano upang gastahin ang pera, pero walang iniaatas na sundin ng Lehislatura ang plano.

Sa halip ang Panukala 53 ay nagbibigay sa Lehislatura ng lubos na kontrol kung paano aktuwal na gagastahin ang pera—NANG WALANG PANGANGASIWA. Ito ay nangangahalugan ng paggastang taba na magpapahirap sa nagbabayad ng buwis. Dapat ayusin ng California ang bahay nito ng pananalapi bago sila gumawa ng isa pang walang-ingat na paggasta.

Bumoto ng Hindi Sa Panukala 53—Ito ay hindi nag-aatas ng pananagutan.

Ang Panukala 53 ay walang mga detalye tungkol sa kung paano gagastahin ng Lehislatura ang pera at walang iniaatas na taunang independiyenteng pagsusuri, walang mga ulat at walang mga garantiya na ang mga dolyar na buwis ay hindi inaaksaya. Ang mga pulitikong gumagasta ng pera ay hindi iniaatas na iulat sa mga nagbabayad ng buwis kung paano ang mga bilyong dolyarr ng Panukala 53 ay aktuwal na ginagasta.

Ang Panukala 53 ay itinatali sa ating Konstitusyon ang mga pagtaas ng paggasta nito.

Bilyun-bilyong dolyar ang kukunin sa mga kasalukuyang kita taun-taon at gagastahin dito sa bagong programang paggasta—habang panahon. Gaano man kasama ang paggasta ng pera, kahit na ang mga nagsisikip na silid-aralan ay nangangailangan ng karagdagang tulong, ang tanging paraan para mabago ang Panukala 53 ay hingin sa mga botante na pagtibayin ang isa pang susog sa konstitusyon. Sa paglikha ng bagong garantiya sa paggasta sa ating Konstitusyon, gagawin ng Panukala 53 na mas mahirap pamahalaan ang sirang proseso ng badyet ng California.

Bakit nasa balota ang Panukala 53?

Kung alam ninyo na ang estado ay may malaking kakulangan at ang badyet ay hindi balanse, boboto ba kayo sa isang panukalang-batas upang itaas ang paggasta ng estado sa hinaharap ng bilyun-bilyong dolyar? Malamang na hindi. Pero iyon ang ginawa ng Lehislatura nang ilagay nito ang Panukala 53 sa balota. Bakit? Dahil kailangang ipasa ng Lehislatura ang Panukala 53 at magbigay ng mga proyektong taba upang makuha ang dalawang-ikatlong botong kailangan upang tapusin ang 77-araw na walang nagagawa sa badyet.

Magpadala ng mensahe. Bumoto ng HINDI sa Panukala 53—sabihin sa Lehislatura na magsimulang umakto nang may pananagutan.

WILLIAM POWERS, *Direktor na Pambatasan*
Kongreso ng mga Nakatatanda ng California
LENNY GOLDBERG, *Tagapagpaganap na Direktor*
Kapisanan sa Reporma sa Buwis ng California

SAGOT sa Pangangatwirang Laban sa Panukala 53

Lubhang masama na ang mga kalaban ng Panukala 53 ay kailangang bumaba sa mga mapanligaw na taktikang nananakot sa halip na talakayin ang kahalagahan ng pamumuhunan sa hinaharap ng California.

Ang mga kalaban ng Panukala 53 ay panig sa mga pagtaas ng buwis. Ang Partidong Republikano ay sumusuporta sa Panukala 53 dahil ito ay HINDI NAGTATAAS NG MGA BUWIS. Pinupuhunan nito ang mga kasalukuyang dolyar na buwis sa impraistrakturang mahalaga sa pagliligtas ng mga trabaho, buhay at pagtitipid ng mga dolyar na buwis.

Ang mga lider ng edukasyon ay sumusuporta sa Panukala 53 dahil ang Seksiyon 6 nito ay nagbabawal sa pagdadala ng kahit diyes mula sa mga lokal na paaralan at ito ay nagkakaloob ng labis na kailangang pondo para sa mas mataas na edukasyon. Ang Panukala 53 ay mag-aatas ng mas kaunting paggasta sa mga burukrata ng estado. *Ang California ay napakarami nang burukrata*. Ang Lehislatura ay nagdagdag ng higit sa 42,000 pampublikong empleyado sa nakalipas na 5 taon—gagastusan taun-taon ng $4 na Bilyon!!

Nang walang mga responsable-sa-pananalaping takda ng Panukala 53, pinabayaan ng Lehislatura ang mga silid-aralan at laboratoryo ng pampublikong unibersidad, pampublikong ospital, daanan at tulay, panustos na tubig at mga planta ng paggamot ng dumi ng alkantarilya, parke, pagkontrol ng baha, pagpapatupad ng batas at mga pasilidad ukol sa pagtugon sa kagipitan na mahalaga sa ating kasaganaan, kaligtasan at kalidad ng buhay.

Sa pamamagitan ng Panukala 53, ang Lehislatura ay dapat maglaan ng hanggang 3 porsiyento ng badyet para sa ating mga pinakamahalagang pangangailangan sa impraistraktura habang pinangangalagaan ang mahahalagang serbisyo. Ito'y bayaran-habang-ginagawa na pagharap na makakapagtipid sa mga nagbabayad ng buwis ng daan-daang milyong dolyar sa interes.

Ang California ay gumuguho. Ang ating mga kalye at haywey ay nagbabara. Ang polusyon ay nagbabanta sa ating panustos na tubig. Ang ating mga pampublikong unibersidad ay nagsisikip at nabubulok. Ibabalik ng Panukala 53 ang California sa tamang direksiyon.

Bumoto ng OO sa hinaharap ng California. Bumoto ng OO sa Panukala 53.

CAPRICE YOUNG, *Nakaraang Presidente*
Lupon ng Edukasyon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles
DR. PETER MEHAS, *Superintendente*
Opisina ng Edukasyon ng County ng Fresno
JON COUPAL, *Presidente*
Kapisanang Howard Jarvis ng mga Nagbabayad ng Buwis

Ang mga pangangatwiran sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng alinmang opisyal na ahensiya.

Panukala

54

Pag-uuri batay sa lahi, etnisidad, kulay, o bansang pinagmulan. Inisyatibong susog sa konstitusyon.

Opisyal na Titulo at Kabuuran

PAG-UURI BATAY SA LAHI, ETNISIDAD, KULAY, O BANSANG PINAGMULAN. INISYATIBONG SUSOG SA KONSTITUSYON.

- Nagsususog sa Konstitusyon upang pagbawalan ang estado at mga lokal na pamahalaan na gamitin ang lahi, etnisidad, kulay, o bansang pinagmulan upang uriin ang mga kasalukuyan o maaaring maging estudyante, kontratista o empleyado sa pampublikong edukasyon, pangongontrata, o pagpapatrabaho. Hindi ipinagbabawal ang pag-uuri batay sa kasarian.
- Ang pagbabawal ay sumasakop din sa mga taong napapailalim sa ibang mga pagpapatakbo ng pamahalaan maliban kung ipinasiya ng Lehislatura na malaki ang epekto sa estado, inawtorisa ng dalawang-ikatlo ng bawat kapulungan, at inaprobahan ng Gobernador.
- "Pag-uuri" ay binibigyang-kahulugan na paghihiwalay, pagbubukod-bukod, o pag-organisa ng mga tao o personal na impormasyon. Kabilang sa mga hindi kasama ang: mga impormasyong medikal, mga paglalarawan ng pagpapatupad ng batas; bilanggo at mga pagtatalagang nakabalatkayo; mga aksiyong nagpapanatili ng pederal na pagpopondo.

Kabuuran ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Ang panukalang-batas ay hindi magreresulta sa malaking tama sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan.

Pagsusuri Ng Pambatasang Manunuri

Batayan

Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay nagtitipon ng impormasyon tungkol sa lahi, kulay, etnisidad, o bansang pinagmulan ng kanilang mga empleyado at ibang mga indibidwal para sa iba-ibang layunin. Sa karamihan ng mga kaso, ang pederal na pamahalaan ay nag-aatas sa impormasyong ito na tiyakin ang pagsunod sa mga pederal na batas na walang diskriminasyon (partikular ay ang mga batas sa pantay na pagkakataon sa trabaho) at bilang kondisyon ng pagtanggap ng iba-ibang pederal na pondo. Halimbawa, ang mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan ay nagtitipon ng impormasyong may kaugnayan sa lahi tungkol sa mga inampong bata at kabilang ang impormasyong ito sa mga ulat na iniaatas ng pederal na pamahalaan. Sa ilang kaso, gayunman, ang estado at mga lokal na ahensiya ay nagtitipon ng ganitong uri ng impormasyon nang hindi iniaatas ng pederal na pamahalaan. Halimbawa, ang pamahalaan ng estado ay nagtitipon ng impormasyong may kaugnayan sa lahi tungkol sa mga estudyanteng nag-aaplay sa mga unibersidad ng estado (nakapagpaenrol man sila o hindi).

Ang Konstitusyon ng California ay kasalukuyang nagpapahintulot ng pagtitipon at paggamit ng impormasyong may kaugnayan sa lahi. Sa pampublikong pagpapatrabaho, pampublikong edukasyon, at pampublikong pangongontrata, ang Konstitusyon, gayunman, ay nagbabawal sa estado at mga lokal na pamahalan na magkaloob ng "nagtatanging pagtrato" batay sa lahi, kulay, etnisidad, o bansang pinagmulan.

Mungkahi

Ang panukalang-batas na ito ay nagbabawal, mula ika-1 ng Enero, 2005, sa estado at mga lokal na pamahalaan ng "pag-uuri" ng impormasyon tungkol sa lahi, etnisidad, kulay, bansang pinagmulan ng isang tao para sa pampublikong edukasyon, pampublikong pangongontrata, pampublikong pagpapatrabaho, at ibang mga pagpapatakbo ng pamahalaan. "Pag-uuri" ay kabilang ang *pagtitipon* ng isang entidad ng pamahalaan ng impormasyong may kaugnayan sa lahi ng indibidwal. Ito ay makakaapekto rin (gaya ng tinalakay sa ibaba) sa *paggamit* ng impormasyong may kaugnayan sa lahi ng mga entidad ng pamahalaan. Sa ating talakayan, ginagamit natin ang praseng "pagtitipon at paggamit" sa halip ng katawagan ng panukalang-batas na "pag-uuri."

Mga Di-pagsasama. Ang pagtitipon at paggamit ng impormasyong may kaugnayan sa lahi ng estado at mga lokal na pamahalaan ay ipagbabawal maliban kung tiyak na hindi kasama. Ang panukalang-batas ay nagpapahintulot ng patuloy na pagtitipon at paggamit ng impormasyong may kaugnayan sa lahi para sa iba-ibang dahilan, kabilang ang:

- Upang sumunod sa pederal na batas.
- Upang manatiling karapat-dapat tumanggap ng pera mula sa pederal na pamahalaan.
- Upang sumunod sa isang utos ng hukuman na pinatutupad mula nang magkabisa ang panukalang-batas.
- Upang pahintulutan ang mga ahensiyang nagpapatupad ng batas na ilarawan ang mga indibidwal.
- Upang ilagay ang mga bilanggo at magtalaga ng mga nakabalatkayong opisyal na nagpapatupad ng batas.
- Upang magtipon at gumamit ng impormasyong may kaugnayan sa mga pinag-aaralan at pasyente ng pananaliksik na medikal.
- Upang pahintulutan ang Kagawaran ng Pantay na Pagpapatrabaho at Pabahay (DFEH) na magtipon ng impormasyong may kaugnayan sa lahi hanggang 2014.

Bilang karagdagan, para sa mga pagpapatakbo ng pamahalaan na walang kaugnayan sa pampublikong edukasyon, pampublikong pangongontrata, at pampublikong pagpapatrabaho, ang panukalang-batas ay nagpapahintulot sa Lehislatura na ipasa (sa pamamagitan ng dalawalang-ikatlong boto ng bawat kapulungan) at upang pirmahan ng Gobernador, ang pagbabatas na nag-aaproba sa pagtitipon at paggamit ng nasabing impormasyon kung may "malaking epekto sa estado."

Pagsusuri Ng Pambatasang Manunuri

Mga Epekto ng Programa

Ang Impormasyong Tinipon para sa Karamihan sa mga Programa ay Magpapatuloy

Karamihan sa impormasyong may kaugnayan sa lahi na tinipon ng mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan ay puwedeng patuloy na tipunin sa ilalim ng mga di-saklaw ng panukalang-batas. Karamihan sa impormasyong ito ay kasalukuyang iniaatas ng pederal na pamahalaan. Halimbawa:

- Ang mga ahensiya ng pamahalaan ay nagtitipon ng impormasyong may kaugnayan sa lahi tungkol sa mga aplikante sa trabaho at mga empleyado upang matugunan ang mga pederal na iniaatas na pantay na pagkakataon sa trabaho.
- Ang mga pampublikong paaralan (kindergarten hanggang grado 12) ay nagtitipon ng impormasyong may kaugnayan sa lahi tungkol sa mga estudyante. Ang pederal na pamahalaan ay nag-aatas sa karamihan sa impormasyong ito upang subaybayan at timbangin (1) ang mga ispesipikong programang pang-edukasyon at (2) mga resulta ng iksamen ng estudyante at mga nakamit.
- Ang Unibersidad of California (UC), Unibersidad ng Estado ng California (CSU), at mga Kolehiyo ng Komunidad ng California ay nagtitipon ng impormasyong may kaugnayan sa lahi tungkol sa mga nakaenrol na estudyahnte at empleyado upang matugunan ang mga pederal na iniaatas sa pagpopondo.
- Ang mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan ay nagtitipon ng impormasyong may kaugnayan sa lahi tungkol sa mga indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyong may kaugnayan sa tulong na pera, paggamot sa alkohol at droga, kalusugan ng isip, at mga selyo ukol sa pagkain. Karamihan sa impormasyong ito ay iniaatas ng pederal na pamahalaan.
- Ang mga ahensiyang nagpapatupad ng batas ay nagtitipon at nagtatala ng impormasyong may kaugnayan sa lahi upang matugunan ang iba-ibang federal na iniaatas.

Ang DFEH ay nagpapatupad ng mga batas sa pantay na pagkakataon ng estado. Marami sa mga aktibidad na kagawaran na may kaugnayan sa lahi ay iniaatas ng pederal na pamahalaan. Kung ang mga aktibidad ng DFEH na may kaugnayan sa lahi ay hindi iniaatas ng pederal na pamahalaan, ang panukalang-batas ay nagpapahintulot sa DFEH ipagpatuloy ang gawaing ito hanggang 2014 (sa panahong ito ang Lehislatura ay makakaboto upang ipagpatuloy ang mga aktibidad na ito).

Ang Impormasyong Tinitipon para sa Ilang Programa ay Ipagbabawal

Ang mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan ay nagtitipon din at gumagamit ng impormasyong may kinalaman sa lahi nang independiyente sa mga pederal na iniaatas. Kung ang mga aktibidad na ito ay hindi sakop ng ibang mga exemption ng panukalang-batas, ang impormasyong ito ay hindi na matitipon. Halimbawa, ang mga ahensiya ay hindi na makakapagtipon ng impormasyong may kaugnayan sa lahi na may kinalaman sa:

- Mga kompanyang nagnenegosyo sa estado.
- Mga estudyante ng pampublikong paaralan na lumalahok sa limitadong bilang ng mga programa at iksamen sa edukasyon ng estado.
- Mga maaaring maging estudyante ng UC at CSU.
- Mga estudyante ng mataas na paaralan na lumalahok sa ilang programang pakikipag-ugnayang pang-edukasyon ng UC.
- Mga estudyante ng kolehiyo na lumalahok sa programang pagpapatawad ng utang ng estado.
- Ang mga estudyanteng kumukuha ng mga iksameng pangkredensiyal ng guro ng estado.

Sa mga lugar kung saan ang ahensiya ay may mga takda sa mga aktibidad, ang estado at mga lokal na pamahalaan ay magbabawas ng impormasyon may kaugnayan sa lahi. Sa ganitong mga kaso, ang panukalang-batas ay magkakaroon ng ilang epekto sa mga desisyon ukol sa pampublikong patakaran sa hinaharap.

Mga Epekto sa Ilang Programa Walang-Katiyakan

Para sa ilang kasalukuyang aktibidad ng pamahalaan, ang epekto ng panukalang-batas ay hindi alam at depende sa pagbibigay-kahulugan sa hinaharap ng wika ng panukalang-batas ng mga hukuman at mga aksiyon sa hinaharap ng Lehislatura. Halimbawa, ang pederal na pamahalaan ay nagtitipon ng impormasyon tungkol sa demograpiko sa mga populasyon ng estado (pangunahin sa pamamagitan ng Senso) Ang impormasyong ito ay pangkaraniwang pangkabuuan—hindi nakatali sa mga ispesipikong indibidwal. Maraming ahensiya ng estado at lokal na ahensiya ay makakagamit na ng impormasyong ito para sa iba-ibang layunin. Hindi malinaw sa ilalim ng panukalang-batas kung ang estado at ang mga lokal na ahensiya ay puwedeng patuloy na gumamit ng mga sangkap na may kaugnayan sa lahi ng impormasyong ito para sa pagtimbang, programa, at pag-uulat.

Sa ilalim ng panukalang-batas, ang estado at mga lokal na ahensiya ay puwedeng patuloy na magtipon ng impormasyong may kaugnayan sa lahi upang matugunan ang mga pederal na iniaatas. Ang panukalang-batas, gayunman, ay hindi malinaw kung ang mga entidad na ito ay makakapagpatuloy na ayusin at suriin ang impormasyon para sa ibang mga layunin.

Sa pagpapatupad ng batas, ang panukalang-batas ay nagpapahintulot sa mga opisyal upang ilarawan ang mga indibidwal batay sa mga pag-uuring may kaugnayan sa lahi (tulad ng sa panahon ng paghahanap ng isang pinaghihinalaan sa krimen). Hindi malinaw kung ang panukalang-batas ay magpapahintulot din sa mga ahensiyang nagpapatupad ng batas na gamitin ang impormasyon sa ibang mga paraan—tulad ng pagsusuri ng mga gawi sa krimen batay sa lahi.

Bilang karagdagan, ang estado at mga lokal na ahensiya ay nagtitipon ng iba-ibang impormasyon tungkol sa pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng paggamit ng mga survey ng publiko na maaaring kabilang ang impormasyong may kaugnayan sa lahi. Lumilitaw na ang aktibidad na ito ay maaaring ipahintulot na magpatuloy sa ilalim ng eksepsiyon ng panukalang-batas ukol sa medikal na pananaliksik. Ang mga aksiyon hukuman at/o batasan sa hinaharap ay puwedeng makaapekto sa pagpapatupad ng panukalang-batas na ito.

Mga Epekto sa Pananalapi

Marami sa impormasyong may kaugnayan sa lahi na kasalukuyang pinagsasama at ginagamit ng estado at mga lokal na pamahalaan ay puwedeng patuloy na tipunin sa ilalim ng panukalang-batas. Sa ilang pangyayari, ang patuloy na pagtitipon ng impormasyon ay depende sa pederal na programa at mga desisyon sa pagpopondo. Tungkol sa impormasyon na hindi na puwedeng tipunin sa ilalim ng panukalang-batas, ang estado at mga lokal na pamahalaan ay puwedeng makaranas ng maliit na minsanang gastos upang gawan ng pagbabago ang mga porma at sistema ng pagtitipon ng impormasyon. Ang mga ahensiyang ito ay puwede ring magkaroon ng maliit na taunang matitipid dahil sa nabawasang pagtitipon at paggamit ng impormasyong may kaugnayan sa lahi. Ang panukalang-batas ay hindi magreresulta sa malaking tama sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan.

Para sa teksto ng Panukala 54 tingnan ang pahina 45.

PANUKALA
54

Pag-uuri batay sa lahi, etnisidad, kulay, o bansang pinagmulan. Inisyatibong susog sa konstitusyon.

PANGANGATWIRANG Panig sa Panukala 54

"Ano ang iyong lahi?"

Aprkano-Amerikano? Meksikano-Amerikano? Asyano-Amerikano? Puti? Katutubong Amerikano? O, ang misteryosong "Iba?"

Kung ikaw ay tulad ng karamihan sa mga taga-California, nagsasawa ka na sa tanong na ito.

Ang mga taga-California ang pinakamagkakaiba sa lahi at etniko sa mga tao sa mundo—at ipinagmamalaki natin ito. Tayo ay kabilang din sa pinakaindependiyente, at ayaw nating uriin, kategorahin, paghatiin at paghatiiin pang lalo batay sa kulay ng ating balat at sa pinagmulan ng aming mga ninuno.

Kapag ikaw ay sinabihan na markahan ang isang porma ng pamahalaan na maraming hanay nitong mga kalokohang kahon ukol sa "lahi," hindi ba gusto mong sabihin, "Wala kayong pakialam, pabayaan ninyo ako"? Ang Panukala 54 ay naghahangad na alisin ang pagkategorya batay sa lahi, ng pamahalaan, sa lahat ng lugar maliban sa medisina, pangangalagang pangkalusugan at pagpapatupad ng batas.

Ang mga tagapagtaguyod ng pagkategorya batay sa lahi ay naninindigan na kayo ay walang karapatan sa pagkapribado na nauukol sa inyong angkang pinagmulan at lahi. Wala silang nakikitang problema kung ang inyong tagaempleyo o mga opisyal ng paaralan ay tinawag kayo LABAN SA INYONG KAGUSTUHAN – madalas na hindi sinasabi sa inyo – o nagpaparatang sa inyo ng "pandarayan ukol sa lahi" kung ang kanilang mga pagpapakahulugan sa "ukol sa lahi" ay iba sa inyo.

Kinakalimutan ba natin ang mga aral ng kasaysayan?

Ang mga sistema ng pag-uuri ay inimbento upang panatilihin ang mga partikular na grupo "sa kanilang lugar" at upang ipagkait sa kanila ang kanilang buong karapatan. Ang mga pakanang ito ay hindi inimbento ng kilusan sa mga Karapatang Sibil! Ang mga ito ay nakakapinsala rito. Katunayan, ang dating Mahistrado ng Korte Suprema Thurgood Marshall ay nagsabi minsan, "Ang pagkilala batay sa lahi ay napakasama, labis na di-makatwiran at nakakasakit na ang isang estadong dapat magtanggol sa mga batas sa pantay na proteksiyon ay hindi ito dapat isama sa anumang bagay na pampubliko."

Sa kasaysayan, ang mga ipinipilit ng pamahalaan na pag-uuri batay sa lahi ay ginamit upang paghatiin ang mga tao. Ang mga ito ay ginamit upang paglabanin ang mga tao. Ang may-ari ng alipin at tagapaghiwalay ng nakaraang Amerika ay alam ito; alam ito ng mga Nazi nang tawagin nila ang mga Hudyo ng Europa na isang hiwalay at mahinang "lahi"; alam ito ng mga hukom ng Ameika nang kailangan nilang ipasiya kung ang mga Asyano o bahaging Asyano ay puti o di-puti para sa naturalisasyon. Ngayon, ang mga tagapagtaguyod ng pagkategorya batay sa lahi ay nagsasabi sa amin na ang mga pagkategorya batay sa lahi na ipinilit ng pamahalaan ay magkakaroon ng kataliwas ng orihinal na hangad nilang gawin! Iniinsulto nila ang ating talino!

Ang walang-lubay, araw-araw na pagkategorya batay sa lahi ng mga tao ng pamahalaan ay isa sa pinakamapaghiwalay na puwersa sa lipunang Amerikano. Ito ay patuloy na nagbibigay-diin sa ating maliliit na pagkakaiba, kasalungat ng ating mas mabuting pandama na nagsasabi sa atin na maghangad ng magkakatulad na interes at magkakatulad na pinahahalagahan.

Panahon na para sa pagbabago!

Ang pamahalaan ay dapat tumigil sa pagkategorya ng mga mamamayan batay sa kulay at angkang pinagmulan, at lumikha ng isang lipunan kung saan ang mga anak at apo ay puwedeng isipin na lamang na sila ay mga *Amerikano* at mga indibidwal.

Ang bulag sa kulay na huwaran—paghusga sa ibang mga tao batay sa nilalaman ng kanilang karakter sa halip ng kulay ng kanilang balat—ay higit sa isang pangarap sa California; ito ay sentral sa pagpapakahulugan ng kung sino tayo bilang mga tao, dahil, sa California, hindi lamang tayo nangangarap; *ginagawa* natin ang pinapangarap ng ibang mga tao na gawin.

Bumoto ng "OO" sa Panukala 54 (www.racialprivacy.org)!

WARD CONNERLY, *Rehente ng Unibersidad ng California*
MARTHA MONTELONGO MYERS, *Kolumnista*
JOE HICKS, *Kasangguni sa mga Relasyon ng Tao*

SAGOT sa Pangangatwirang Panig sa Panukala 54

Gusto nating lahat ng lipunang bulag sa kulay. Pero gusto rin natin ng pangangalagang pangkalusugan na maaasahan natin. Sa paraan ng Pagkakasulat sa Panukala 54, inaalis nito ang impormasyong magagamit ng iyong doktor upang labanan ang pagkalat ng sakit at pigilan ang karamdaman.

Ang impormasyon sa kalusugan na ipinagbabawal ng Panukala 54 ay kasalukuyang ginagamit upang labanan ang kanser, sakit sa puso, diabetes, ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit, at ibang mga sakit na nakakaapekto sa lahat ng taga-California sa bawat bahagi ng Estado.

Ang mga tagasuporta ng Panukala 54 ay nagsasabi na may eksepsiyon para sa "mga pinag-aaralan at pasyente ng pananaliksik na medikal." Pero, may dose-dosenang paraan na tinitipon natin ang mahahalagang impormasyong pangkalusugan na hindi sakop nitong "di-pagsasama." Ang impormasyong ipinagbabawal ng Panukala 54 ay kabilang ang *impormasyon mula sa mga sertipiko ng kamatayan at pagsilang, mga ulat ng ospital at laboratoryo, at sakit na sumusubaybay sa mga kasangkapan tulad ng talaan ukol sa kanser*. Ang pag-aalis ng impormasyon ay gagawing mas mahirap pigilan ang mga paglaganap ng mahahadlangang sakit, maagang kamatayan, at kapansanan.

Iyan ang dahilan kung bakit ang Kapisanang Medikal ng California, American Heart Association, Breast Cancer Action, Kapisanan sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California, Kapisanan ng mga Manggagamot ng Pamilya ng California at 40 ibang nangungunang awtoridad sa kalusugan ay sumasalungat sa Panukala 54.

Ang inisyatibo ay hahantong sa isang lipunang bulag sa kulay, ilalagay nito sa panganib ang bawat taga-California. Ang Panukala 54 ay gagawing labag sa konstitusyon na gamitin ang impormasyon upang magligtas ng mga buhay.

Sino ang pingkakatiwalaan ninyo para sa impormasyon tungkol sa inyong kalusugan? Ang Akademya ng Pediatriko sa Amerika o ang mga bayarang propesyonal na pampulitika na nagbebenta ng inisyatibong ito?

Bumoto ng Hindi sa Panukala 54. Ito ay masama sa ating Estado, masama sa ating kalusugan.

(www.informedcalifornia.org)

JACQUELINE JACOBBERGER, *Presidente*
Liga ng Kababaihang Botante ng California
JOHN C. LEWIN, M.D., *Punong Opisyal na Tagapagpaganap*
Kapisanang Medikal ng California
MOLLY COYE, M.D., *Dating Direktor*
Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan,
Pangasiwaang Wilson

Ang mga pangangatwiran sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng alinmang opisyal na ahensiya.

PANGANGATWIRANG Laban sa Panukala 54

Ang Panukala 54 ay masama sa pangangalagang pangkalusugan, masama sa kaligtasan ng publiko at masama sa edukasyon. Upang maintindihan kung bakit, kailangan ninyong basahing mabuti ang mga salita ng inisyatibo. Ito ay nagsisimua sa pamamagitan ng pagbabawal sa paglikom ng impormasyon "batay sa lahi, etnisidad, kulay o bansang pinagmulan sa pagpapatakbo ng pampublikong edukasyon, pampublikong pangongontrata o pampublikong pagpapatrabaho." At saka *lumalawak* ito upang ipagbawal ang "anumang ibang pagpapatakbo ng estado." Ang pagbabawal sa paglikom ng impormasyon ay malawak. Kabilang dito ang "paghihiwalay, pagbubukod-bukod o pag-oorganisa ng imporasyon batay sa lahi, etnisidad, kulay o bansang pinagmulan." Ang pagsusog sa Konstitusyon ay isang seryosong hakbang na hindi dapat isagawa nang walang-ingat.

Hindi makatwirang ipagbawal ang impormasyon. Ang impormasyon ay ginagamit sa mga napakahalagang layunin.

- Ginagamit natin ang impormasyong ito upang tukuyin ang mga grupong nanganganib na magkaroon na nakakahawang sakit. Kung magkaroon ng biglang paglitaw ng sakit sa isang grupo, kailangang matukoy natin at mapigilan ito bago ito lumaganap sa pangkalahatang populasyon.
- Ang tinatawag na "medikal na di-pagsasama" ay nagpapahintulot lamang sa mga doktor na mag-ingat ng impormasyon tungkol sa lahi o ethiko sa kanilang mga pasyente, pero hindi ito nagpapahintulot sa atin na gamitin ang impormasyon sa populasyon upang piginal ang mga sakit. Ang Akademya ng mga Manggagamot ng Pamilya ng California, Akademya ng mga Pediatriko ng Amerika, Kapisanan sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California at Kapisanan ng mga Pampublikong Ospital ay sumasalungat lahat sa Panukala 54.
- Ang impormasyon ay nagsasabi sa atin na mas maraming puting babae na nasusuri sa kanser sa suso. Ang mga Asyano-Amerikano ay mas malamang na magkaroon ng Hepatitis-B. Ang mga Latino ay mas malamang na mamatay sa mga kumplikasyon ng diabetes. Mas maraming Aprikano-Amerikano na namamatay sa sakit sa puso. Ang impormasyong ito ay nakakapagligtas ng mga buhay. Ang American Heart Association, Breast Cancer Action, Koalisyon ng Latino parra sa Malusog na California at mga 40 pang ibang organisasyong pangkalusugan ay sumasalungat sa inisyatibong ito.
- Ang di-pagsasama para sa pagpapatupad ng batas ay masama ang pagkakasulat. Alinsunod sa Abugado Heneral, ang inisyatibong ito ay makakapinsala sa mga pagsisikap upang pigilan ang "Krimen ng Pagkamuhi." Sa ilalim ng Panukala 54, ang Kagawaran ng Hustisya ng Estado ay hindi na makakapag-atas sa lokal na pulisya na magtipon ng impormasyon tungkol sa mga biktima at pinaghihinalaan. Ang impormasyon ay makakatulong na lutasin ang mga krimen. Ang mga grupong nagpapatupad ng batas, ang Anti-Defamation League, at ang Asian Law Alliance ay sumasalungat sa Panukala 54.
- Ang Batas sa Pananagutan sa Pampublikong Paaralan ay idinisenyo upang masiguro na ang mga bata ay nakakaabot sa mga pamanatayan ng pag-aaral anuman ang lahi o etnisidad. Ang Panukala 54 ay nagbabawas ng pananagutan sa ating mga paaralan sa pamamagitan ng pag-aalis ng pananagutan sa mga tagapangasiwa ng paaralan kapag hindi nila maitaas ang nakakamit ng mga dating mahihina. Ang PTA ng Estado ng California, Kapisanan ng mga Guro ng California, Pederasyon ng mga Guro ng Califonria at Superintendente ng mga Paaralan ng Estado ay sumasalungat lahat sa inisyatibong ito.
- Labag na sa batas sa California na magbigay ng pagtatangi sa mga trabaho, pangongontrata at pagtanggap sa kolehiyo batay sa lahi o etnisidad. Gusto nating lahat na mabuhay sa isang lipuang bulag sa kulay. Pero hindi tayo makakarating doon sa pamamagitan ng pagbabawal sa impormasyon.

Ang Panukala 54 ay minadaling ipasok sa balota. Itong susog sa Konstitusyon ay mahina ang pagkakasulat at nagbabanta sa ating kalusugan, kaligtasan at edukasyon.

Hinihimok namin kayo na bumoto ng HINDI sa Panukala 54.

JACQUELINE JACOBBERGER, *Presidente*
Liga ng Kababaihang Botante ng California
JOHN C. LEWIN, M.D., *Punong Opisyal na Tagapagpaganap*
Kapisanang Medikal ng California
ROBERT M. PEARL, M.D.
Kaiser Permanente

SAGOT sa Pangangatwirang Laban sa Panukala 54

Ang Panukala 54 ay nagsasaad sa payak at walang kondisyon na:

> "Ang mga pinag-aaralan at pasyente ng pananaliksik na medikal ay dapat na hindi kasama [ng inisyatibo]."

Bilang karagdagan, ang independiyenteng Opisina ng Pambatasang Manunuri ng California ay nagpahayag na:

> "...ang estado at mga lokal na ahensiya ay nagtitipon ng iba-ibang impormasyon sa pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng paggamit ng mga pag-aaral ng publiko na maaaring kabilang ang impormasyong may kaugnayan sa lahi. Lumilitaw na ang aktibidad na ito ay puwedeng ipagpatuloy sa ilalim ng eksepsiyon ng panukalang-batas ukol sa medikal na pananaliksik."

Ang pagpapakahulugang ito ay siyang eksaktong hangarin ng mga tagapagtaguyod ng Panukala 54.

Bakit ang mga tagapagtaguyod ng pagkategorya batay sa lahi ay masyadong desperadong pamalagiin ang walang-kabuluhang gawaing ito ng paghahati sa atin sa pamamagitan ng kulay ng balat at apelyido na iba ang sinasabi nila tungkol sa inisyatibo upang takutin ang mga botante? At, kung nanlilinlang sila tungkol sa isang bagay na ganito kasimple, papaniwalaan ba ninyo ang anumang sinasabi nila?

Tang mga tao sa Amerika ay labis na "magkakahalo" kaya ang ating mga buhay ay maaaring ilagay sa panganib ng mga pagtatangkang ipantay ang pangangalagang pangkalusugan at mga medisina sa lahi. Alinsunod sa kilala sa mundong mga genetisista Susanne Haga at J. Craig Venter," ang paggamit ng lumang paglalarawan [batay sa lahi] sa . . pagpapakahulugan ng siyentipikong impormasyon at puwedeng magresulta sa mga konklusyong mapanligaw at walang kabuluhan sa biolohiya. . . ay higit na pagkakaibang genetiko ay nasa loob ng mga grupo kaysa kabilang sa kanila."

Ang mga tagapagtaguyod ng pagkategorya batay sa lahi ay nagsasabi na gusto nila ng lipunang bulag sa kulay, pero gumagawa sila ng lahat ng hadlang na magagawa upang pigilan tayo na makarating doon.

Ang Panukala 54 ay maingat na ginawa ng ilan sa pinakamahusay na utak sa batas upang hingin sa pamahalaan na simulang tingnan tayo bilang mga Amerikano hindi isang bungkos ng may gitling na mga "lahi."

Mangyaring BUMOTO NG OO SA PANUKALA 54!

SAMUEL AANESTAD, *Senador ng Estado*
DR. MARYROSE CONSIGLIO, *Pangalawang Tagapangulo sa Buong Estado*
Panukala 54
ROGER HEDGECOCK, *Host ng Programang Usapan*
KOGO San Diego

Ang mga pangangatwiran sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng alinmang opisyal na ahensiya.

Teksto ng Iminumungkahing Batas

Panukala 53

Ang susog na ito na iminumungkahi ng Susog 11 sa Konstitusyon ng Asembleya ng Regular na Sesyon ng 2001-2002 (Kabanata 185 ng Resolusyon, Mga Batas ng 2002) ay malinaw na nagsususog sa Konstitusyon ng California sa pamamagitan ng pagdaragdag ng artikulo dito; dahil dito, ang mga bagong probisyon na idinaragdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING KARAGDAGAN SA ARTIKULO XVI A

ARTIKULO XVI A
PONDO SA PAMUMUHUNAN PARA SA IMPRAISTRAKTURA

SEKSIYON 1. Ang Pondo sa Pamumuhunan para sa Ika-dalawampu't-isang SiglongImpraistraktura ng California ay itinatag sa Tesorerya ng Estado para sa pagpopondo ng mga paggastang kapital na paglalaan. Ang Kagawaran ng Pananalapi ay dapat maghanda ng taunang plano upang gastahin ang mga pondong ito, maliban kung magtagubilin ang Gobernador sa ibang ahensiya na maghanda ng plano.

SEK. 2. Gaya ng pagkakagamit sa artikulong ito:

(a) "Kagawaran ng Pananalapi" ay nanangahulugan ng Kagawaran ng Pananalapi o isang kapalit na ahensiya.

(b) "Mga kita ng Pangkalahatang Pondo" ay hindi kasama ang mga paglipat mula sa ibang mga pondo patungo sa Pangkalahatang Pondo at mga paglipat mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa ibang mga pondo.

(c) "Pondo para sa impraistraktura" ay nangangahulugan ng Pondo sa Pamumuhunan para sa Ika-dalawampu't-isang Siglong Impraistraktura ng California.

(d) "Ginawa para sa mga layunin ng Batas sa Badyet ng kasalukuyang taon ng pananalapi na ipinasiya ng Kagawaran ng Pananalapi" ay nangangahulugan na ang mga kita ng Pangkalahatang Pondo na nakalagay sa Kabuuran ng Pangwakas na Badyet na inilathala ng Kagawaran ng Pananalapi para sa kasalukuyang taon ng pananalapi.

SEC. 3. (a) Nagsisimula sa taon ng pananalapi 2006–07, at sa bawat taon ng pananalapi pagkaraan, ang Kontroler ay dapat gumawa ng mga sumusunod na paglipat mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa pondo para sa impraistraktura:

(1) Sa taon ng pananalapi 2006–07, isang halagang katumbas ng 1 porsiyento ng kabuuang halaga ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo na tinantiya ng Kagawaran ng Pananalapi para sa mga layunin ng Batas sa Badyet para sa taong iyon ng pananalapi.

(2) Sa taon ng pananalapi 2007–08, isang halagang katumbas ng 1.3 porsiyento ng kabuuang halaga ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo na tinantiya ng Kagawaran ng Pananalapi para sa mga layunin ng Batas sa Badyet para sa taong iyon ng pananalapi.

(3) Sa taon ng pananalapi 2008–09, isang halagang katumbas ng 1.6 porsiyento ng kabuuang halaga ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo na tinantiya ng Kagawaran ng Pananalapi para sa mga layunin ng Batas sa Badyet para sa taong iyon ng pananalapi.

(4) Sa taon ng pananalapi 2009–10, isang halagang katumbas ng 1.9 porsiyento ng kabuuang halaga ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo na tinantiya ng Kagawaran ng Pananalapi para sa mga layunin ng Batas sa Badyet para sa taong iyon ng pananalapi.

(5) Sa taon ng pananalapi 2010–11, isang halagang katumbas ng 2.2 porsiyento ng kabuuang halaga ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo na tinantiya ng Kagawaran ng Pananalapi para sa mga layunin ng Batas sa Badyet para sa taong iyon ng pananalapi.

(6) Sa taon ng pananalapi 2011–12, isang halagang katumbas ng 2.5 porsiyento ng kabuuang halaga ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo na tinantiya ng Kagawaran ng Pananalapi para sa mga layunin ng Batas sa Badyet para sa taong iyon ng pananalapi.

(7) Sa taon ng pananalapi 2012–13, isang halagang katumbas ng 2.8 porsiyento ng kabuuang halaga ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo na tinantiya ng Kagawaran ng Pananalapi para sa mga layunin ng Batas sa Badyet para sa taong iyon ng pananalapi.

(8) Sa taon ng pananalapi 2013–14, at bawat taon ng pananalapi pagkaraan, isang halagang katumbas ng 3 porsiyento ng kabuuang halaga ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo na tinantiya ng Kagawaran ng Pananalapi para sa mga layunin ng Batas sa Badyet para sa angkop na taon ng pananalapi.

(b) Sa kabila ng subdibisyon (a), kung ang kabuuang kita ng Pangkalahatang Pondo para sa taon ng pananalapi ay tinantiya ng Kagawaran ng Pananalapi na hindi tataas ng 4 na porsiyento, pagkaraang iakma sa implasyon, kumpara sa mga kita para sa naunang taon ng pananalapi, ang pagtaas sa persentahe ng halagang ililipat sa taon ng badyet, gaya ng tinukoy sa mga talataan (2) hanggang (8), inklusibo, ng subdibisyon (a) ay dapat ipagpaliban ng isang taon ng pananalapi.

(c) Sa kabila ng subdibisyon (a), kung ang kabuuang kita ng Pangkalahatang Pondo para sa taon ng pananalapi ay tinantiya ng Kagawaran ng Pananalapi na tataas ng hindi kukulangin sa 8 na porsiyento, pagkaraang iakma sa implasyon, kumpara sa mga kita para sa naunang taon ng pananalapi, ang pagtaas sa persentahe ng halagang ililipat sa taon ng badyet, gaya ng tinukoy sa mga talataan (2) hanggang (8), inklusibo, ng subdibisyon (a) ay dapat pabilisin ng isang taon ng pananalapi.

(d) Sa kabila ng talataan (1) ng subdibisyon (a), ang unang taunang paglipat sa pondo para sa impraistraktura ay hindi dapat maganap hanggang ang mga kita ng Pangkalahatang Pondo para sa isang taon ng pananalapi ay tinantiya ng Kagawaran ng Pananalapi na tataas ng hindi kukulangin sa 4 na porsiyento, pagkaraang iakma sa implasyon, kumpara sa mga kita para sa naunang taon ng pananalapi.

(e) Sa kabila ng subdibisyon (a), sa isang taon ng pananalapi kung saan ang parehong kondisyong tinukoy sa mga talataan (A) at (B) ng talataan (1) ay umaaplay, ang paglipat alinsunod sa seksiyong ito ay dapat bawasan ng halagang ipinasiya alinsunod sa talataan (2):

(1) (A) Ang persentahe ng paglaki sa halagang iniaatas para suportahan ang mga distrito ng paaralan at mga distrito ng kolehiyo ng komunidad alinsunod sa Seksiyon 8 ng Artikulo XVI ay mas malaki sa persentahe ng paglaki sa mga kita ng Pangkalahatang Pondo.

(B) Ang paglipat na tinukoy alinsunod sa seksiyong ito ay hindi binabawasan ayon sa subdibisyon (b) o (f) o alinsunod sa subdibisyon (b) o (c) ng Seksiyon 4.

(2) (A) Upang alamin ang halagang iniaatas na iaplay para suportahan ang mga distrito ng paaralan at mga distrito ng kolehiyo ng komunidad alinsunod sa Seksiyn 8 ng Artikulo XVI para a kasalukuyang taon ng pananalapi batay sa tantiyang nakalagay sa mungkahi ng Pagbabago sa Mayo ng Gobernador para sa taong iyon ng pananalapi.

(B) Ipasiya ang halagang katumbas ng halagang iniaatas na iaplay para suportahan ang mga distrito ng paaralan at mga distrito ng kolehiyo ng komunidad alinsunod sa Seksiyon 8 ng Artikulo XVI para sa naunang taon ng pananalapi na imultiplika sa persentahe ng paglaki sa mga kita ng Pangkalahatang Pondo mula sa naunang taon ng pananalapi batay sa tantiyang nakalagay sa mungkahi ng Pagbabago sa Mayo ng Gobernador para sa kasalukuyang taon ng pananalapi.

(C) Ibawas ang halagang ipinasiya alinsunod sa subtalataan (B) mula sa halagang ipinasiya alinsunod sa subtalataan (A) at imultiplika ang diperensiya sa 0.5.

(f) Sa kabila ng subdibisyon (a), ang persentahe ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo na inilipat sa pondo para sa impraistraktura sa anumang taon ng pananalapi ay hindi maaaring lumampas sa diperensiya sa pagitan ng 7.5 porsiyento ng tinantiyang mga kita ng Pangkalahatang Pondo para sa taong iyon ng pananalapi hindi kasama ang persentahe ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo bago ang naunang taon ng pananalapi na ginamit upang bayaran ang mga utang sa naunang taon ng pananalapi sa mga pangkalahatang obligasyong bono ng Estado at mga bonong arkila-kita na inisyu ng Lupon sa mga Pampublikong Gawain ng Estado.

(g) Ang taunang halagang inilipat sa pondo para sa impraistraktura, gaya ng iniaatas alinsunod sa subdibisyon (a), ay bawasan ng halagang katumbas ng kita sa buwis sa pagbebenta sa bawat taon ng pananalapi na inilipat sa Ipinagkakatiwalang Pondo sa Pag-aalis ng Pagsisikip ng Trapiko at Ligtas na Bus na Pampaaralan alinsunod sa Panukala 51 kung ang panukalang-batas na iyon ay inaprobahan ng mga botante noong Nobyembre 2002.

SEK. 4. (a) Ang taunang paglipat mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa pondo para sa impraistraktura, gaya ng itinatadhana ng artikulong ito, ay dapat gawin sa apat na panahon sa taon ng pananalapi na gaya ng mga sumusunod:

(1) Ang unang paglipat ay dapat gawin sa ika-1 ng Agosto, o 30 araw pagkaraang pagtibayin ang badyet, alinman ang mahuli, at dapat na sa halagang 25 porsiyento ng kabuuang paglipat para sa taon ng pananalapi batay sa mga pagpapalagay ng mga kita na ginawa para sa mga layunin ng Batas sa Badyet, na ipinasiya ng Kagawaran ng Pananalapi.

(2) Ang ikalawang paglipat ay dapat gawin sa ika-1 ng Nobyembre, at dapat na sa halagang katulad ng unang paglipat.

(3) Ang ikatlong paglipat ay dapat gawin sa ika-1 ng Pebrero, at ang halaga ay dapat na ang diperensiya sa pagitan ng 75 porsiyento ng kabuuang iniaatas na paglipat para sa kasalukuyang taon ng pananalapi, batay sa iniakmang tantiya ng kasalukuyang taon ng pananalapi alinsunod sa mungkahi ng Badyet ng Gobernador para susunod na taon ng pananalapi, at ang kabuuang halaga ng una at ikalawang paglipat.

(4) Ang ikaapat na paglipat ay dapat gawin sa ika-31 ng Mayo, at ang halaga ay dapat na ang diperensiya sa pagitan ng kabuuang iniaatas na paglipat para sa kasalukuyang taon ng pananalapi, batay sa iniakmang tantiya ng kasalukuyang taon ng pananalapi alinsunod sa mungkahi ng Pagbbago sa Mayo ng Gobernador para susunod na taon ng pananalapi at sa kabuuang halagang naunang inilipat.

(b) (1) Kung ang isinapanahong tantiya ng kita para sa kasalukuyang taon ng pananalapi, gaya ng nakalagay sa mungkahi ng Badyet ng Gobernador para sa susunod na taon ng pananalapi, ay higit sa 5 porsiyentong mas mababa sa mga

Panukala 53 (ipinagpapatuloy)

pagpapalagay ng kita na ginawa para sa mga layunin ng Batas sa Badyet ng kasalukuyang taon ng pananalapi na ipinasiya ng Kagawaran ng Pananalapi, ang paglipat ng ika-1 ng Pebrero ay sinuspinde hanggang sa hindi mauuna sa ika-31 ng Mayo.

(2) Kung ang isinapanahong tantiya ng kita para sa kasalukuyang taon ng pananalapi, gaya ng nakalagay sa mungkahi ng Pagbabago sa Mayo ng Gobernador para sa susunod na taon ng pananalapi, ay higit sa 5 porsiyentong mas mababa sa mga pagpapalagay ng kita na ginawa para sa mga layunin ng Batas sa Badyet ng kasalukuyang taon ng pananalapi na ipinasiya ng Kagawaran ng Pananalapi, ang paglipat ng ika-1 ng Pebrero at ang paglipat ng ika-31 ng Mayo ay dapat suspindihin para sa taong iyon ng pananalapi. Kung ang paglipat ng ika-1 ng Pebrero ay nagawa na dahil sa ang mga tantiya ng kita sa panahong iyon ay hindi nagpakita ng 5 porsiyento o higit na pagbaba, ang halagang iyon ay dapat ibilang sa paglipat para sa kasunod na taon ng pananalapi.

(3) Kung ang tantiya sa kita para sa kasalukuyang taon ng pananalapi, gaya ng nakalagay sa mungkahi ng Pagbabago sa Mayo ng Gobernador para sa susunod na taon ng pananalapi, ay nasa pagitan ng 2 porsiyento at 5 porsiyento na mas mababa sa mga pagpapalagay ng kita na ginawa para sa mga layunin ng Batas sa Badyet sa kasalukuyang taon ng pananalapi, na ipinasiya ng Kagawaran ng Pananalapi, ang kabuuang paglipat para sa taon ng pananalapi ay dapat na 75 porsiyento lamang ng maaari sanang kitain kung hindi bumaba ang mga kita mula sa orihinal na tantiya.

(4) Kung ang tantiya sa kita para sa kasalukuyang taon ng pananalapi, gaya ng nakalagay sa mungkahi ng Pagbabago sa Mayo ng Gobernador para sa susunod na taon ng pananalapi, ay nasa pagitan ng sero at 2 porsiyento na mas mababa sa mga pagpalagay ng kita na ginawa para sa mga layunin ng Batas sa Badyet sa kasalukuyang taon ng pananalapi, na ipinasiya ng Kagawaran ng Pananalapi, ang kabuuang paglipat para sa taon ng pananalapi ay dapat na 100 porsiyento ng iniaaatas sa ilalim ng Seksiyon 3, at ang ikaapat na paglipat sa ika-31 ng Mayo ay dapat kasama ang balanseng kailangan upang matupad ang iniaatas ng paglipat.

(c) Kung mayroong taun-taong pagbaba ng kita batay sa mga kita sa taon ng pananalapi, gaya ng tinantiya para sa mga layunin ng Batas sa Badyet sa simula ng taon ng pananalapi, ang sumusunod na Enero sa Badyet ng Gobernador, o ang sumusunod na Mayo sa Pagbabago sa Mayo ng Gobernador, ay tinatantiya na mas mababa sa mga aktuwal na kita sa naunang taon ng pananalapi o higit sa 4 na porsiyentong mas mababa sa mga aktuwal na kita sa naunang taon ng pananalapi pagkaraang iakma sa implasyon, pareho ng mga sumusunod ay dapat maganap:

(1) Ang paglipat ay dapat suspindihin para sa taong iyon. Kung ang taun-taong pagbaba ng mga kita ay batay sa mga tantiya ng kita sa Enero o Mayo, anumang mga paglipat na nagawa na sa Agosto, Nobyembre, at Pebrero ng taong iyon ng pananalapi ay dapat ibilang sa mga iniaatas na paglipat para sa sumusunod na taon ng pananalapi. Gayunman, kung ang paglipat ay sinuspinde sa anumang taon ng pananalapi, ang paglipat sa sumusunod na taon ng pananalapi ay dapat na kalahati lamang ng halagang iniaatas batay sa mga persentaheng tinukoy sa Seksiyon 3. Ang iniaatas na paglipat ay dapat kabilang ang mga halagang ibinilang mula sa mga paglipat na ginawa bago ang taon ng pananalapi alinsunod sa talataang ito bago ang anumang naganap na pagsuspinde.

(2) Anumang mga walang-hadlang na pondo sa impraistraktura na inilaan lamang sa Estado, at napapailalim sa paglalaan ng gugulin, ay maaaring ipahiram nang walang interes sa Pangkalahatang Pondo, sa taon ng pananalapi na ang paglipat ay sinuspinde o sa susunod na taon ng pananalapi, sa kondisyong ang mga pautang na ito ay hindi magreresulta sa pagkaantala ng anumang naunang pinondohang mga proyekto.

SEK. 5. Ang mga pondong inilipat sa pondo para sa impraistraktura sa bawat taon ng pananalapi ay dapat ilaan ng Lehislatura sa sumusunod na taon ng pananalapi para sa kapital na paglalaan, gaya ng mga sumusunod:

(a) Limampung porsiyento ng pagkakamit, pagtatayo, pagpapanibagong-tatag-pagsasamoderno, o pagkukumpuni ng impraistraktura na pag-aari, o kukunin, ng Estado.

(b) Limampung porsiyento ng pagkakamit, pagtatayo, pagpapanibagong-tatag, pagsasamoderno, o pagkukumpuni ng impraistraktura, kabilang ang, pero limitado sa, mga kalye, daan, haywey, transportasyon, tubig, parke, at bukas na espasyo, na pag-aari, o kukunin ng, mga lokal na pamahalaan, kabilang ang mga lungsod, county, isang lungsod at county, at mga espesyal na distrito, pero hindi mga ditrito ng paaralan o mga distrito ng kolehiyo ng komunidad. Ang Lehislatura ay dapat magkaloob ayon sa batas ng isang paraan para sa taunang paglalaan ng mga pondong ito sa mga lokal na pamahalaan para gamitin nila sa mga proyektong nakakatugon sa mga iniaatas ng seksiyong ito.

SEK. 6. Ang alinman sa mga paglipat, o mga paglalaan mula sa pondo para sa impraistraktura ay hindi dapat makaapekto sa anumang paraan sa mga pagkalkula na ginawa alinsunod sa Seksiyon 8 ng Seksiyon 8.5 ng Artikulo XVI.

SEK. 7. Para sa mga layunin ng artikulong ito, ang mga paglalaan mula sa pondo para sa impraistraktura alinsunod sa artikulong ito ay bumubuo ng mga paglalaan para sa mga kuwalipikadong proyektong kapital na paglalaan para sa mga layunin ng Seksiyon 9 ng Artikulo XIII B.

Panukala 54

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay hayagang nagsususog sa Konstitusyon ng California sa pamamagitan ng pagdaragdag ng seksiyon dito; dahil dito, ang mga bagong probisyon na iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipahiwatig na ang ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING SUSOG SA ARTIKULO I

Pagbabawal sa Pag-uuri Batay sa Lahi ng Estado at Ibang mga Pampublikong Entidad

SEKSIYON 1. Seksiyon 32 ay idinaragdag sa Artikulo I ng Konstitusyon ng California, upang mabasang:

SEK. 32. (a) Hindi dapat mag-uri ang Estado batay sa lahi, etnisidad, kulay, o bansang pinagmulan sa pagpapatakbo ng mga pampublikong edukasyon, pampublikong pangongontrata, o pampublikong pagpapatrabaho.

(b) Hindi dapat mag-uri ang Estado ng sinumang indibidwal batay sa lahi, etnisidad, kulay, o bansang pinagmulan sa pagpapatakbo ng anumang ibang gawain ng estado, maliban kung ang Lehislatura ay nagpasiya na ang nasabing pag-uuri ay malaki ang epekto sa estado at inaprobahan ang nasabing pag-uuri ng dalawang-ikatlo ng mayoriya sa parehong kapulungan ng Lehislatura, at ang nasabing pag-uuri ay inaprobahan ng Gobernador.

(c) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang "pag-uuri" batay sa lahi, etnisidad, kulay, o bansang pinagmulan ay dapat bigyang-kahulugan na paghihiwalay, pagbubukod-bukod, o pag-oorganisa batay sa lahi, etnisidad, o bansang pinagmulan kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagkuha, paglalarawan, o pagtitipon ng mga impormasyon tungkol sa mga porma ng pamahalaan.

(d) Para sa mga layunin ng subdibisyon (a), ang "indibidwal" ay tumutukoy sa mga kasalukuyan o inaasahang estudyante, kontratista, o empleyado. Para sa mga layunin ng subdibisyon (b), ang "indibidwal" ay tumutukoy sa mga taong napapailalim sa mga pagpapatakbo ng estado na tinukoy sa subdibisyon (b).

(e) Ang Kagawaran ng Pantay na Pagpapatrabaho at Pabahay (DFEH) ay hindi dapat isama sa seksiyong ito tungkol sa mga pag-uuring isinasagawa ng DFEH na naroroon noong ika-5 ng Marso, 2002.

(1) Maliban kung pinalawig ng Lehislatura, ang di-pagsasamang ito ay dapat matapos 10 taon pagkaraan ng petsang nagkabisa ang panukalang-batas na ito.

(2) Sa kabila ng di-pagsasama ng DFEH sa seksiyong ito, ang DFEH ay hindi dapat gumamit ng lahi, kulay, etnisidad, o bansang pinagmulan sa paglalarawan sa sinumang indibidwal.

(f) Ang mga pag-uuring ayon sa batas ng mga pinag-aaralan sa pananaliksik na medikal at mga pasyente ay dapat hindi dapat isama sa seksiyong ito.

(g) Wala sa seksiyong ito na dapat pumigil sa mga opisyal na tagapagpatupad ng batas, habang isinasakatuparan ang mga kanilang mga tungkulin sa pagpapatupad ng batas, na ilarawan ang mga tao sa mga paraang ayon sa batas. Alinman sa Gobernador, Lehislatura, o anumang pambuong-estadong ahensiya ay hindi dapat mag-atas sa mga opisyal na tagapagpatupad ng batas na magpanatili ng mga rekord na sumusubaybay sa mga indibidwal batay sa mga nasabing pag-uuri, at hindi rin dapat gawin ng Goberandor, Lehislatura, o anumang pambuong-estadong ahensiya na magkait ng pondo sa mga ahensiyang nagpapatupad ng batas dahil sa kabiguang magpanatili ng mga nasabing rekord.

(h) Ang ayon sa batas na pagtatalaga ng mga bilanggo at nakabalatkayong opisyal na tagapagpatupad ng batas ay hindi dapat isama sa seksiyong ito.

(i) Wala sa seksiyong ito na dapat bigyang-kahulugan na nagbabawal ng aksiyon na dapat gawin upang sumunod sa pederal na batas, o magtatag o magpanatilii ng pagiging karapat-dapat para sa anumang pederal na programa, kung saan ang hindi pagiging karapat-dapat ay magreresulta sa pagkawala ng mga pederal na pondo sa Estado.

(j) Wala sa seksiyong ito na dapat bigyang-kahulugan na nagpapawalang-bisa sa anumang balidong pasiya ng pahintulot o utos ng hukuman na may-bisa sa petsang nagkabisa ang seksiyong ito.

(k) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang "Estado" ay dapat kabilang ang, pero hindi kailangang limitado sa, Estado mismo, anumang lungsod, county, lungsod at county, sistema ng pampublikong unibersidad, kabilang ang Unibersidad ng California, Unibersidad ng Estado ng California, distrito ng kolehiyo ng komunidad, distrito ng paaralan, espesyal na distrito, o anumang ibang subdibisyong pampulitika o instrumentalidad ng pamahalaan ng o nasa loob ng Estado.

(l) Ang seksiyong ito ay dapat magkabisa sa ika-1 ng Enero, 2005.

(m) Ang seksiyong ay dapat na magpatupad sa sarili. Kung may bahagi o mga bahagi ng seksiyong ito na salungat sa pederal na batas o sa Konsitusyon ng Estados Unidos, ang seksiyon ay dapat ipatupad sa abot ng ipinahihintulot ng pederal na batas o ng Konstitusyon ng Estados Unidos. Anumang probisyon na pinawalang-bisa ay dapat na may kakayahang ihiwalay sa ibang mga bahagi ng seksiyong ito.

Kailangang Mahanap Ang Inyong Lugar Na Botohan?

Bisitahin ang aming Website sa www.ss.ca.gov at magklik sa tanda o icon ng lugar ng botohan.

Ang Aming Website Ay Nagkakaloob Din Ng:

- Mismong Oras ng Gabi na mga Resulta ng Eleksiyon
- Listahan ng mga Kandidato
- Impormasyong Pagsisiwalat ng Kontribusyon sa Kampanya
- Impormasyon Tungkol sa Balotang Ipinakokoreo

Ang Kinalalagyan ng Inyong Lugar na Botohan ay nakalista rin sa panlikod na pabalat na inyong Huwarang Balota na ipinakoreo sa inyo ng inyong opisyal sa mga eleksiyon ng county.

Tawagan ang Opisina sa mga Eleksiyon ng County para makakuha ng tulong.

Maglingkod Bilang Trabahador Sa Presinto Sa Araw Ng Eleksiyon!

Tumulong na Pangalagaan ang ating DEMOKRASYA!

- Tulungan ang mga botante sa Araw ng Eleksiyon
- Kumita ng karagdagang pera (ang bayad ay depende sa county)

Alam ba Ninyo na Mayroong isang Programang Estudyanteng Trabahador sa Presinto?
Ang mga karapat-dapat na estudyante ay maaaring hirangin bilang mga trabahador sa presinto sa Araw ng Eleksiyon. Natututuhan ng mga estudyante ang kahalagahan ng paglahok sa proseso ng paghalal. Ang mga estudyante ay nagkakaloob ng lubhang kailangang suporta sa mga lugar ng botohan.

Tawagan ang inyong Opisyal sa mga Eleksiyon ng County para sa kumpletong impormasyon at MAG-APLAY NGAYON!

Batas sa mga Karapatan ng Botante

1. **Ikaw ay may karapatang bumoto kung ikaw ay isang balidong nakarehistrong botante.** Ang balidong nakarehistrong botante ay nangangahulugang isang mamamayan ng Estados Unidos na residente ng estadong ito, na hindi kukulangin sa 18 taong gulang at wala sa bilangguan o hindi parolado sa pagkakasalang peloni, at nakarehistro upang bumoto sa kanyang kasalukuyang address na tirahan.
2. **Ikaw ay may karapatang bumoto ng pansamantalang balota kung ang iyong pangalan ay hindi nakalista sa listahan ng botante.**
3. **Ikaw ay may karapatang bumoto kung ikaw ay naroroon at nakapila sa lugar na botohan bago magsara ang mga botohan.**
4. **Ikaw ay may karapatang bumoto ng sekretong balota na malaya sa mga pananakot.**
5. **Ikaw ay may karapatang tumanggap ng isang bagong balota kung, bago iboto ang iyong balota, sa palagay mo ay nagkamali ka.**
   Kung sa anumang oras bago mo iboto ang iyong balota, nadama mo na nagkamali ka, may karapatan kang palitan ng bagong balota ang nasira o narumihang balota. Ang mga botanteng nagpapadala lamang ay maaari ring humiling at tumanggap ng bagong balota kung ibinalik nila ang kanilang nasirang balota sa opisyal sa mga eleksiyon bago magsara ang mga botohan sa Araw ng Eleksiyon.
6. **Ikaw ay may karapatang tumanggap ng tulong sa pagboto, kung hindi ka makaboto nang walang tulong.**
7. **Ikaw ay may karapatang ibalik ang kinumpletong balota ng nagpapadala lamang sa anumang presinto sa county.**
8. **Ikaw ay may karapatan sa mga materyal sa eleksiyon sa ibang wika, kung may sapat na bilang ng mga residente sa inyong presinto na nagbibigay-katwiran sa paggawa ng mga ito.**
9. **Ikaw ay may karapatang magtanong tungkol sa mga pamamaraan sa eleksiyon at obserbahan ang proseso ng mga eleksiyon.**
   Ikaw ay may karapatang magtanong sa lupon ng presinto at mga opisyal sa eleksiyon tungkol sa mga pamamaraan sa eleksiyon at tumanggap ng sagot o ituro sa angkop na opisyal para sagutin. Gayunman, kung ang walang-lubay na pagtatanong ay nakakagambala sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin, ang lupon ng mga opisyal sa eleksiyon ay maaaring putulin ang pagsagot sa mga tanong.
10. **Ikaw ay may karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa lokal na opisyal sa mga eleksiyon o sa Opisina ng Sekretaryo ng Estado.**

Kung sa palagay mo ay ipinagkait sa iyo ang alinman sa mga karapatang ito, o kung may nalaman kang pandaraya o maling gawain sa eleksiyon, mangyaring tawagan ang mula sa Sekretaryo ng Estado na walang-bayad at kompidensiyal na

TAWAGAN PARA PROTEKSIYON NG BOTANTE
1-800-345-VOTE (8683)

Secretary of State
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

RETURN SERVICE REQUESTED

FIRST CLASS MAIL
U.S. POSTAGE
PAID
SECRETARY OF
STATE

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service ®

Opisyal na Patnubay na Impormasyon sa Botante

www.voterguide.ss.ca.gov

Espesyal na Eleksiyon sa Buong Estado

Ingles: 1-800-345-VOTE (8683)
Espanyol: 1-800-232-VOTA (8682)
Hapon: 1-800-339-2865
Biyetnames: 1-800-339-8163
Tagalog: 1-800-339-2957
Intsik: 1-800-339-2857
Koreano: 1-866-575-1558

Sa isang pagsisikap na mabawasan ang mga gastos sa eleksiyon, ang Lehislatura ay nag-awtorisa sa Estado at mga county na magpakoreo ng isa lamang pamplet sa mga address na may nakatirang higit sa isang botante na magkakatulad ang apelyido. Maaari kayong kumuha ng mga karagdagang kopya sa pamamagitan ng pagliham sa opisyal sa mga eleksiyon ng inyong county o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-345-VOTE.

myVOTE counts

www.MyVoteCounts.ca.gov

T